

Daluyan

Journal ng Wikang Filipino

TOMO XXX, BLG. 2, 2024



Daluyan

Journal ng Wikang Filipino

ISSN 01117-1275 | ISSN 2244-6001 (online)
Tomo XXX, Blg. 2, 2024

Ang mga artikulo ng Daluyan ay pawang opinyon ng mga may-akda at hindi nangangahulugang opisyal na pahayag ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman.

Dr. Will P. Ortiz
wportiz@up.edu.ph
Punong Editor, Daluyan
Tagapamahaalang Opisyal, Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman

Wennielyn F. Fajilan
wffajilan@ust.edu.ph

Amado Anthony G. Mendoza
agmendoza2@up.edu.ph
Mga Editor ng Isyu

Larry Boy B. Sabangan
lbsabangan@up.edu.ph
Tagapamahaalang Editor

John Lerry C. Dungca
jcdungca1@up.edu.ph
Editor Pangwika

Edrick S. Carrasco
edrickcarrasco@gmail.com
Tagadisenyo ng Aklat at Pabalat

Inilalathala ng Unibersidad ng Pilipinas sa pamamagitan
ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman dalawang beses sa isang taon.
Maaaring maakses ang elektronikong bersiyon ng Daluyan sa
<https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/issue/archive> at
<https://sentrofilipino.upd.edu.ph/>

Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman
3/F, Linangan ng Maliliit na Industriya (ISSI),
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon

Telepono blg.: +632-8924-4747 at +632-8981-8500 lok. 4583.
Email: daluyan.swf.upd@up.edu.ph

Nilalaman

- 5 Introduksyon
Ang Laylayan sa Pagsasalin

WILL P. ORTIZ

- 7 Talâ ng Editor

AMADO ANTHONY G. MENDOZA III

- 11 Pagsasaling Audio-Visual sa
Pagtatagpong Sosyo-Kultural
ng Pilipinas at Cambodia

NELL B. BUENAVENTURA

- 25 Dalumat ng Varayti ng Filipino ng mga Mag-aaral:
Mekus-mekus sa Isyung Pangwika

MARIA FE GANNABAN - HICANA

41 Mga Teknik sa Pagsasalin (Translation Techniques) ng mga Culture-Specific Item sa Salin ng *Noli Me Tangere* sa Bahasa Indonesia

ELIEZAR IÑIGO

54 Panimulang Pagsasalin sa Mga Pangunahing Transaksiyonal na Pormularyong Pambarangay Gamit ang Proseso at Teorya ni Newmark

VYRON M. ENRIQUEZ

71 PAHAYAG SA ETIKA AT PAGLABAG SA PATAKARAN NG PUBLIKASYON SA JOURNALS NG SENTRO NG WIKANG FILIPINO - UP DILIMAN

73 TUNGKOL SA DALUYAN JOURNAL NG SENTRO NG WIKANG FILIPINO - UP DILIMAN

76 LUPON NG MGA EDITOR

77 INTERNASYONAL NA LUPON NG MGA EDITOR

Ang Laylayan sa Pagsasalin

WILL P. ORTIZ

wportiz@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Sa panahon ng globalisasyon, higit sa anumang panahon, mahalaga ang pagsasalin. Sa pagdagda ng global na kapital, pagsusulputan ng mga BPO, call center, IT outsourcing, at pamamayagpag ng Multinational Companies, higit nating kailangan ang pagsasalin. Nagpapalawak ng akses sa impormasyon ang pagsasalin—mula sa agham, medisina, batas, panitikan, media, at iba pa. Mahahalagang impormasyon ang dala ng angkop na pagsasalin na kailangang malaman ng kalakhang mamamayan dahil sa praktikalidad ng pagsasalin. Nagiging posible ang global na komunikasyon kaya’t sa angkop na pagsasalin, nakikinabang hindi lamang ang mga nasa unibersidad kundi maging mga karaniwang mamamayan. Dapat idiin na hindi lamang nasa itaas ng lipunan ang dapat na makinabang, maging ang kalakhang mamamayang Pilipino.

Sa pagtalakay ng mga may-akda sa isyung ito, ipinakikita ang halaga ng iba’t ibang teorya sa pagsasalin, ang angkop at di-angkop, ang halaga ng kasaysayan sa pagsasalin, at ang halaga ng espesipikong paggamit ng wika. Binibigyang-diin na ang pagsasalin ay hindi neutral o hindi kumikiling—laging may pagkiling sa bawat panulat. Bahagi itong mga pagsasalin ng mga tunggalian at pagbawi ng kapangyarihan.

Nagiging paraan ito upang bawiin ang boses ng mga nasa laylayan, ng bawat katutubong mamamaya—ang pagsasalin. Isinasalin sa sariling wika ang mga akdang banyaga o mga akdang hindi nakasulat sa mga wika ng Pilipinas, at ibinabalik ang kultura sa sentro. Nananatili sa mga pagsasalin ang mga salitang orihinal sa mga wika natin upang hindi matanggal ang kontekstong pinagmumulan ng akda. Halimbawa, mananatili ang tápuy, ang payáw, at dyip dahil sa halaga ng mga ito sa ating kultura. Ginawa ito sa mga akdang isinulat sa isyung ito.

Marami pang maaaring isalin. Dinadagsa na tayo ng salin na produkto ng AI na maaaring maraming kamalian, at kahindik-hindik ang pagsasalin dahil walang pagsasaalang-alang ang robot o makina sa kulturang pinagmumulan ng akdang isinasalin. Naroon pa rin at nananatili ang seksismo sa pagsasalin bagaman nakausad na rin ang usapin ng kasarian ngunit wala pang mga akdang sumasagot ng “Ano ang kinalaman ng kasarian sa pagsasalin?” Maaaring maging paksa ang mga ito sa hinaharap. Laging maghihintay ang Daluyan sa mga bagong pananaliksik at mananaliksik.

AMADO ANTHONY G. MENDOZA III

agmendoza2@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

I sa ang pagsasalin sa mga pinakamapagpasyang proseso at gawain sa kasaysayan ng Timog-Silangang Asya. Hatid nito ang pagdating, paglaganap, at pag-aandukha ng hindi mabilang na idea at konsepto mula sa iba't ibang panig ng daigdig. Sabihin pa, naging ubod na proseso ng mga kilusang panlipunan, instusyong pangkultura, at mga intelektuwal ang pagsasalin. Sa “Liwanag at Dilim” ni Emilio Jacinto at nobelang Banaag at Sikat ni Lope K. Santos, halimbawa, makikita ang malinaw na pagtatangkang isalin ang mga konseptong ipinagpapalagay na nagmula sa labas tulad ng “karapatang pantao,” “anarkismo,” at “sosyalismo” upang pangatuwiran ang Himagsikang 1896 at makapaghain ng mga alternatibo sa bagong dipensasyong kolonyal ikinumadrona ng Estados Unidos. Sa Hindia Belanda, halos isang dekada bago lumitaw ang salitang “Indonesia” sa libro ni Tan Malaka, tinangkang ipakilala ni Semaoen sa mambabasang Indones ang mga categoryang tulad ng “kapitalista” (kaum modal) at “manggagawa” (kaum buruh) sa pamamagitan ng kaniyang nobelang Hikayat Kadiroen (Ang Kuwento ni Kadiroen). Sa Vietnam, dalawang dekada bago ang tagumpay ng kanilang aktuwal na rebolusyon laban sa mga Pranses, napili ng mga kasapi ng mga kilusang anti-kolonyal ang salitang “cuộc cách mạng” (literal: baliktarin ang mandato ng langit) upang ipahayag ang kanilang pagnanais na baliktarin ang mandato ng may-kapangyarihan. Bukod sa nabanaggit, nagresulta rin pagkatig ng mga iba't ibang indibidwal, sektor, at institusyon sa kapangyarihan ng pagsasalin sa pagkakalathala ng mga tekstong salin mula sa hindi iilang disiplina sa iba't ibang wika ng rehiyon. Kanugnog din nito ang pag-usbong ng mga institusyon na naglalayong paunlarin ang lahat ng gawain at inisyatibang may kinalaman sa pagsasalin. Higit sa lahat, naging tulay din ang pagsasalin upang kahit papano'y makapagtundos ang bawat bansa sa rehiyon ng mas mahigpit na ugnayan sa isa't isa.

Itinatampok sa isyung ito ng Daluyan ang mga pag-aaral na nagtuon sa mga nagdaang gawaing pagsasalin sa loob, labas, at pagitan ng Pilipinas at mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Binubuo ang kasalukuyang tomo ng anim na artikulo: “Pagsasalang Awdyo-Biswal sa Pagtatagpong Sosyo-Kultural ng Pilipinas at Cambodia” ni Nell Buenaventura, “Pagbabalik sa Wika: Ang Papel ng Wikang Filipino sa mga Pangunahing Transaksyonal na Pormularyo Pambarangay Gamit ang Labingwalong Proseso ni Newmark” ni Vyrion Enriquez, “Pagsusuri sa Pagsasalin ng mga Terminolohiya sa Sintaks ng mga Aklat Panggramatika sa Filipinong Nailathala sa Ika-21 Siglo” ni Felicismo

Galletes, “Dalumat ng Varayati ng Filipino ng mga Mag-aaral: Mekus-mekus sa Isyung Pangwika” ni Maria Fe Hicana, “Teknik sa Pagsasalin ng mga Culture-Specific Item sa Salin ng Noli me Tangere sa Bahasa Indonesia” ni Eliezar Iñigo, at “Tatlong Leksikal na Dikotomiya sa mga Salin ng Sanaysay ni Renato Constantino” ni Vincent Christopher Santiago.

Makikita sa artikulo ni Buenaventura ang pagdulog sa lapit na awdyo-biswal upang maipaliwanag at masuri ang isinagawang adaptasyon ng isang telenobelang Filipino sa Cambodia. Kaakibat nito ang paggiit na ang pagsasalang awdyo-biswal ang “pinakamabilis” na anyo ng pagsasalin upang mapagtagpo ang

dalawang (o higit pa) kulturang magkaiba. Gamit ang tanyag na telenobelang Pangako Sa ‘Yo at pagsangguni sa mga naunang batis tungkol sa mga teleserye sa Pilipinas, naitampok ng artikulo ang Pilipinas bilang “simulaan” o tungtungan ng pagsasalin ng mga elementong sosyo-kultural para sa mga komunidad o bansang may naiibang halagahang pangkultura. Sa pamamagitan naman matamang pagsusuri sa aktuwal na pagsasalin sa Khmer ng Pangako Sa ‘yo, matagumpay na naipakita ni Buenaventura isinaalang-alang na salik at pinagdaanang mga proseso sa likod ng nabanggit na pagtagtagpong pangkultura sa pagitan ng Pilipinas at Cambodia.

Tampok naman sa proyekto ni Hicana ang pagsusuri sa paggamit ng wika ng mga mag-aaral mula sa Teknolohikal na Unibersidad ng Pilipinas (Taguig Campus). Gamit ang “mekus-mekus” bilang halimbawa, natalakay ni Hicana ang ilang isyung pangwika na kinakaharap ng mga indibidwal na hindi Filipino ang unang wika. Mahalaga ring masalungguhitan ang sabay na personal at kolaboratibong aspekto ng pag-aaral. Bilang guro (si Hicana) ng mga estudyanteng naging bahagi ng pag-aaral, taglay ng artikulo ang isang partikular na intimidad na hindi matatagpuan sa mga pag-aaral na may kaparis o kaugnay na paksa. Sa pamamagitan ng nabanggit na intimidad, matagumpay na naitala ni Hicana ang inobatibong paggamit sa wika ng mga estudyante ng TUP. Bagaman hindi mahigpit na sumasangguni sa mga dulog o lapit ng araling salin, mahalaga ang pag-aaral ni Hicana sapagkat naipakikita nito ang pagtatangka ng isang komunidad na iandukha ang mga terminong ipinagpapalagay na mula sa labas upang maging bahagi ng kanilang pang-araw-araw na wika.

Samantala, tampok naman sa artikulo ni Iñigo ang isang matingkad na halimbawa ng masinsing paghimay sa isang espesipikong kabanata ng ugnayang pampanitikan ng Indonesia at Pilipinas. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa pagsasalin sa mga lahok na taal sa kultura (culture-specific items) mula sa Jangan Sentuh Aku, ang salin ng Noli me Tangere sa wikang Bahasa Indonesia, nailantad ni Iñigo ang mga teknik sa pagsasalin na ginamit

upang muling mabigyan ng panibagong buhay at hubog ang nobela, mga posibleng epekto at implikasyon ng mga ginamit na teknik sa aktuwal na salin, at ang mga maniobra’t rekursu upang makaiwas sa malalim na bangin ng ‘untranslatability’. Lampas sa isyu ng paghahanap ng ganap na tumbasan at iba pang kaugnay na debate’t usapin, napapanahong ambag ang proyekto ni Iñigo sa lumalagong bilang ng mga pananaliksik na nakaumang sa pagpapalitaw ng mga “di-hayag” na ugnayan sa pagitan ng Pilipinas, Indonesia, at iba pang mga bansa sa Timog-Silangang Asya.

Nakatuon naman sa pagsasalin ng mga opisyal na dokumento ang “Panimulang Pagsasalin sa Mga Pangunahing Transaksiyonal na Pormularyong Pambarangay Gamit ang Proseso at Teorya ni Newmark” ni Enriquez. Tulad ng nakasaad sa pamagat ng artikulo, masusumpungan dito ang pagsisikap ni Enriquez na ilapat sa pagsasalin ng pormularyong pambarangay ang iba’t ibang estratehiya at konsiderasyon sa loob at labas ng mga parametrong inilatag ni Newmark. Napapanahon ang proyektong ito ni Enriquez dahil naipamamalas nito ang praktikal na katangian at potensiyal ng kapwa pagsasalin at araling salin. Na hindi lamang nakukupot ang mga ito sa mga teoretikal at espekulatibong paglulubid ng buhangin kundi nag-aambag sa mga larangan at espasyong hinihingi ang mga praktikal at kagyat na katangian nito.

Malay kaming mga patnugot na ang tomong ito ay patak lamang sa dagat ng mga nagdaan at nagpapatuloy na mga pag-aaral, proyekto, at kampanyang nakaumang sa higit na pagpapaunlad ng gawaing pagsasalin sa bansa. Gayunman, naniniwala rin kami na walang “maliit” o “patak lang” sa isang larangang nasa yugto pa ng hindi mapatdang dinamismo at pag-unlad. Kaya naman para sa mga “nakipatak” upang mabuo ang tomong ito—sa mga awtor na nag-ambag ng kanilang mga papel-pananaliksik, mga kasapi ng pangkat pamatnugutan, lupon ng mga editor at tagapayo, at sa Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman--nais naming magpaabot ng pasasalamat na lampas sa abot-tanaw ng mga dagat na nag-uugnay sa mga tao, komunidad, at kultura sa Timog-Silangang Asya.





Pagsasaling Audio-Visual sa Pagtatagpong Sosyo-Kultural ng Pilipinas at Cambodia

Audio-Visual Translation in the Socio-Cultural Encounters between the Philippines and Cambodia

NELL B. BUENAVENTURA

nbbuenaventura@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

ABSTRAK

Maituturing na bahagi ng kulturang popular sa/ng Pilipinas ang panonood ng mga palabas sa telebisyon na galing sa ibang bansa. Sa kabila ng kapansin-pansing pagtangkilik ng maraming Pilipino sa mga banyagang palabas, hindi gaanong nabibigyan ng pansin sa mga iskolarling usapin sa araling salin ng bansa ang pagsasaling audio-visual—ang praktika ng pagsasaling nangyayari sa tinatawag na *Filipino dubbing*. Kung mayroon man, karaniwang napapaloob ito sa mga araling pangmidya kung saan ang Pilipinas ay sabjek bilang tagatanggap ng ibang kultura dahil sa hayag nang realidad nang pagyakap sa mga naisa-Filipinong banyagang serye at pelikula. Nilalayon ng papel na ito na sipatin naman ang Pilipinas bilang simulaan ng mga elementong sosyo-kultural tungo sa ibang bansa, partikular ang Cambodia. Ginamit ang ilang pag-aaral tungkol sa teleserye, lalo na ang *Pangako Sa'yo* bilang “*kauna-unahang teleserye*,” at mga artikulong pampahayagan upang igiit ang sariling paniniwalang ang pagsasaling audio-visual ay ang pinakamabilis na anyo ng pagsasalin sa pagtatagpo (o pagpapatagpo) ng dalawa o higit pang bansa—isang praktikal na penomenong matagal-tagal na ring nangyayari sa magkakapitbahay sa rehiyong Timog-Silang Asya.

Mga Susing salita: *pagsasaling audio-visual, dubbing, teleserye, ugnayang Pilipinas-Cambodia, pagtatagpong sosyo-kultural*

ABSTRACT

Watching television shows originating from other countries is considered an integral part of popular culture in the Philippines. Despite the widespread enthusiasm among many Filipinos for foreign shows, scholarly discussions in the field of translation studies in the country have not given significant attention to audio-visual translation—specifically, the practice of translation that occurs in what is known as Filipino dubbing. When addressed, it is usually within media studies, where the Philippines is viewed as the subject of another culture, given the evident reality of embracing foreign series and movies that have been dubbed into Filipino. This paper aims to position the Philippines as the source of socio-cultural elements towards another country, particularly Cambodia. I have utilized several studies on teleserye (Filipino soap opera), focusing on “Pangako Sa’yo” as the “pioneering teleserye,” alongside newspaper articles, to assert the view that audio-visual translation represents the most expedient form of translation in the encounter (or facilitation of encounters) between two or more countries. This is a practical phenomenon that has been occurring for some time among neighboring countries in the Southeast Asian region.

Keywords: audio-visual translation, dubbing, teleserye, Philippines-Cambodia relations, socio-cultural encounters



PANIMULA

Isang hayag nang katotohanan sa kulturang popular sa/ng Pilipinas ang pagyakap sa mga serye at pelikulang banyaga, mula man sa kanluranin o sa karatig-bansa nito sa Asya. Para higit na maipalapit sa masang Pilipino at sa layuning pangkomersiyo, naging praktika ng malalaking TV network sa bansa, tulad ng GMA at noong hindi pa naipasarang ABS-CBN, ang pagsasa-Filipino ng mga pelikula at seryeng Hollywood na naka-Ingles. Noong nagsisimula pa lamang na maging TV5 ang dating ABC5, karamihan sa palabas ng network ay mga isina-Filipinong bersiyon ng mga pelikulang naka-Ingles. Hindi ito tulad ng dalawang nabanggit na network na may iba’t ibang uri ng programa para sa masa, gaya ng higit sa isang variety show, news at current affairs, usapang showbiz at talk show, mga gag at comedy show, mga pelikulang Pilipino mula sa mga nagdaang taon na sila mismo ang nagprodys (sa pamamagitan ng Star Cinema at GMA Films), at mga orihinal na serye sa TV na likha ng mismong network.

Bukod sa mga serye at pelikula, ang ganitong praktikang pangmidya na tinatawag na pagdada-dub sa Filipino (*Filipino dubbing*) ay nauna nang maisagawa sa iba pang anyo ng kulturang popular tulad ng mga anime mula sa Japan. Halimbawa, unti-unting naibalik pagkatapos ng 1986 People Power Revolution ang pagpapalabas ng mga ito sa telebisyon ng Pilipino matapos ipahinto noong panahon ng Batas Militar ang mga may temang pangrobot. Sa kalagitnaan ng 1990, itinampok ang mga isina-Filipinong “*Ranma ½*,” “*Dragon Ball Z*,”

at “*Sailor Moon*” na orihinal na mga naka-Nihongo (Tracing the History and Success of Anime in the Philippines), kaiba sa dating praktika ng dubbing sa anime na naka-Ingles. Sa parehong dekada rin naisagawa ito sa mga seryeng pandrama nang unang naipalabas ang Mehikanong telenovelang “*Marimar*” na nasa bersiyong Filipino—o Tagalog sa kamalayan ng iba—na sinasabing nagsalba sa noo’y unti-unting naghihingalong RPN9 sa tinatawag ni Sanchez na Panahon ng Kompetisyon (*Period of Competition*) ng mga Pinoy soap opera sa

telebisyon (8). Maglaon, nagbigay-daan din ang pagsasa-Filipino ng “*Marimar*” upang mapaigting ang kompetisyon ng mga network lalo noong isa-Filipino naman ng ABS-CBN ang “*Meteor Garden*” mula sa Taiwan, noong unang bahagi ng dekada 2000. Sinundan ito ng marami pang Filipino dubbing ng mga seryeng iba ang orihinal na wika gaya ng Español (para sa mga telenovelang galing sa Mexico at iba pang bahagi ng Latin America, kaya nakilala ng mga Pilipino ang aktres na si Thalia ng “*Maria Mercedes*,” “*Maria del Barrio*,” “*Rosalinda*,” bukod pa sa unang nabanggit na “*Marimar*”); Taiwanese Mandarin at iba pang kamag-anak nitong wika (kung saan nga minahal ng bayan ang F4 at si Dong Shancai, at tila nakipagsabayan sa maaksiyong pakikibakbakan ni Jackie Chan); at Hindi (sa mga Bollywood na nakapagtampok ng mga aral at pagpapahalaga mula sa, halimbawa, “*3 Idiots*”). Bukod sa mga anime na “*超電磁マシーン ボルテスV*” /*Chōdenji Mashin Borutesu Faibu*/ o “*Voltes V*” at “*幽☆遊☆白書*” /*Yū Yū Hakusho*/ o “*Ghost Fighter*,” may mga soap operang Hapones (naka-Nihongo) din ang naipalabas sa Pilipinas gamit ang wikang Filipino tulad ng “*Hana Yori Dango*” na bersiyong serye nila ng *Meteor Garden* sa TV, na katunaya’y hango rin sa isang Hapones na *manga* sa parehong pamagat.

Sa mga kapuwa bansa naman sa Timog-Silangang Asya, naging *crush ng bayan* ang aktor na si Mario Maurer nang maipalapit sa mga Pilipino ang ilan sa kaniyang pelikulang naka-Thai, lalo na ang “*สิ่งเล็กเล็ก ที่เรียกว่า...รัก*” o mas kilala sa bansa bilang “*A Crazy Little Thing Called Love*.” Sa kasikatan ni Maurer, katunayan, bumida siya sa isang pelikula ng Star Cinema, ang film production ng ABS-CBN, noong 2012. Samantala, hindi maikakailang ang pagsasa-Filipino ng mga palabas mula sa South Korea ang pinakanamamayagpag sa kasalukuyan, lalo noong kalagitnaan ng dekada 2000 hanggang sa bago mauso ang mga online streaming app tulad ng Netflix na pinipili na lamang ng maraming manood gamit ang subtitle na naka-Ingles. Naging higit na matindi ang kompetisyon ng mga network hindi lamang sa mga likhang Pinoy na palabas kundi sa pagpapalabas ng mga seryeng Koreano na

isinalin sa Filipino. Ang pagsasa-Filipino ng mga palabas galing sa kapuwa Asyanong bansa ang nagluwal sa mga salitang *Japanovela*, *Koreanovela*, *Taiwanovela*, *Chinovela* at iba pang pareho-parehong nakapaloob sa tinatawag na *Asianovela*.

Mula rito, masasabing hindi na maikakaila ang matinding pagyakap ng maraming Pilipino sa mga banyagang palabas anoman ang estado natin sa buhay, sapagkat naitatampok ito sa pamamagitan ng higit na nauunawaang wika—ang Filipino. Sa ganitong katotohanan, iginigiit kong naging mahalagang kagamitan ang pagsasalin sa kros-kultural na pagpapayakap na ito. Kros-kultural ito sapagkat malaki ang paniniwalang hindi lamang ang tuwirang palabas ang tumatagos sa mga Pilipinong target na audience sa naganap na pagsasalin, gayundin ang mga sosyo-kultural na elementong bitbit nito. Halimbawa nito ang mga kulturang materyal (pagkain, kasuotan, sining, kagamitan, atbp.) at di-materyal (mga salita at paraan ng pananalita, kilos, gawi, ugali, asal, paniniwala, tradisyon, hilig, atbp.), at ang karanasang panlipunan sa pangkalahatan. Potensiyal na maipalapit ang lahat ng ito sa kalinangan ng tagatanggap; kaakibat nito, hindi maitatangging mahalagang instrumento ang pagsasalin sa kabuoang gawaing ito bilang batayang proseso ng pagtatagpong sosyo-kultural ng dalawa (o higit pang) bansa. Sa ganitong palagay, may mga salita at konseptong banyaga ang nagiging bahagi ng usapang Pilipino—mga manipistasyong pangwika na tumatawid hanggang sa karanasang Pilipino.

Sapagkat hindi maitatatwa ang pamamayani ng pag-aangkop ng mga Pilipino mula sa ibang bansa sa pamamagitan ng Filipino dubbing, nilalayon ng papel na itong bigyan naman ng pansin ang sosyo-kultural na ugnayang nangyayari mula sa (mga) likhang kulturang popular ng Pilipinas tungo sa ibang bansa. Partikular na gagamitin ang kaso ng pag-usbong ng teleserye, lalo ng “*Pangako Sa’yo*,” na ipinalabas nang naka-Khmer sa Cambodia, na isang kapitbahay natin sa Timog-Silangang Asya. Pangunahing ginamit ang ilang tala mula sa mga artikulo ukol sa teleserye, pampahayagang artikulo hinggil sa paglaganap ng nabanggit na teleserye sa

Cambodia, at pagsusuri ng kaso sa unang episodyo ng Cambodian na adaptasyon ng palabas upang palitawin ang pagtatagpong ito. Nililina na ang adaptasyon ay iba sa praktika ng dubbing subalit tinatanaw na isa sa mga inisyal na salik ang isina-Khmer na orihinal na bersiyon ng teleserye sa pagkakaroon ng sariling bersiyon ng bansa. Nais ding bigyang-diing hindi nakapokus ang papel sa pag-unawang estruktural sa isinagawang pagsasalin (pagsasa-Khmer) ng teleserye, bagkus ay nakatuon sa sosyo-kultural na pagpasok ng Pilipinas sa Cambodia sa pamamagitan ng pagtangkilik ng huli sa nabanggit na soap opera, na siya ring itinuturing na kauna-unahang soap opera kung kailan ginamit ang terminong ‘teleserye’ sa Pilipinas bago ito maidagdag sa bokabularyong Ingles. Nagbibigay rin ang papel ng ilang tala tungkol sa audio-visual na pagsasalin, ang teknikal na katawagan sa inilalarawang anyo ng pagsasaling pangmidya—ang dubbing—na sa pagtataya ay hindi pa gaanong napapansin sa mga iskolarling usapin sa araling salin sa bansa sa kabila ng pagkakaroon ng mabilis na kakayahang makapagpatawid ng kultura ng mga bansa sa pamamagitan ng teknolohikong katangian ng globalisasyon.

ILANG TALA UKOL SA PAGSASALING AUDIO-VISUAL TUNGO SA PAGTATAGPONG SOSYO-KULTURAL

May dalawang karaniwang teknik ang isinasagawa sa tinatawag na pagsasaling audio-visual: ang pagdadub (*dubbing*) at ang pagsa-subtitle (*subtitling*). Noon pa man, pareho na itong isinasapraktika sa midya kahit hindi (pa) naisasagawa o hindi kinakailangan ng salin sa ibang wika ang palabas. Sa madaling sabi, karaniwan naman talagang idina-dub ng mga artistang gumaganap ang kanilang mga linya matapos ang pagrerekord (*shooting*) ng mismong eksena para sa empasis ng pagbabatuhan ng linya at emosyon nito. Samantala, subtitle naman ang tawag sa mga tekstong nababasa sa kapuwa pampelikula’t pantelebisiyong screen habang nagsasalita ang mga karakter sa drama o kahit ang mga host at brodkaster sa dokumentaryo,

balita, at iba pa. Nangangahulugang kabilang dito ang mga simbolo ng aktuwal na pahayag (i.e., ang mga titik, salita, pangungusap) gamit ang orihinal na wikang naririnig sa panonood.

Sa isang banda, kalimitang hindi na nangangailangan ng subtitle kung unang wika naman ng manonood ang ginagamit sa palabas, o kaya’y marunong siyang umunawa ng wika. Lalo kung walang opsiyong itago ang subtitle, istorbo para sa ilan ang presensiya nito dahil nahahati ang kanilang konsentrasyon sa pag-aabang ng eksena habang nakikita (o nababasa) ang mga teksto (Supardi at Putri 383). Sa kabilang banda, napakahalaga nito kung ang pinapanood ay ginagamitan ng wikang hindi nauunawaan ng audience; kaya, dagdag pa nina Supardi at Putri, may esensiyal na gamit ang subtitle sa mga indibidwal na nag-aaral ng banyagang wika habang nakikinig sa orihinal na wika ng palabas (383)—mapapansing, katunayan, ang sitwasyong ito ay ang karaniwang nangyayari sa maraming Pilipino kapag nanonood ng mga palabas na hindi naka-dub sa Filipino o hindi Ingles ang Source Language o SL (e.g., Koreano sa mga K-Drama, Nihongo sa mga bagong anime, Español tulad ng “*La Casa de Papel*” o “*Money Heist*” sa Netflix). Gayunman, mahalagang pansinin din ang gawain ng ilang streaming app tulad ng Netflix, na may mga opsiyon ng ilang wika sa dub at subtitle ng mga palabas. Indikasyon ito ng pagkilala sa instrumental na gampanin ng wika sa pag-unawa at pagkuha sa interes at emosyon ng mga manonood. Sa dalawang paraang nabanggit sa pagsasaling audio-visual, higit na nakatuon ang papel sa praktika ng dubbing gamit ang Target Language o TL, sapagkat ito ang sitwasyon sa pagtanggap ng mga Cambodian sa “*Pangako Sa’yo*.” Katunayan, kahit sa ating mga Pilipino, hindi na natin gaanong kinakailangan ang subtitle kung naririnig na natin sa Filipino ang palabas—bagaman posibleng may ibang pamantayan sa paggamit ng Filipino Senyas sa biswal na screen.

Ang tinutukoy na dubbing sa papel na ito ay ang paggamit na ng TL para ilapat sa pagsasalita (o pagsasalaysay) ng isang karakter (o ng voiceover na bahagi ng eksena) kahit pa magkaiba ang buka ng bibig ng orihinal

na palabas sa naririnig na wika. Bagaman isinasalang-alang sa pagsasalin ang lahat ng elementong naririnig (auditory) sa palabas, kabilang ang mga salita at tono ng diyalogo, bakgawnd na musika, sound effects, gayundin ang nakikita (biswal), tulad ng tindig at kilos ng mga karakter, ekspresyon ng mga mukha, mga props at kasuotan, at light effects, iginigiit sa papel na ito na ang pinakahigit na nananaig sa isinaling serye ay ang wikang naririnig gamit ang TL. Sa mananaliksik, bukod sa relatibong karanasang nakapaloob sa aktuwal na kuwento, ang wikang nauunawaan ng masang tagatanggap ng banyagang palabas ang pangunahing salik sa pagyakap nila rito; samantala, nagiging sekundaryang konsiderasyon naman ang iba pang elemento ng palabas gaya ng mga binanggit ukol sa auditory at biswal na aspekto. Ang relatibong karanasang ito ay kinabibilangan ng mga elementong sosyo-kultural na madaling magpaugnay sa dalawang magkaibang bansa.

Nais ding bigyan ng pansin sa papel na ito ang halaga ng voiceover bilang bahagi ng dubbing sa palabas. Maaaring pagpaparinig ito ng iniisip ng isang karakter upang palabasin ang kaniyang punto-de-vista (POV), tulad ng karaniwang ginagawa ni Shancal sa *“Meteor Garden”* sa tuwing inilalarawan o iniisip niya ang pagkainis sa tuwing may pinagtitripang bigyan ng red card ang F4, sa ikinukubling paghanga niya kay Hua Ze Lei, hanggang sa unti-unting realisasyon ng pagmamahal kay Dao Ming Si. Posible rin itong voiceover ng isang tagapagsalaysay gaya ng ginagawa ng karakter na si Lady Whistledown sa serye ng *“Bridgerton”* bago matuklasan ang tunay niyang katauhan sa serye, at nina Charo Santos at Mel Tiangco sa *“Maalala Mo Kaya”* at *“Magpakailanman”* upang ilarawan ang sitwasyon sa partikular na eksena—bagaman ibang genre ng palabas ang mga huling nabanggit. Kailangang isaalang-alang din nang husto ang pagsasalin sa tono at kaangkupan ng mga voiceover sa layuning maipalapit ang banyagang palabas sa isang lokalidad. Ibig sabihin, muli, hindi lamang ang mismong wika ang konsiderasyon sa pagsasaling ito.

Sa isang rebyu ni Wendland sa aklat ni Jeremy Munday, sinasabing hindi pa gaanong

nabibigyan ng masusing eksplorasyon ang pagteteorya sa pagsasaling audio-visual kompara sa ibang anyo ng pagsasalin, na kadalasan lamang nakatuon sa tinatawag na *screen translation* kung saan nakapaloob ang subtitling at dubbing (447). Ang argumentong ito ay maaaring magbukas upang sipatin ang iba pang tiyak na elemento ng manipistasyong pang-screen (tulad nga ng serye at pelikula) na kailangan sa paglilipat ng kabuoang konteksto mula sa isang kultura tungo sa isa pa. Kung minsan, naiuugnay ito sa tinatawag na pagsasaling multimidya (*multimedia translation*) na binibigyan din ng pansin ang iba pang elemento ng palabas tulad ng mga imahen, tunog, at ang mga relasyon nito sa kultural, historiko, estetiko, at performativong impormasyon na maaaring nababalot, hayag man o hindi, sa palabas; malaking tulong dito ang tinatawag na sosyosemyotikong dulog sa pagsusuri at pagsasagawa ng pagsasalin na lumalagpas pa sa mga retoriko, gramatiko, at leksikong pagpapasakahulugan. Sa mas makabagong praktika, kilala rin ang tinatawag na multimodal na dulog upang ilarawan ang sinisimbolo ng mga kowd sa isang wika ng sinematograpiya ng palabas, i.e., lingguwistiko, paralingguwistiko, musikal, areglo ng tunog, ikonograpiko, potograpiko, atbp. (Munday 188-189 sa Wendland 447). Mula rito, lalabas ang mga tinukoy ni Chiaro na iba pang kaugnay na anyo ng pagsasaling audio-visual:

“...is one of several overlapping umbrella terms that include ‘media translation’, ‘multimedia translation’, ‘multimodal translation’ and ‘screen translation’. These different terms all set out to cover the interlingual transfer of verbal language when it is transmitted and accessed both visually and acoustically, usually, but not necessarily, through some kind of electronic device.” (141)

Dito, mababakas ang maaaring dahilan ng hindi pa masyadong mayabong na pag-aaral sa pagsasaling audio-visual—na ito ay manipistasyong panteknolohiya, na bagaman nayakap na ng halos lahat ng estado kasabay ng globalisasyon, ay patuloy at mabilis pa ring

nagbabago. Ang pagtutulungan ng teknolohiya at anyo ng pagsasaling ito ay maihahambing sa kung paanong nagbunsod ang kalakalang galeon sa pagitan ng Mexico at Tsina, at ang Pilipinas bilang daungan at hintuan noong panahon ng unang pananakop sa bansa, upang makapagtawid hindi lamang ng mga kalakal kundi ng mga kultura ng iba't ibang panig ng daigdig (Flores). Tinunton ni Flores ang mga historiko at sosyo-kultural na salik sa noong kasagsagan ng sistemang ito kung bakit mabilis na naipalapit sa mga Pilipino ang mga Mexicanovela at Chinovela sa kabila ng mga kakaibang kalikasang pang-urban sa kasalukuyan. Binigyang-diin niyang may malaking kinalaman ang magkaugnay na kolonyal na realidad ng Mexico at Pilipinas bilang mga kolonya ng España (i.e., may karanasang piyudal at marhinalisasyon ang mga kuwento) sa pagtangkilik sa Mexicanovela. Samantala, ang pagpapaigting naman sa aspirasyon tungo sa maayos na pamumuhay ang naging bentaha ng mga Chinovela (i.e., may kakayahang maging malaya ang karakter sa kamay ng mga naghaharing-uri) sa pagpapalapit ng kanilang kultura sa Pilipinas sa pamamagitan ng kulturang popular.

Sa madaling sabi, nangangahulugang ang pagtatagpong sosyo-kultural sa pagitan ng mga bansa ay may kaugnayan sa mga ekonomikong balangkas gaya ng pakikilahok ng mga bansa sa merkadong globalisasyon. Napapatunayan ng ganitong estruktura ang mabilis na pagtatagpo sa pamamagitan ng mga praktikal na gawain tulad ng kalakalang galeon (noong panahon ng mga Kastila), at ng integrasyon ng pagsasalin at teknolohiya (ngayong kontemporaneong panahon). Ang ilang talang nabanggit tungkol sa pagsasaling audio-visual ay masasabing higit na mahalaga sa kaso ng Pilipinas na kakikitahan ng samot-saring implikasyong pangmidya at pangkulturang popular na nailalahok mula sa ibang bansa sa pamamagitan, halimbawa, ng Filipino dubbing. Subalit, higit pa sana rito, napapanahon na ring paigtingin ang usapin kung saan ang kontekstong Pilipino naman ang pinagmumulan ng karanasan tungo sa ibang bansa. Hindi lamang ito nakapagpapatibay ng ugnayan natin sa iba, bagkus ay maaaring

makapagpataas pa ng ekonomikong kalagayan ng bansa dahil maaari itong makalikha ng mga hanapbuhay sa dalawang bansang kasangkot. Bibihirang marinig ang pangangailangan sa pagsasalin mulang Filipino tungong Khmer, gayundin din ang Khmer tungong Filipino, sa ngayon. Subalit, matatandaang ang pagsasalin ay karaniwang kolektibong gawain, ibig sabihin, mas mainam kung kasasangkutan ng higit sa isang eksperto bilang tagasalin, tagataya, at tagatiyak ng kalidad ng produktong salin. Sa gawaing ekonomikong ito, kasabay na napatitibay ang relasyon ng dalawang bansang may malaking pagkakaiba, gaya ng Pilipinas at Cambodia.

PAGTATAGPONG PILIPINAS AT CAMBODIA: PAGSASA-KHMER NG PANGAKO SA'YO

Mula sa magkaibang dominanteng relihiyon ng dalawang bansa (Kristiyanismo at Budismo), sa mga sistemang politikal (Demokrasya at Monarkiya), sa kinabibilangang pamilya ng mga wika sa Pilipinas at ng Khmer sa Cambodia (Austronesian at Austroasiatic), hanggang sa mga impluwensiya ng mga mananakop (España-US-Japan sa Pilipinas at Pransya sa Cambodia), mababakas ang maraming pagkakaiba ng dalawang bansang tinatalakay. Gayunman, maituturing na nagbigay-daan ang kulturang panteleserye ng bansa sa relasyon nito sa Cambodia. Binanggit ni Lim sa kaniyang artikulong “*Cambodia and Maritime Southeast Asia*,” na sa kabila ng mga pagkakaiba ng mga mamamayang ito, matagumpay na napasok ng Pilipinas ang merkadong Cambodian dahil sa mga naisasa-Khmer na pelikula at soap operang Pilipino (125). Ang artikulo ay isang kabanata sa reperensiyal na aklat na *Cambodia's Foreign Relations in Regional and Global Contexts* na nakatuon sa pagsipat ng kasaysayan ng Cambodia, gayundin sa mga relasyon nito sa iba't ibang rehiyonal (Asya) at global na konteksto, at kung paano nahulma ng mga relasyong ito ang mga politikal, sosyo-kultural, at ekonomikong espasyo ng estado. Sa kabuoan ng aklat, wala gaanong tala ukol sa ugnayan ng dalawang bansa kaya mahalagang bigyang-

pansin ang limitadong talang ito kaugnay ng industriyang pang-aliwan. Sa madaling sabi, tinatanaw sa papel na ito na mahalagang salik ang kulturang popular sa pagbibigkis o pagtatagpo ng magkaibang kultura ng mga ito. Sa isang artikulong pampahayagan, binanggit na dahil sa kasikatan ng “*Pangako Sa’yo*,” na may internasyonal na pamagat na “*The Promise*,” naimbitahan pa ang mga artistang bumida rito na magpunta sa Cambodia para sa kanilang mga tagahanga (Pisey at Oum). May mga tala ring nagsasabing may mga ipinanganak sa Cambodia na ipinapangalan sa ngalan ng mga pangunahing karakter sa serye o ‘di kaya’y sa mga artista mismo (Salas).

KHMER DUBBING NG “PANGAKO SA’YO.”

Sa pagpasok ng bagong milenyo, taong 2000, ipinalabas ang *Pangako Sa’yo* bilang *kauna-unahang teleserye*. Una ito sapagkat sa taong din ito unang ginamit ang bagong terminong ito upang tukuyin ang soap operang pantelebisyon sa Pilipinas, bagaman marami nang naunang seryeng pandrama sa telebisyon bago ito. Isang patunay sa pagiging prominente ng teleserye sa buong daigdig ang pagkakasama nito sa *Oxford English Dictionary* bilang bagong salitang Ingles noong 2016. Sinasaklaw nito ang lahat ng soap operang Pilipino na ipinalalabas sa telebisyon sa paraang hinahati-hati sa mga serye ang kabuoang kuwento. Halaw ang termino sa ‘*tele*’ (mula sa *telebisyon* o *television*) at ‘*serye*’ (*series*) na unang ginamit ng dating higitang TV network na ABS-CBN noong 2000 ayon sa artikulo ni Sicam sa *Philippine Daily Inquirer*. Ang impormasyong ito ay pangunahing batayan ng binanggit na diksiyonaryo, kabilang ang madalas na paggamit ng mga diasporang Filipino dahil sa The Filipino Channel o TFC, upang ibilang ang salita sa leksikon ng wikang Ingles:

“Nilikha ng ABS-CBN ang bagong terminong ‘teleserye,’ upang mapalakas ang promosyon sa kanilang pinakabagong proyektong “*Pangako Sa’yo*” na ipapalabas sa Nob. 13 sa ganap na 7 n.g. Pinagsasama-

sama nito ang tuloy-tuloy na serye at ang sopistikadong sining ng paggawa ng pelikula”. (C5) [akin ang salin]

Kasabay ng bagong terminong ito sa mundo ng telebisyon Pilipino ang pagbabago sa kabuoang sistema ng teknikal na paggawa ng soap opera sa bansa. Halimbawa, sa sequence o bilang ng pagpapalitan ng mga eksena, kung dati’y mayroong 12-15 na sequence sa 30-minutong palabas, mayroong 34 ang “*Pangako Sa’yo*” (Sicam C5). Ang lagpas sandaang porsiyentong karagdagan ito ay nangangahulugan ng mas mabilis na takbo ng kuwento, tulad ng format na nagustuhan ng mga Pilipino sa mga telenovelang Mehikano (Sanchez 9-10). Ayon pa sa isang opisyal na ABS-CBN bago ipalabas ang serye, sa ganitong sistema ay kailangang nakatutok nang husto ang manonood sapagkat kapag may makaligtaang eksena, mahihirapan siyang makasabay sa daloy ng istorya (Sicam C5). Itinuring din ito ni Sanchez bilang bahagi ng Panahon ng Transpormasyon (*Period of Transformation*) sa ebolusyon ng teleserye sapagkat naghain ito ng panibagong atake ng makatotohanang kuwento ng pag-ibig at melodrama, bukod pa sa pagtatampok ng dalawang henerasyon ng pag-ibig (10)—kina Yna Macaspac at Angelo Buenavista, at ang *love triangle* nina Amor Powers, Eduardo Buenavista, at Madam Claudia Buenavista.

Samantala, sinasabi ring naging makabuluhan ang kuwento dahil sa pagpapaloob ng ilang isyung panlipunan tulad ng hindi natapos na programa sa reporma sa lupa, maruming politika, ang kasakiman sa kapitalismo, at ang laganap na di-pantay na pamamahagi ng yaman (10)—mga karanasang, sa sariling pagpapalagay, ay karaniwan sa mahihirap na bansa, o sa mga itinuturing na ikatlong daigdig (*third world*) o *less developed* na mga bansa, tulad ng Pilipinas at Cambodia. kagyat ding makikita sa unang episode ng adaptasyon ang mga talang ito.

Tinukoy naman nina Pisey at Oum ang ilang mahalagang dahilan sa pagtangkilik ng mga Cambodian kaugnay ng tema ng palabas. Sabi ng isang impormanteng Cambodian:

“Ang pinakainteresanteng bahagi ng drama...ay ang pag-iibigan ng mga karakter na isang mayaman at isang mahirap, (at kung paanong sinubukang) malagpasan nang magkasama ng magkasintahan ang lahat ng mga balakid...Tinuturuan din nito ang mga manonood na iwaksi ang diskriminasyon sa mahihirap at mga nasa mababang antas ng lipunan.” [akin ang diin at salin]

Tuwirang nagpapahiwatig ito ng ugnayan ng mismong tema ng teleserye at ng pagkahumaling ng mga manonood. Kung papansinin din, maisasakatategorya ang naratibong ito sa pagsapul sa damdamin ng mga tagatangkilik ng iba’t ibang anyo ng kulturang popular gaya ng mga soap opera, pelikula, maging ang mga musika at iba pang manipestasyong pansining. Isa rin ang tema sa naging batayang salik-kultural sa pagkahumaling naman ng mga Pilipino sa mga isina-Filipino na piling K-drama. Ayon kina Galit at Pangilinan, ito ang pinakamahalagang elemento ng isang kuwento at ang pangkalahatang kaisipang nais palutangin ng may-akda sa kaniyang kuwento upang mas maiparating ang kaisipan sa manonood (215). Dahil pinupuntirya ang emosyon ng mga nahuhumaling, madaling sabihing epektibo rin ang pag-uugnay nito sa karanasan ng isang bayan, kahit pa may namamagitang heograpikong salik sa mga ito. Ang matinding pagtangkilik natin sa mga palabas mula sa ibang bansa ay maiuugnay sa temang tumatagos sa kaibuturan ng puso natin bilang manonood, na lalong pinaiigting ng pagsasalang audio-visual—ng wika at tema (na nagsasalamin sa karanasang sosyo-kultural) bilang pangunahing instrumento, at iba pang elemento ng mismong palabas (sound at light effects, kasuotan, props, atbp.) bilang mga sekundaryang konsiderasyon sa pagsasalin.

Bagaman itinuturing ditong sekundarya, pareho itong dapat na isaalang-alang sa ganitong anyo ng pagsasalin. Ano ang kultura ng Cambodia pagdating sa hilig sa musika at sound effects? Isasalin din ba ang mga liriko ng theme song? Papalitan ba ang sound effects

ng drama na mas pasok sa pandinig ng mga Cambodian? Naangkop ba sa kanilang mga paningin ang lighting na ginamit sa orihinal? Halimbawa, sa Pilipinas, lalong minahal ng bayan ang bersiyong naka-Filipino ng Koreanong “*Lovers in Paris*” nang gamitin bilang soundtrack ang “*Wag na Wag Mong Sasabihin*” ni Kitchie Nadal—na nagbigay-daan din sa mang-aawit upang lalo siyang makilala. Ang kanta ay ginamit hanggang sa Pilipinong adaptasyon ng palabas na pinagbidahan nina Piolo Pascual at KC Concepcion noong 2009. Isa pa, hindi man tuwirang salin, soundtrack din ang nakikitang isang dahilan kung bakit lalong niyakap ng mga Pilipino ang “*Meteor Garden*” nang magkaroon ng lirikong Filipino ang kantang “*Qing Fei De Yi*” ni Harlem Yu; may berisyon itong “*Biyahe*” na pinasikat ni Josh Santana kung saan ginamit lamang ang melodiya ng orihinal subalit hindi ang nilalaman nito. Kung kaya, sa hangaring maipalapit sa target na masa ang banyagang palabas, hindi lamang ang saling-wika ng mga diyologo ang nangyayari sa pagsasalang audio-visual kundi ang iba pang elementong auditory at biswal ng isang obrang teleserye.

Ang pagiging melodramatiko rin ng mga teleserye ay itinuturing na dahilan sa pagtangkilik ng mga Cambodian dito. Bukod kina Jericho Rosales at Kristine Hermosa, naging tanyag din sa Cambodia at ibang karatig-bansang Asya si Marian Rivera nang isalin din sa ibang wika ang kaniyang teleseryeng “*Dyesebel*,” isang kuwento ng sirenang nagpakita ng pakikipagsapalaran ng bida na sa dulo’y nagtagumpay. Karaniwan ang ganitong tema at daloy sa mga Pilipinong serye sa telebisyon—may mahirap na bida, papahirapan, magpapakita ng mga punto ng kaniyang kaligayahan, subalit baharangan ng mga balakid, na kahit ano pa mang problemang ikinaharap—na nasapul ang emosyon ng mga manonood—ay makakamtan pa rin ang kaligayahan sa pagtatapos (may *happy ending*). Ayon kay Panha, isang tagatangkilik nito sa Cambodia, natutuhan niya ritong mas matindi ang kapangyarihan ng pag-ibig kaysa sa mga suliraning kinahaharap ng mga tao sa pang-araw-araw nilang pamumuhay, ano man ang estado sa buhay (Pisay at Oum). Ang

realisasyong ito ay maaaring repleksiyon ng pantasya ng mga Pilipino, Cambodian, at iba pang mahihirap na bansa, na sa kabila ng pagsubok sa karaniwang pamumuhay, may katiwasayan (o kaginhawaan) na matatamo sa kinabukasan.

Adaptasyong Cambodian ng “Pangako Sa’yo.” Isa pang natatanging patunay ng katanyagan ng “*Pangako Sa’yo*” sa Cambodia ay ang pagtanggap muli nila sa *remake* nito noong 2015, na pinagbidahan naman ng tambalang Kathryn Bernardo at Daniel Padilla—sa kabila ng pagbabago sa maraming elemento ng orihinal, tulad ng pagkakaroon ng landslide sa minahan sa halip na basurahan, niyakap pa rin ito nang husto ng mga Cambodian at nagbigay-daan din sa tandem upang makilala sa industriyang pang-aliwan sa Timog-Silangang Asya. Subalit bago pa ito, nagkaroon na rin ng sariling adaptasyon ang Cambodia nang makakuha ang Cambodian Television Network ng karapatang-ari nito sa ABS-CBN. Iprinodyus ito ng Khmer Mekong Films nang may pag-aangkop sa kultural na konteksto ng bansa at sensibilidad ng manonood na Cambodian, at pinamagatang “សន្យាស្នេហា” /sanyea sne/ o “*The Promise*.” Ipinalabas ang adaptasyon mula 2013 hanggang 2014 na may 198 na episodyo (‘Pangako Sa’yo’ gets Cambodian adaptation). Mahalagang tala rin ito sa kasaysayan ng teleserye ng bansa sapagkat nagpapatunay itong may kakayahan ang Pilipinas na pasukin ang merkado ng ibang bansa habang nabibitbit ang mga kontekstong Pilipino at inaangkupan naman ng iba. Pagbibigay-diin pa ni Sanchez, kasabay ng *pangakong* transpormasyon ng seryeng ito sa paggawa ng soap operang Pilipino, naiharap pa natin ang ating mga lokal na produkto sa larangang pandaigdig (125), sa pamamagitan ng isang kulturang popular at kahit hindi upang maging migranteng Pilipino. [akin ang diin]

Mapapanood sa YouTube Channel ng Khmer Mekong Films ang adaptasyon ng Cambodia sa *Pangako Sa’yo*. Nakasulat sa

sinopsis ng palabas na ito ang pahayag na:

“Based on a gripping story from the Philippines about power, corruption and love, the scenario has been adapted by KMF’s writers to suit the Cambodia cultural context and audience sensitivities.”

Malinaw na itinatampok sa Cambodian na audience ang isang kuwentong banyaga na inilalapit sa kanilang karanasan—na isa sa mga pangkalahatang gampanin ng pagsasalin anoman ang anyo nito. Halos parehong-pareho ang mga eksena sa unang episodyo ng orihinal na *Pangako Sa’yo* (2000)¹ at sa adaptasyon nito sa Cambodia (2013)². Umiikot ang mga eksena sa protesta ng mga magsasaka sa isang makapangyarihang pamilya. Ang tagapagmana ng pamilya ay may itinatagong relasyon sa isa sa mga katulong nito—sa orihinal, ito ay sina Eduardo at Amor—na mariing tinutulan ng ina ni Eduardo. Ito ang magiging ugat ng pangunahing tunggalian sa kuwento matapos pilit na paghiwalayin ang dalawa sa pamamagitan ng pagpapalabas ng kataksilan ni Amor kay Eduardo, hanggang sa magkakaanak sila nang hindi malalaman ng lalaki. Sa ikalawang episodyo na ng adaptasyon naipalabas ang ‘pagkakalibing’ sa landslide ng mga basura ng kanilang anak bago maghiganti ang babae bilang si Amor Powers sa orihinal na bersiyon. Direktang ipinakikita sa unang episodyo ng adaptasyon ang madaling maiugnay na karanasan ng isang mahirap na bansa ukol sa mga politikal na usapin, gayundin ang klasikal na banghay ng kuwento ng pag-iibigan na hindi maaaring maging mag-asawa ang mga taong galing sa magkaibang uri ng pamumuhay.

Upang igiit ang kakayahan ng Pilipinas na magawa rin ang naaabot na ng Korea sa industriyang pang-aliwan, sa isang social media post ng antropologong pangkultura na si Nestor Castro, naibahagi niya ang personal na pagkasaksi sa kasikatan ng palabas hindi lamang sa Cambodia kundi sa ibang bahagi ng

¹ Bagaman ito ay naka-dub sa Ingles, mapapanood dito ang unang episodyo ng orihinal na *Pangako Sa’yo*: <https://www.youtube.com/watch?v=dRvyf35hDE4>

² Mapapanood dito ang unang episodyo ng adaptasyong Cambodian ng *Pangako Sa’yo*: https://www.youtube.com/watch?v=I_lf5g9J9Kw&t=542s

Asya (Castro; Madarang). Sa isang fieldwork sa Sabah, Malaysia noong 2007 kasama ang kaniyang ilang Pilipinong mag-aaral, nagkaroon sila ng pagkakataong makadalo sa isang tradisyonal na kasal; nang malamang Pilipino sila, aniya, humingi ng pabor ang mga kapuwa bisita na kantahin nila ang kantang “*Pangako Sa’yo*,” theme song ng palabas na pinaghanguan ng pamagat. Noong 2009, sa Papua, Indonesia naman ay may nakausap silang impormanteng nagbahagi ng pagiging marunong ng anak niya sa pagsasalita ng Tagalog dahil sa panonood ng bersiyong naka-Filipino ng “*Pangako Sa’yo*,” na may subtitle na Bahasa Melayu/Bahasa Indonesia sa bansa (Madarang). Ang mga karanasang ito ay kapuwa manipestasyon ng pagsasalang audio-visual na nagpapakita rin ng kros-kultural na pagtatagpo ng Pilipinas at iba pang karatig-bansa sa Timog-Silangang Asya. Ang tambalan ng mga artistang gumanap nito na sina Hermosa at Rosales, ayon sa lathalain ni Cartalaba, ay naabot din ang marami pang tagahanga sa iba pang bansa: Malaysia, Indonesia, Thailand, Cambodia, at Singapore (mga karehiyon ng Pilipinas sa Asya), gayundin sa kalakhang China ay umabot sa 1.3 bilyong views ang orihinal na bersiyon, ilang bahagi ng Africa (Koo at Dimaculangan; Cartalaba), at Latin America.

Ilan sa maaaring tingnan ng punto ng pagtatagpo ang sumusunod:

Dominyo	Deskripsyon
<i>Ekonomiko</i>	- Ang pagsasalang audio-visual bilang praktikal nagawaing ekonomiko. Nagbibigay ito ng oportunidad sa mga Pilipino, Cambodian, at iba pang lahi na marunong mag-Filipino at mag-Khmer upang tupdin ang pagsalalin ng mga wikang ito. - Nakatutulong din ito sa kita ng dalawang bansa. - Ang ekonomikong modelo ng globalisasyon (global na merkado) ay may malaking kaugnayan sa pagtatagpong ito ng dalawa o higit pang bansa.
<i>Sosyo-ekonomiko at politikal</i>	Mapapansin ito sa mismong tema ng teleserye. Malinaw na may isyung pangkapangyarihan sa pagitan ng mga elitista at masa. Naipakita ito sa dalawang pagkakataon: (1) sa protesta ng mga magsasaka sa pamilya nina Eduardo, at (2) sa pilit na paghihiwalay sa kanila ni Amor dahil sa agwat ng pamumuhay.
<i>Sosyo-kultural</i>	- Isang manipestasyon nito ay ang kultura ng pagpapangalan sa mga bagong silang na sanggol. May mga naratibong dahil sa kasikatan ng palabas, nagagamit ang pangalan ng mga karakter o maging ng mga artista. - Kaugnay nito, mahalagang pansinin na iba ang kultura ng pagpapangalan ng Cambodia sa Pilipinas sapagkat higit na kapansin-pansin ang pagpapanatili ng mga Cambodian sa kanilang wika at sistema ng pagsulat sa pagpapangalan. Sa paggamit nila ng mga ngalan ng karakter sa kanilang mga bagong silang na anak, nangangahulugang naaapektuhan din sila ng dominanteng sistema nating mga Pilipino sa pagpapangalan na karaniwan din nama’y inangkop natin sa Kastila at Ingles. Mula rito, ang pagtatagpo ay higit na nagiging malawak at naging o nagiging daan ang teleseryeng isina-Khmer sa sistemang ito.

KONGKLUSYON

Higit na nabigyan ng diin ang mga gampanin ng pagsasalin dulot ng mabilis na takbo ng global na ekonomiya. Isa itong walang-kupas na gawain at lalong nagiging mahalaga sa daigdig lalo pa't bahagi ng globalisasyon ang ugnayan ng mga bansang halos walang heograpikong pagitan sa isa't isa, habang nagaganap ang pagtatagpuan ng mga sosyo-kultural na realidad ng mga lipunan. Mahalagang instrumento sa pagganap na ito ang midya at teknolohiya na pawang hindi mawawala sa pagkatanyag ng mga teleserye sa Pilipinas. Dahil sa mabilis na takbo ng pandaigdigang ekonomiya, maaasahan ang higit pang maraming implikasyon ng lokalisasyon ng mga produkto at serbisyo sa pag-aangkop at pag-ayon sa kalikasan ng mga target nitong mamamayan. Isa ito sa magtutulak ng gampaning lokalisasyon ng pagsasalin; sa kaso ng mga teleserye, ang audio-visual na pagsasalin ang gumaganap dito. Isa itong anyo ng pagsasaling hindi lamang limitado sa mga konsiderasyong estruktural, leksikal, at kontekstuwal ng mga wikang kasangkot—ang SL at TL—ang nagbibigyang-pansin sa buong proseso. Sa ganitong anyo ng pagsasalin, kabilang ang pagsaalang-alang sa mga elementong nagpapatingkad sa *pagkateleserye* ng isang teleserye, mula sa mga aspektong auditory nito (pananalita, sound effects, musika, atbp.) hanggang sa mga elementong biswal (kulay, light effects, kasuotan, props, atbp.).

Tinatanaw ring ang lokalisasyong buhat ng mga kulturang popular ay hindi na lamang Pilipinas ang gumaganap na tagaangkop tulad ng pagtanggap natin sa mga Mehikanong palabas, na naging posible lalo't parehong may danas sa kolonisasyon ng España ang Mexico at Pilipinas; at sa mga Asianovela noong panahong naghanap ng panibagong timpla ang mga manonood na mga Pilipino sa karakterisasyon ng isang tauhan. Marami rin sa mga palabas na ito ang nagkaroon ng adaptasyon sa Pilipinas na naisakonteksto sa danas ng mga Pilipino. Naging ganito rin ang sistema sa Cambodia, na hindi lamang natapos

sa Filipino dubbing ng teleserye ang pagpasok ng kulturang popular. Sa pamamagitan ng teleserye—o ng *Pangako Sa'yo*—at ng pangkalahatang gampanin ng pagsasalin, Pilipinas naman ang nagpapaangkop nito sa ibang bansa na makikita hindi lamang sa Khmer dubbing kundi sa mismong adaptasyon ng isa at sana'y madagdagan pang teleserye.

Sa Pilipinas, hayag nang katotohanan sa bansa ang namamayaning mga ngalang Kastila at Ingles. Kung kaya, maituturing na isang makahulugang impluwensiya ng Pilipinas sa Cambodia ang kultura ng pagpapangalan sa mga sanggol sa pamamagitan ng teleserye. Nagawang mailapit ng kulturang popular na ito ng Pilipinas ang kultura ng pagpapangalan sa Cambodia sa kabila ng kapansin-pansing higit na pagpapahalaga nito kanilang wika at kultura sa iba't ibang dominyo kung ihahambing sa Pilipinas. Posible ring tinatanaw nilang ang mga ngalang “Yna,” “Kristine,” “Angelo,” at “Jericho” ay buhat sa wika nating mga Pilipino kahit na inangkop rin naman natin ito sa mga banyaga. Mula rito, masasabing ang pagsasaling audio-visual o ang dubbing, ay makapangyarihang praktika sa pagtatawid ng mga konsepto mula isang rehiyon tungo sa maraming pang iba.

Bukod dito, instrumental din ang iba pang elemento ng pagsasaling audio-visual bukod sa mismong wika. Katunayan, sa Indonesia, naitampok na rin ang isa pang genre ng kulturang popular nang magkaroon ng bersiyong Indonesyo (kilala ring Indones) ang mga noontime show na “*It's Showtime*” at “*Eat Bulaga*” nitong nagdaang dekada. Ang melodiya ng kani-kanilang theme song ay hinalaw at inilapat sa lirikong naka-Bahasa Indonesia, nanatili ang ilang segment, at naroon pa rin ang tatak-*Madlang Pipol* at *Dabarkads* bilang katawagan sa mga manonood. Sa ganito ring praktika ng salin sa Pilipinas makikita na kayang makipagsabayan ng mga Pilipino sa kompetisyon sa industriyang pang-aliwan sa Asya, gaya marahil nang magsimula ang Hallyu ng Korea, hanggang sa naging kultura na rin ito ng kalakhang daigdig.

Posibleng maituring ang papel na ito bilang panimulang sipat sa kalakaran ng pagsasaling

Khmer mula sa Pilipinong kulturang popular o teleserye na sa sariling pagpapalagay ay hindi pa gaanong nabibigyan ng pansin. Bagaman malinaw na manipestasyon ito ng ekonomikong globalisasyon, may ilang indikasyong nagpapakita ng pagtatagpong sosyo-kultural sa pagitan ng mga bansa. Hindi pa rin lubos na malinaw ang parametro sa pagsukat sa pagtatagpong ito kaya iminumungkahi rin ang mas mataguyod na pagsusuri sa penomenong

pantelebisyong ito sa dalawang bansa. Maaaring matupad ito sa pagpapalawig ng mga sanggunian, na sa papel na ito'y higit pang nakatuon sa mga pampahayagang tala ukol sa mga Pilipinong teleseryeng naipalalabas sa mga karatig-bansa sa Asya. Gayunman, gaya nang naitala, kinikilala kahit ng estado ng Cambodia ang relasyon nito sa Pilipinas sa pamamagitan ng ganitong klaseng obra ng bansa.

MGA SANGGUNIAN

- Cartalaba, Jude. “Pangako Sa ‘Yo’ Then and Now, Through the Eyes of a Fan.” *Rappler*, 1 June 2015, www.rappler.com/entertainment/94921-pangako-sa-yo-original-remake.
- Chiaro, Delia. “Issues in Audiovisual Translation.” *The Routledge Companion to Translation Studies*, 1st ed., Routledge, 2009, pp. 141–65.
- Flores, Maria Crisanta N. “Mexicanovela and Chinovela in the Philippines: A Trans-pacific Cultural Product Reverberating From the Galleon Trade in the Days of the Empire.” *Cultural Space and Public Sphere in Asia*, 2006.
- Galit, Gilbert C., and Edrian A. Pangilinan. “[Hallyu] The Korean Wave: Pagsusuri sa mga Salik Kultural sa Pagkahumaling ng mga Pilipino sa KDrama.” *International Journal of Arts and Social Science*, vol. 4, no. 5, Sept.–Oct. 2021, pp. 212–23. www.ijassjournal.com/2021/V4I5/4146597675.pdf.
- Koo, Kaye, and Jocelyn Dimaculangan. “ABS-CBN Programs that Became Famous Abroad.” *PEP.ph*, 23 May 2019, www.pep.ph/news/local/143432/abs-cbn-programs-that-became-famous-abroad-a770-a2670-20190523-lfrm.
- Lim, Alvin Cheng-Hin. “Cambodia and Maritime Southeast Asia.” *Cambodia’s Foreign Relations in Regional and Global Contexts*, edited by Sok Sudom Deth et al., Konrad-Adenauer-Stiftung, 2018, pp. 117–34.
- Madarang, Catalina Ricci S. “Can Pinoy Series Compete With K-drama? ‘Pangako Sa’ Yo’ Is Proof of That, According to Anthropologist.” *Interaksyon*, 15 Nov. 2022, interaksyon.philstar.com/hobbies-interests/2022/11/15/234622/pinoy-series-compete-kdrama-pangako-sayo-proof.
- “Pangako Sa ‘Yo’ gets Cambodian adaptation.” *ABS-CBN News*, 15 Oct. 2012. <https://www.abs-cbn.com/entertainment/10/15/12/pangako-sayo-gets-cambodian-adaptation>
- Pisey, Sar, and Sonita Oum. “PH telenovelas, actors gain huge following in Cambodia.” *Inquirer.Net*, 19 Aug. 2016, entertainment.inquirer.net/199634/ph-telenovelas-actors-gain-huge-following-in-cambodia.
- Salas, Vicente. “Cambodia and the Philippines: Connections Through the Centuries.” *SEA Junction*, 28 Oct. 2021, seajunction.org/cambodia-and-the-philippines-connections-through-the-centuries. Accessed 17 June 2024.
- Sanchez, Louie Jon A. “Ang Gámit ng Temang-awit Panteleserye.” *Plaridel*, vol. 20, no. 1, 2021, pp. 100–32. <https://doi.org/10.52518/2021-15snchez>.
- . “Koreanovelas, Teleseryes, and the “Diasporization” of the Filipino/the Philippines.” *Plaridel*, vol. 11, no. 1, 2014, pp. 66–85. <https://www.plarideljournal.org/wp-content/uploads/2015/10/2014-01-LSanchez.pdf>

—. “The Teleserye Story: Three Periods of the Evolution of the Filipino TV Soap Opera.” *Rupkatha Journal on Interdisciplinary Studies in Humanities*, vol. 14, no. 1, 2022, pp. 1–16. <https://doi.org/10.21659/rupkatha.v14n1.13>

Sicam, Edmund L. “Switching Channels: ABS-CBN’s ‘Teleserye’ to Run for One Year.” *Philippine Daily Inquirer*, 4 Nov. 2000, p. C5.

Supardi, Moh, and Dea Amanda Putri. “Audio-Visual Translation Techniques: Subtitling and Dubbing of Movie Soundtrack in Frozen: Let It Go.” *Bulletin Al-Turas*, vol. 24, no. 2, Oct. 2018, pp. 399–414. <https://doi.org/10.15408/bat.v24i2.8621>.

“Tracing the History and Success of Anime in the Philippines.” *Adobo Magazine*, 26 Sept. 2023, www.adobomagazine.com/philippine-news/history-of-anime-in-philippines. Accessed 5 June 2024.

Wendland, Ernst R. “Review Article: Jeremy Munday, Introducing Translation Studies: Theories and Applications.” *Old Testament Essay*, vol. 25, no. 2, 2012, pp. 421–454. <https://scielo.org.za/pdf/ote/v25n2/12.pdf>



Si NELL B. BUENAVENTURA ay katuwang na propesor sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños sa ilalim ng Departamento ng Humanidades, kung saan siya kasalukuyang nanunungkulan bilang Puno ng Dibisyon ng Wika. Nagtapos siya ng BA Filipinolohiya at MA Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas noong 2015 at 2019, at kasalukuyang nag-aaral ng PhD Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagsimula siya bilang guro sa National College of Business and Arts–Fairview noong 2015, at kalaunan ay naging Tagapangulo ng Departamento ng Malalayang Sining. Noong 2020, nagsimula siyang magturo ng kursong Panimulang Pagsasalin sa Unibersidad ng Santo Tomas, at kasalukuyan namang naghahawak ng kursong Teorya at Praktika sa Pagsasalin sa UPLB.

Noong 2024, naging kalahok si Buenaventura sa Ika-4 na Saling Panitik: Seminar-Palihang Bienvenido Lumbersa sa Pagsasalin na pinangunahan ng UP LIKHAAN: Institute of Creative Writing, at naging fellow din ng PSLLF–Kawing Journal 2024 na itinaguyod ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino. Sa parehong taon, kinilala siya ng Komisyon sa Wikang Filipino bilang “Mananaysay ng Taon 2024” para sa kaniyang sanaysay na “Pagpopookang Nasyonal tungong Lokal hanggang Internasyonal: Pedagogiya’t Dihital na Humanidades sa Pagpapasigla ng Wika,” na inilahok sa KWF Gawad Sanaysay. Bukod sa pagsasalin, ilan pa sa mga interes ni Buenaventura ang sosyolinggwistiks, diskors, wika at pedagogiya, at mga naratibong pananaliksik.

Dalumat ng Varayti ng Filipino ng mga Mag-aaral: Mekus-mekus sa Isyung Pangwika

Analysis of Filipino Variety of Students: Fluctuations in Language Issues

MARIA FE GANNABAN - HICANA

@pnu.edu.ph

Pamantasabg Normal ng Pilipinas

ABSTRAK

Tinangkang dalumatin sa pag-aaral na ito ang varayti ng Filipinong ginagamit ng mga mag-aaral ng Inhenyeriya sa Teknolohikal na Unibersidad ng Pilipinas (TUP) – Kampus ng Taguig na hindi Filipino ang unang wika. Karaniwang may mga trabaho na ang mga mag-aaral na nabanggit ngunit kailangan nilang magpatuloy ng pag-aaral para makakuha ng digri. Magiging lunsaran ito sa mekus-mekus na pagtalakay sa mga suliraning inilatag na maililipat sa pagtataya ng mga isyung pangwika. Personal na tinala ng mananaliksik ang mga datos sapagkat siya ang kasalukuyang propesor ng mga partisipant sa pag-aaral na ito. Eksploratoryo ang pag-aaral sapagkat ginawa ito sa pamamagitan ng pagsisiyasat at pagtuklas sa isang paksa o isyu nang hindi gaanong detalyado. Isinagawa ang obserbasyon, pakikipag-usap sa mga eksperto, pagbabasa ng mga aklat at artikulo, at maging ang pag-uusisa sa internet. Lumitaw sa pag-aaral na may sariling varayti at varyasyong nabubuo ang mga taga-Taguig na tinawag na Tagalog-Taguig. Kinakitaan ng L_1 *habits* ang mga interlokyutor sa pagsasalita nila ng Tagalog. Natuklasan sa pag-aaral na nagkaroon ng inobatibong-gamit ng wika (*language innovation*) ang mga interlokyutor upang makaagapay sa bagong lugar na kanilang kinabibilangan. Umaalinsunod ito sa gampanin ng L_1 sa paraan ng pagsasalita ng L_2 na sumusuporta sa teorya ng dimensyong heograpikal na tumatalakay sa *language interference* kung saan ang pagkakaroon ng linggwistikong diyalekto ay litaw. Sa liwanag ng teoryang ito, mababakas na ang *language mixture* ng wika ay lumulundo sa pagkakaroon ng mga varayti ng wika. Patunay lamang na may malaking impluwensiya ang L_1 ng mga ispiker na nagmula sa iba't ibang pangkat-etniko.

Mga Panandang Salita: *dalumat ng diskurso, varayti ng wika, isyung pangwika, mekus-mekus*

ABSTRACT

This study attempted to analyze the variety of Filipino used by Engineering students at the Technological University of the Philippines (TUP) - Taguig Campus whose first language (L_1) is not Filipino. The participants are generally working students pursuing a professional degree.

The research serves as a platform for a comprehensive discussion of the identified linguistic problems and their implications for broader language issues. The researcher personally documented the data as the current professor of the participants. Using an exploratory research design, the study involved systematic investigation through observation, expert consultations, literature review, and online research. Findings reveal that a distinct variety and variation have emerged in Taguig, termed as “Tagalog-Taguig.” The interlocutors’ L_1 habits significantly influence their Tagalog proficiency, leading to “language innovation” as a strategy to adapt to their current environment. This aligns with the role of L_1 in L_2 acquisition, supporting the theory of geographical dimensions and language interference. The study concludes that language mixture inevitably leads to the emergence of new language varieties, proving the profound influence of the speakers’ diverse ethnic backgrounds and native languages.

Keywords: *discourse analysis, language variety, linguistic issues, language interference*



PANIMULA

“Ang wika ay parang tubig. Ang hugis ng tubig ay kung ano ang hugis ng sisidlan. Ang sisidlan ng wika ay bayan.”

- Jose Villa Panganiban

Naglahad ng batayang deskripsyon ng Filipino ang Komisyon sa Wikang Filipino noong ika- 13 ng Mayo, 1992 sa Resolusyon Blg. 92-1. Ganito ang nakasaad:

IPINAPASYA, GAYA NG GINAGAWANG PAGPAPASYA NGAYON, na sa layuning maisakatuparan ng Komisyon sa Wikang Filipino ang mga tungkulin nito, ang batayang deskripsyon ng Filipino ay ganito:

Ito ay ang katutubong wika, pasalita at pasulat, sa Metro Manila, ang Pambansang Punong Rehiyon, at sa iba pang sentrong

urban sa arkipelago, na ginagamit bilang wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo. Katulad ng alinmang wikang buhay, ang Filipino ay dumaraan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng mga panghihiram sa mga wika ng Pilipinas at mga di-katutubong wika at sa ebolusyon ng iba’t ibang baryedad ng wika para sa iba-ibang sitwasyong sosyal, sa mga nagsasalita nito na may iba’t ibang sanligang sosyal, at para sa mga paksa ng talakayan at matalisik na pagpapahayag.

Nilagdaan ito ng Tagapangulong Komisyoner Ponciano B.P. Pineda kasama ang

anim pang komisyoner ng KWF. Sa puntong ito, pinalawig ng KWF ang *spectrum* ng wikang Filipino. Sipatin ang depinisyon ng nakasaad sa edisyon naman ng A Dictionary of Language ni David Crystal noong 1999, ganito ang nakatala tungkol sa pambansang wika ng Pilipinas:

Pilipino. The name given to the national language of the Philippines, when the country became independent in 1946, now spoken by over 40 million people (c. 60% of the population). It is a standardized form of Tagalog, an indigenous Austronesian language spoken by c. 15 million people as first language in central and south-western parts of the islands of Luzon, which includes the capital, Manila, and parts of Mindanao. It is written in the Roman alphabet. It is now taught in schools, and has become a lingua franca throughout the Philippines (along with English). In the 1970s a further attempt was made to create a national language, based less on Tagalog, and this came to be called Filipino. However, this has not replaced Pilipino.

Completely revised and updated in its fifth edition, A Dictionary of Linguistics and Phonetics is the standard single-volume reference for its field. 2003-google books

Maraming dapat pansinin mula sa siping ito. Una, magkaiba ang pagkakabaybay ng salitang Filipino sa ibinigay na depinisyon ni Crystal sa kaniyang diksiyonaryo; samantalang taong 1992 pa ay naglathala na ang KWF ng depinisyon nito. Ito rin ay nakasulat na sa ating saligang-batas noon pa mang 1987, Artikulo XIV Sek. 6. Sumunod ay ang pagtingin ni Crystal. Aniya, Pilipino pa rin ang kinikilalang pambansang wika ng Pilipinas. Estandardisadong anyo ito ng Tagalog na kinikilalang isang katutubong wika sa bansa. Halos may kalahating siglo nang itinaturo ang wikang ito sa mga paaralan at naging lingua franca na sa buong kapuluan. Ang pagtatangkang lumikha ng isang wikang hindi gaanong batay sa Tagalog, ang Filipino, ay naganap noong dekada sitenta. Gayunman,

ang pagsasabing hindi ito gaanong batay sa Tagalog ay hindi nangangahulugang hindi na talaga ito batay sa Tagalog.

Sinimulan ang talakay sa papel na ito sa pamamagitan ng pagtatahip ng mga depinisyon sa wikang Filipino sa magkakaibang lente ng pagtanaw. Ito ang magiging timon ng daloy ng talakay ng papel na ito. Sa unang bahagi ay inilatag ang *praxis* ng tatlong argumento hinggil sa mga teorya ng varayti ng wika na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral. **Unang argumento:** Iba-iba ang mga dahilan ng pagkakaroon ng lingguwistikong varayti ng mga wika. Sinabi sa maraming pag-aaral na dahil sa heograpikong lokasyon ng *speech communities* (mga lugar kung saan ginagamit ang mga partikular na wika) na maaaring nahihiwalay ng isang anyong tubigan o kabundukan) ay maging dahilan ng lingguwistikong varayti ng wika. Ikalawa, ang *language boundary* na dulot ng migrasyon o paglilipat ng komunidad sa ibang lugar marahil dala ng isang mapinsalang kalamidad o giyera, o ang unti-unting pagsasama ng dalawang dating magkahiwalay na komunidad. Dahil dito, nagkakaroon ng iba't ibang wika at nagkakaroon ng komunikasyon ang mga tao. Ayon naman sa mga dalubhasa sa wika, ang batayan ng pagkakaiba ng wika at diyalekto ay ang *mutual intelligibility*. Kapag ang dalawang tao ay nag-uusap sa magkaibang *speech variety* at hindi sila magkaintindihan, magkaibang wika ang kanilang ginagamit. Samantala, ang dalawang taong nag-uusap sa magkaibang *speech variety* at nagkaroon ng kaunting *disturbance* sa pag-unawa dulot ng pagkakaiba sa tono, ilang mga salita at pagbubuo ng mga ito, diyalekto ng iisang wika ang kanilang ginagamit. Sa unang kaso, walang pagpapalitan ng mensahe o komunikasyong namagitan sa dalawang nag-uusap dahil magkaibang wika ang kanilang ginamit, samantalang sa pangalawang kaso naman ay nagkaroon ng pagpapalitan ng mensahe o komunikasyong namagitan sa dalawa dahil diyalekto ng iisang wika ang kanilang ginamit; dito papasok ang papel ng *lingua franca*. Kung gayon, ang wika ay tumutukoy sa lipon ng mga salita at pamamaraan ng pagsasama-sama ng mga ito upang magkaintindihan ang isang grupo ng

tao. Ang diyalekto ay varayti o subordinateyt ng wika at ito'y sinasalita sa loob ng mas maliit na grupo. Ayon naman kay Moran na nasa konsepto ni Curtis Mc Farland, ang diyalekto ay nauuri sa tatlo: (1) Ang *dialectical variation* – tumutukoy sa distribusyon ng ilang mga salita, aksent, pagbigkas ng wika sa loob ng isang *language area* katulad ng wikang Tagalog sa Bulacan, Nueva Ecija, Rizal, Cavite, Batangas, Laguna, at Quezon. Sa kabila ng ilang varyasyon ng wikang Tagalog sa mga lugar na ito hindi ito magsisilbing batayan upang hatiin ang Tagalog area sa iba't ibang *distinct* o natatanging diyalekto. May kinalaman ito sa pagiging magkakalapit ng mga lugar. (2) Ang *discrete dialect* ay hiwalay sa ibang mga diyalekto dulot ng heograpikong lokasyon at pagiging *distinct* na diyalekto. Halimbawa nito ay ang Tagalog- Marinduque na hindi maikakaila na mas malayo sa ibang mga diyalekto ng Tagalog. (3) Ang *social dialect* ay naiiba sa heograpikal na diyalekto dahil ito ang sinasalita ng iba't ibang uri sa lipunan. Ang mga taong kabilang sa isang grupo ay may ibang pananalita kumpara sa iba na mula sa ibang uri ng lipunan kahit na sila ay nasa iisang lugar. Ang pakakaroon ng isang varayti ng wika ay may kaugnayan sa pagkakawatak-watak ng mga pulo na may kani-kaniyang wika at diyalekto. Ang mga Pilipino ay maituturing na multilingguwal dahil mahigit sa isang wika ang kanilang alam. Ang ibig sabihin dito ng kaalaman sa wika ay pagiging marunong umunawa at makapagsalita nito. Maliban sa mga wika sa Pilipinas, nariyan din ang impluwensiya ng wikang Ingles bilang isa sa dalawang wikang opisyal ng Pilipinas. Ang isa pang wikang opisyal o ang wikang ginagamit sa pamahalaan at edukasyon ay ang Filipino.

Ikalawang argumento: Natural na magkamali sa paggamit ng wika kahit taal na tagapagsalita. Sa paggamit ng ibang wika maliban sa kaniyang katutubong wika, ang tao ay hindi maiiwasang magkaroon ng ilang pagkakamali o lingguwistikong interferens sa tono, pagbuo ng mga salita o grammar dahil nariyan ang impluwensiya ng una o katutubong wika. Mapapansin ito sa mga Bisaya, Bicolano, Ilonggo na nagsasalita ng wikang Filipino. May mga pagkakaiba sa kanilang aksent, tunog, at

grammar. Madalas napagpapalit ng mga Bisaya ang /i/ sa /e/, ang /u/ sa /o/. Kung susuriing mabuti, madalas na nagkakapalitan ang patinig na /e/ at /i/ at ang patinig na /o/ at /u/ sa kanilang pagsasalita kahit may limang patinig naman sa kanilang gramatika. Gayundin sa mga nagsasalita ng mga diyalekto ng Tagalog, may pagkakaiba sa kanilang gamit ng wikang Filipino. Dahil dito, may varyasyon sa paggamit mismo ng wikang Filipino.

Ikatlong argumento: Ang Pilipinas ay tagpuan ng mga wikang Malayo-Polinesyo, Indo-Tsina, at Indo-Europeo kaya naimpluwensiyahan ang mga wika sa kapuluan. May mga diyalekto sa loob ng iba't ibang wika. Kung pagsasamahin ang mga wika at diyalekto sa Pilipinas ay tinatayang ito'y may higit-kumulang na limangdaan. Ang diyalekto sa Tagalog ay ang Tagalog-Metro Manila, Tagalog-Nueva Ecija, Tagalog-Tayabas, Tagalog-Palawan, Tagalog-Marinduque at iba pa. Samantala, tinalakay ni Ramos (1985) ang pagkakaiba ng gamit ng wika sa kainyang artikulong “Ang Wika at Lingguwistika” at ang tinukoy niya rito ay wikang Tagalog. Ayon sa kaniya, “kung saan ang ilang komunidad na gumagamit ng wikang ito, makikitang may kaniya-kaniya silang paraan sa paggamit ng naturang wika. Ang pagkakaiba ay maaaring nasa leksikograpiya o kaya'y nasa pagbigkas lamang.” Taliwas naman ito sa pahayag ni Constantino (2002). Aniya, ito'y pangunahing katangian ng wikang Filipino: ang pagbubuo o pagkakaroon ng mga varayti nito. Bilang isang *lingua franca* o wikang komon sa mga tagapagsalita sa iba't ibang wika sa Pilipinas, makabubuo ng mga lingguwistikong varayti o varyasyon sa loob ng wikang ito dulot ng pagiging pangalawa at pangkalahatang wika nito at ng impluwensiya ng mga unang wika. Dahil dito, may mabubuong Ilokano - Filipino, Hiligaynon - Filipino, Tausug - Filipino at iba pa. Hindi ito posible sa Pilipino na dating wikang pambansa dahil ang naging batayan nito ay ang wikang Tagalog. Pinagbatayan din ng kasalukuyang pag-aaral ang teorya hinggil sa varyasyon ni Meyerhoof (2011) na ipinaliwanag ni Giles (1973). Aniya, ang teoryang akomodasyon ay tinatawag na *speech accommodation theory* or *communication accommodation theory* na ang pokus ay sa gawi

ng pagsasalita sa pakikipag-usap (*speech behavior*). Ito ay nabuo sa pamamagitan ng *Social Identification Theory (SIT)* na ginagamit sa pakikipagtalastasan na pinagbatayan sa paraan ng pakikipag-ugnayan. Ayon ka Meyerhoof (2011), ang teorya sa Sosyal na Identidad (*Social Identification Theory* o *SIT*) isang sosyo-sikolohikal na teorya ay nagsasabing may kakayahan ang taong makiayon sa iba't ibang grupong may iba't ibang identidad, maaaring personal, naiiba o pagkakakilanlan ng pangkat. Nagpapakita ng pagsasalungatan sa pagitan ng mga grupong nagkokompetensiya at pagkakampiyan ng magkakasama sa grupo laban sa isa pang grupo. Dagdag pa niya, may kakayahang maiadap ng tao ang kaniyang lingguwistikong gawi sa pagsasalita ayon sa kaniyang mga kahalubilo at kausap. Nakapokus ito sa mga taong kasangkot sa sitwasyong pangwika. Ipinaliliwanag dito na ang interaksyon ng mga tao ay nagkakaroon ng tendensiya na gumaya o makibagay sa pagsasalita ng kausap para bigyan ng halaga ang pakikiisa, pakikilahok, pakikipaglagayang-loob, pakikisama o kaya'y pagmamalaki sa pagiging kabilang sa grupo na tinatawag na *linguistic convergence*. Samantalang may mga pagkakataon namang pilit iniiba ang paraan ng pagsasalita sa taong kausap upang ipakita o ipahayag ang pagiging iba o naiiba, di-pakikiisa o kaya'y lalong paggigiit sa sariling kakayahan at identidad na tinatawag namang *linguistic divergence*. Ang pagkakaroon ng iba't ibang varayti ng wika ay nagbubunga ng ilang problema. Isa na ang nabanggit ni Rousseau na hirerkiya sa mga anyong ito ng wika. May mataas o mababa, may estandard at di-estandard at iba pa. Halimbawa, sa pag-aaral ni Bernstein na nasa aklat ng Minanga, 2002, sa wikang Ingles ng mga estudyante sa *grade school* ng ilang paaralan sa England, naobserbahan niyang may magkaibang katangian ang wika ng mga batang mula sa *upper class* kaysa wika ng *lower class*. Tinawag niya ang una na *elaborated code* (masuri, abstrakto) at ang huli na *restricted code* (detalyado, deskriptibo). Ito ang tinatawag niyang *deficit hypothesis*. Nagbubunga ng di-pantay na pagtingin ang ganitong katawagan. Hindi sang-ayon dito si Labov, isang *socio-*

psychologist. Itinaguyod niya bilang kontra ideya ang *variability concept*. Sa kaniyang paniniwala, natural na penomenon ang pagkakaiba –iba ang anyo at pagkakaroon ng iba't ibang varayti ng isang wika. Idinagdag pa niya na dapat tingnang pantay-pantay ang mga varayting ito – walang mababa o walang mataas. Ang ganitong paniniwala ay makabuluhan sa konsepto ng Filipino. Ang impluwensiya ng unang wika sa pangalawang wika (sinasalita, napag-aralan o pinag-aaralan, o kaya'y *lingua franca*) ang kapansin-pansin dito. Dito nabubuo halimbawa ang Filipino-English, Korean-English, Malay-English dahil sa di-maiwasang pagpasok ng mga katutubong wika ng mga bansang naging kolonya ng mga katutubong tagapagsalita ng wikang Ingles. Ang mga impluwensiya ay sa pagbigkas, leksikon, morpolohiya, at maging sa sintaks. Ang *interlanguage* naman ang tinatawag na *mental grammar* na nabubuo ng tao pagdating ng panahon sa proseso ng pagkatuto niya ng pangalawang wika. Dito, binabago ng tagapagsalita ang grammar sa pamamagitan ng pagdaragdag, pagbabawas, at pagbabago ng mga alituntunin. Ayon naman kay Fowley (1997), ang wika, pag-iisip o kognisyon at kultura ay magkakaugnay. Ang mga estilo at manipestasyon ng pagsasalita ng isang tao at ang kaniyang kultural na kaligiran. Samakatuwid ay pinag-uugnay ng sistemang konseptwal na ginagamit upang dumanas ng iba't ibang penomenon sa kaniyang kalikasan.

Sa madaling salita, ang *niche* ng papel na ito ay ang pag-aaral ng lingguwistikong varayti sa Pilipinas. Ang papel ay naglalayong: (1) Magbigay ng komprehensibong pag-aaral sa mga dahilan at epekto ng pagkakaroon ng iba't ibang varayti ng wika sa Pilipinas. (2) Magpakita ng isang malalim na pag-unawa sa mga konsepto ng wika, diyalekto, at lingguwistikong varayti. (3) Magtalakay ng mga teorya na may kaugnayan sa pagkakaiba-iba ng wika, gaya ng *speech accommodation theory* at *social identity theory*. (4) Magbigay ng mga halimbawa mula sa iba't ibang wika at diyalekto sa Pilipinas upang suportahan ang mga argumento. (5) Magsuri ng mga implikasyon ng lingguwistikong varayti sa pagkakakilanlan, edukasyon, at komunikasyon. Dinalumat din

sa papel ang mga dahilan ng lingguwistikong varayti: heograpiya, migrasyon, at sosyal na mga kadahilanan; ang pagkakaiba ng wika at diyalekto: batay sa *mutual intelligibility* at mga isyu sa pagpapalano ng wika na may kaugnayan sa lingguwistikong varayti.

RASYONAL AT LAYUNIN

Ang wikang Tagalog, Cebuano, Hiligaynon at iba pang wika sa Pilipinas ay saklaw ng isa sa mga angkan ng wika sa daigdig – ang Austronesyo o Malayo-Polinesyo na nahahati sa tatlong angkan: Indonesyo, Polinesyo at Melanesyo. Ang Indonesyo ay nahahati pa rin sa dalawang sangay: Malayo-Habanes at Tagala. Sa unang sangay nabibilang ang pangkat ng Malay, mga wikang sinasalita ng peninsulang Malay, Sumatra, Borneo, Crebes, Nicobar at iba pang kanugnog-pook; at ang pangkat Habanes ay mga wikang sinasalita sa Java, Maduar, Sunda at mga kanugnog-pook. Sa ikalawa namang sangay nabibilang ang pangkat ng wikang sinasalita sa iba pang pook sa Asya: Tagala, para sa mga wika sa Pilipinas, tulad ng Tagalog, Sibuhanon, Hiligaynon, Iloko, Bikol at iba pa. Chamoro sa pulong Marianas at pulong Palau; Pormoso sa Formosa; Malagasi sa Madagascar; Cham-Selung sa Cambodia, Peninsulang Malay at arkipelagong Mergui. Dahil sa katotohanang ito, napakaraming salitang Filipino, Indones, at Malay ang nagkakatulad at nagkakahawig. Tulad ng palasak na kasabihang “walang superyor na wika; walang wikang nakahihigit sa isa o ano pa mang wika,” palasak ngunit mahirap maintindihan ng mga tao (partikular na sa akademya). Ito ang dahilan upang maging tampulan ng tawanan o biruan. Ang tinutukoy rito ay ang sitwasyon ng mga Ilonggo at Bisaya. Sa papel na ito, tinlakay ang varayti ng Filipino ng mga mag-aaral ng inhenyeriya ng Technological University of the Philippines-Taguig Campus o TUP-T na pawang Hiligaynon ang unang wika. May mga pagkakataong pinagtatawanan sila ng mga kapuwa nila estudyante, katrabaho, at maging ilang guro nila (na mga Tagalog), lalo na kapag naririnig na ang kanilang intonasyon sa pagsasalita.

Layunin ng pag-aaral na ito na dalumatin ang varayti ng Filipino ng ilang pangkat ng mga estudyante sa inhenyeriya na Hiligaynon ang unang wika. Madalas nagiging tampulan sila ng tawanan. Tulad ng sinabi ng isang ispiker, “pwidi pero dipindi” at susundan pa ng “sabi nilang “Bisaya daw ako, wala naman silang ibidinsya” at susundan ng matutunog na halakhakan. Ito ay ilan lamang sa mga sitwasyon na nagpapahiwatig ng diskriminasyong dinaranas at pagkapahiyang nararamdaman ng mga mag-aaral na Ilonggo at Bisaya batay sa ginawang pakikipanayam sa kanila ng mananaliksik.

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral sa *ladderized degree* ng TUP-Taguig na ipinanganak at lumaki sa Bacolod. Sila ay nabigyan ng pagkakataong makapagtrabaho dito sa Maynila matapos makapasa sa *qualifying exam* ng mga industriya na nagsadya pa sa kanilang unibersidad sa probinsiya ng Bacolod. Dati silang mga mag-aaral ng TUP-Visayas (isa sa mga sangay ng TUP-Manila bilang *main campus*) at dahil narito na sila sa Maynila ay ipinagpatuloy ang kanilang pag-aaral sa kursong Inhinyeriya sa TUP-T na dinisenyo ang kurikulum para sa mga nagtatrabaho kung kaya ang iskedyul ng klase nila ay mula ala-singko ng hanggang alas nuebe ng gabi, mula Lunes hanggang Sabado. Nais ding linawin sa papel na ito ang pagkakaiba ng Bisaya sa Ilonggo. Sinabi ng mga kalahok sa pananaliksik na hindi sila dapat tawaging Bisaya o nilalahat silang Bisaya. Anila, ang mga Bisaya ay ang mga taga-Cebu, Negros, Bohol at iba pa o nagsasalita ng Sibuhanon samantalang ang mga Ilonggo ay nagsasalita ng Hiligaynon, sila ang mga taga-Iloilo, Bacolod, Antique, Capiz, ilang bahagi sa Mindanao. Taliwas ang pahayag na ito sa sinabi ni Panganiban (1962) sa kaniyang “101 Tanong at Sagot na Pangwika,” ang Bisayang-Hiligaynon ay ang mga Ilonggo, Kiniray-a, Aklanon, Panitikanon, Kuyonon, Palawanon at iba pa. At sa Bisayang-Sibuhanon naman ay ang Sibuhanon-Sebu, Sibuhanon-Negros, Sibuhanon-Bohol at iba pa. Ang pagkaunawa sa varayti at varyasyon ng wika ay mahalagang malaman ng sinuman lalo na ang mga nasa akademya upang maiwasan

ang mga sitwasyong nabanggit.

Pinanaligan ng pag-aaral na ito ang tinuran ni Alonzo (2002) na ang bawat wika ay may sariling henyo o likas na kakayahan. Nangangahulugan ito na may kapasidad itong bumuo ng mga salita, kakaibang mga padron, paraan ng mga pagsasama ng mga grupo ng salita para makabuo ng pangungusap, at sariling pananda ng diskurso. Ang teoryang ito ay napatotohanan sa mga interlokyutor ng pag-aaral na ito. Mababalideyt din ng argumentong ito sa pangunahing katangian ng wikang Filipino: ito ang pagbubuo o pagkakaroon ng mga varayti nito. Bilang isang lingua franca o wikang komon sa mga tagapagsalita ng iba't ibang wika sa Pilipinas, makabubuo ng mga lingguwistikong varayti o varyasyon sa loob ng wikang ito dulot ng pagiging pangalawa at pangkalahatang wika nito at ng impluwensiya ng mga unang wika. Kaya may nabubuong Cebuano-Filipino, Ilokano-Filipino, Hiligaynon-Filipino, Tausug-Filipino, at iba pa. Hindi ito posible sa Pilipino – dating wikang pambansa dahil isa ang batayan nito, ang wikang Tagalog (Constantino 2002). Ang nabanggit na sitwasyon at penomenong kaugnay ng pagkakaroon ng mga lingguwistikong varayti ng wikang Filipino ay maaaring iugnay at ibatay sa ilang palagay at mga teoryang pangwika. Una: sosyo-lingguwistikong teorya na batay sa pamamalagay na ang wika ay isang panlipunang penomenon. Dito pumapasok ang katangian ng wika sa pagiging *heterogenous* o may iba't ibang anyo. Umusbong dito ang Tagalog-Batangas, Iluko-Ilocos Norte, Bicol-Naga, Philippine-English, Singlish at iba pa. Mayroon ding Filipino-Bakla, Filipino-Kolehiyala, Filipino-Tsimay, Filipino-Sugarol at iba pa. Ikalawa, nagkakaroon ng hirerkiya sa anyo ng wika dahil sa pagkakaroon ng iba't ibang varayti, anyo, o register ng wika na nagbubunga ng problema. Tinawag itong “*deficit hypothesis*” ni Bernstein na nagbubunga ng di-pantay na pagtingin ang ganitong katawagan. Ang teorya naman ng *convergence/divergence, interference phenomenon*, at konseptong *interlanguage* ay bahagi rin ng talakay. Ang *interference phenomenon* at *interlanguage* ay nakapokus sa mga wikang kasangkot. Ang pagbuo ng

mga varayti ng wikang Filipino ay halimbawa ng language interference. Ang impluwensiya ng unang wika, halimbawa ang Sebwano, ay kapansin-pansin kapag nagsasalita na ng wikang Filipino: halimbawa: Doon ako magkain sa kantin.

Malaki ang impluwensiya ng unang wika sa paggamit ng ikalawang wika kung kaya ang mga nabanggit na teorya at konsepto ay may malaking kinalaman lalo na sa kaso ng Filipino bilang pambansang lingua franca at pangalawang wika.

ETIKAL NA KONSIDERASYON

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral sa TUP na ang unang wika ay Hiligaynon na nag-aaral sa Inhenyeriya na nagtatrabaho na. Bago isinagawa ang pag-aaral, ipinabasa at pinalalagdaan ng mananaliksik ang Pormularyo sa Paglahok (*Consent Form*) upang matiyak ang pagsang-ayon ng mga mag-aaral. Naging daan ang resulta ng pag-aaral na ito upang maging mulat at malay ang mga mag-aaral na Filipino ang kanilang unang wika upang matutong tanggapin at igalang ang varayti ng wikang mayroon ang mga mag-aaral na Bisaya na ang hindi Filipino ang L₁. Isinaalang-alang din ang kumpidensiyalidad ng mga datos na nalikom. Sa kabuoan, isinaalang-alang ang mga aspekto ng mga etikal na konsiderasyon ng mga kalahok. (1) Panganib. Walang dulot na panganib ito sa mga kalahok sapagkat higit na isinaalang-alang ng mananaliksik ang kumpidensiyalidad ng pagkakakilanlan ng mga interlokyutor sa pag-aaral. (2) Pag-iwas sa Pinsala. Tinitiyak din sa pag-aaral na walang anumang idudulot na pinsala, pisikal man o emosyonal sa mga mambabasa ng artikulong saliksik. (3) Katuwiran at Obhektibidad. Binigyang-tuon ang katuwiran at obhektibidad sa pagkolekta at pag-interpret ng mga datos. Isinagawa ito nang walang bahid ng personal na opinyon o perhuwisyong dulot ng saliksik. (4) Pagiging Responsable sa Publiko: Higit na isinaalang-alang ang posibleng implikasyon ng mga natuklasan sa mga kaugnay na pag-aaral at literatura.

WIKANG HILIGAYNON

Sa Pilipinas, ang wikang Tagalog ay ginagamit sa Maynila at sa mga kalapit na lalawigan, umaabot sa bawat direksiyon mula sa lalawigan ng Rizal sa hilaga, patungo sa gitna at hilagang bahagi ng Bulacan hanggang sa Nueva Ecija. Sa silangan at hilagang silangan ay umaabot sa mga distrito ng Infanta at Prinsipe sa baybaying Pasipiko. Sa kanluran naman ay umaabot sa look ng Maynila hanggang sa lalawigan ng Bataan. At sa timog ay umaabot sa mga lalawigan ng Cavite, Laguna, Batangas at Quezon. Sa labas ng Luzon, ang wikang Tagalog ay ginagamit din sa Mindoro at Marinduque, sa dagat Tsina at sa Polillo at ilang maliliit na isla sa Pasipiko.

Ang wikang Bisaya naman ay may tatlong sangay: Sibuhanon, Hiligaynon, at Samar-Leyte. Ang Sibuhanon ay ginagamit sa mga lungsod at lalawigan ng Cebu, Misamis Occidental, Misamis Oriental, Zamboanga at Davao. Ang Hiligaynon naman ay ginagamit sa lungsod ng Bacolod, Negros Occidental, Pulo ng Guimaras, Lungsod ng Iloilo, sa mga bayan sa kahabaan ng baybayin ng lalawigan ng Iloilo, gaya ng Dumangas, Banate, Estancia, Sara at sa lalawigan ng Capiz at Romblon. Sa mga taga-Bacolod, ang Filipino ay pangalawang wika. Kaya sa pagtuturo nito sa kanila, maraming suliraning dapat maunawaan ang guro. Hindi kataka-taka kung may naririnig na Filipino-Hiligaynon dahil sa anyo, himig, intonasyon, kahulugan at pagkakaayos sa unang wika ay dala-dala sa pag-aaral ng ikalawang wika at ito ay hindi kaagad-agad nawawala at hindi dapat ipagtaka ang bagay na ito.

BACOLOD - HILIGAYNON FILIPINO

Ang nalikom na mga datos ay batay sa sumusunod: (1) pakikipanayam sa mga interlokyutor-estudyante ng mananaliksik, (2) pagsusuri sa kanilang komposisyon, at (3) paraan ng pagsasalita sa loob at labas ng klase. Sa kabuoan nakatala ang kategorisasyon ng mga nakalap na datos: (a) paraan ng pagbigkas ng iba-ibang salita, (b) paggamit ng pandiwa at (c) pagbuo ng pangungusap sa Hiligaynon-Filipino: *code-switching* at *code-mixing*. Isinaalang-alang din sa demograpikong profayl ng mga kalahok ang kanilang kasarian.

1. Paraan ng Pagbigkas sa Ilang Salita

a. Binibigkas na /e/ ang /i/

Halimbawa:

/nasabi/-/nasabe/	/nangyayari/-/nangyayare/
/madami/-/madame/	/lider/-/leder/
/nasabi/-/nasabe/	/malaki/-/malake/
/pangyayari/-/pangyayare/	/nagpupursigi/-/nagpoporsige/
/epektibo/-/ipiktibo/	/responsible/-/risponsable/

b. Binibigkas na /i/ ang /e/

Halimbawa:

/pwede/-/pwidi/	/base/- /basi/
/dependa/ -/dipinsa/	/depende/ - /dipindi/
/sign pen/ -/sign pin/	/rebelyon/-/ribilyon/
/raket/-/rakit/	/basketbol/ - /baskitbol/

c. Binibigkas na /o/ at /u/

Halimbawa:

/tagatustos/-/tagatostos/	/pumayag/ -/pomayag/
/manggagamot/-/manggagamut/	/tapos/-/tapus/

/panunulsol/-/panunolsol/
/suestiyon/-/sohestiyan/

/pumasok/-/pomasok/
/dayuhan/-/dayohan/

Sa usapin ng pagsulat ng mga mag-aaral ng komposisyon natuklasan na hindi nagaganap ang pagpapalitan ng /e/ sa /i/ at /o/ sa /u/. Ayon sa pakikipanayam sa mga interlokyutor sa pag-aaral, para sa kanila ang pagsulat ng komposisyon ay pormal na gawain. At dahil ito ay tsinetsek, maingat sila sa pagsulat. Dagdag pa nila na sila mismo ay sinisipat nang maigi ang kanilang komposisyon kaya hindi sila nagkakamali rito. Malay o *conscious* sila dahil pasulat na gawain ito. Sa pag-aaral ni Alecando (1982) tungkol sa mga tambalang pangngalan ng Hiligaynon, sinabi niyang karamihan sa mga ito ay hango sa wikang Espanyol ngunit may pagkakataon na ang anyong tunog ay napapalitan ng ponemang katutubo. Dagdag pa niya na ang tambalang pangngalan ng Hiligaynon ay ginagamit na pangawil samantalang ang wikang Espanyol ay hindi. Napatunayan ang mga obserbasyong ito sa datos na nakalap sa mga interlokyutor.

2. Paglilipat ng diin sa salita

Halimbawa:

Hiligaynon sa Filipino
maga'gandang-magaganda'ng
pagla'laan-paglalaan
alaala'-a'laala
nakiki'ta -nakikita'
magaga'mpanan-magagampanan
ma'aasahan-maaasahan
pagkakata'on-pagkatao'n
pi'nggan-pinggan
nari'tu-na'rito
mano'nood (naging pandiwa sa halip na pangngalan)-ma'nonood
pag-a'bot- pag-abot
magkakapa'tid-ma'gkakapatid
luma'go-lumago'

3. Paggamit ng Pandiwa

Sa halip na gamitin ang panlaping **-um**, malimit nilang ginagamit ang **mag-** sa pandiwa.

Halimbawa:

Magbiyahe ka ba lage?
Mamaya pa ako *magpasok* sa trabaho.
Magtawag ako sa phone.
Mag-watch ako ng movie mamaya.
Magkain ka ba ng piyaya?
Mahirap *magpili* ng asawa.

***Ang mga aspekto ng pandiwa ay ang sumusunod:**

/ma/- para sa panghinaharap hal. *makain, matulog, ma-share*
/naga/- para sa kasalukuyan hal. *nagakain, nagatulog, naga-share*
/nag/- para sa nagdaan hal. *nagkain, nagkain, nag-share*

4. Pagbuo ng Pangungusap/Code-Mixing at Code switching

Sa Depinisyon: Ang *code switching* at *code mixing* ay mga pangyayari sa wika na nagaganap kapag ang mga indibidwal ay gumagamit ng higit sa isang wika sa loob ng isang pahayag o pag-uusap. Bagama't maaaring magkatulad ang mga ito, may malinaw pa ring pagkakaiba sa pagitan ng dalawa. Ang *code switching* ay ang pagpapalit-palit sa pagitan ng dalawa o higit pang wika sa loob ng isang pag-uusap. Karaniwang nangyayari ito kapag ang mga indibidwal ay bihasa sa maraming wika at pinipili na lumipat sa pagitan ng mga ito upang ipahayag ang iba't ibang ideya, emosyon, o pagkakakilanlan. Madalas itong ginagamit upang makipag-usap sa mga taong nagsasalita ng iba't ibang wika o upang lumikha ng isang partikular na epekto sa lipunan o kultura. Samantalang ang *code mixing* naman ay nagsasangkot ng pagpasok ng mga salita o parirala mula sa isang wika patungo sa isa pa sa loob ng isang pahayag. Madalas itong nangyayari nang hindi sinasadya o bilang resulta ng pakikipag-ugnay sa wika at bilingguwalismo. Maaari itong mangyari kapag ang mga indibidwal ay hindi ganap na bihasa sa isa sa mga wika o kapag nais nilang ipahayag ang isang konsepto o ideya na mas madaling maiparating sa isang wika kaysa sa isa pa.

Sa usapin naman ng Estruktura: Ang *code switching* ay nagsasangkot ng isang mas maayos na pagpapalit-palit sa pagitan ng mga wika, habang ang *code mixing* ay madalas na nagsasangkot ng pagpasok ng mga indibidwal na salita o parirala.

Kung susuriin ang Layunin: Ang *code switching* ay madalas na sinadya at ginagamit upang ipahayag ang mga partikular na kahulugan o pagkakakilanlan, habang ang *code mixing* ay maaaring hindi sinadya o ginagamit upang mas madaling ipahayag ang mga ideya.

Sa antas ng Kahusayan: Ang *code switching* ay karaniwang nangangailangan ng mataas na antas ng kahusayan sa parehong wika, habang ang *code mixing* ay maaaring mangyari kahit na hindi ganap na bihasa ang mga indibidwal sa isa sa mga wika.

Samakatuwid, ang code switching at code mixing ay parehong karaniwang mga pangyayari sa wikang nangyayari kapag ang mga indibidwal ay gumagamit ng higit sa isang wika sa loob ng isang pag-uusap. Bagama't maaaring magkatulad ang mga ito, naiiba ang mga ito sa mga tuntunin ng estruktura, layunin, at ang antas ng kahusayan sa wika na kinakailangan. Ang pag-unawa sa mga pangyayari na ito ay mahalaga para pahalagahan ang pagkakaiba-iba ng paggamit ng wika at ang mga paraan kung saan maaaring gamitin ang wika upang ipahayag ang pagkakakilanlan, kultura, at mga pangangailangan sa komunikasyon.

Nakatala sa ibaba ang mga nakalap na datos sa mga interlokyutor ng pag-aaral:

Halimbawa:

Mag-change ako ng sabjek.

This is what kind of, yung ano ba... this is what kind of world or this is the day of survival.

Kailangan napa-share natin yong talent naten.

Past time natin ang mag-watch ng tv. Malake ang impluwinsya nito sa ating family.

Nakalimotan natin kung minsan ang mag-pray. So, mataas ang rate ng incidence ng crime.

Kung ano ang family background natin nag-rereflect yon sa 'ten.

Dapat naka-concentrate sa family, despite sa modernization.

Usually, yong isang mag-asawa, mas maraming anak mas maganda pero di na 'yun applicable ngayon.

Sa time ng lolo at lola natin iba ang trend.

Despite sa modernization, nag-papromise pa rin tayo.

Ginagawa nilang endorser ng product nila ang players.

So, paraan ito sa pag-advertise which is yong damit, sapatos, etc. ...yong basketbol.

Pinakamahusay itong paraan sa pag-advertise ng kultura.

The moment na magkaroon ng problema halimbawa ang nakatakas na terorista nagsisisihan sila. (*Nakita ito sa komposisyon ng mga estudyante*)

Then again, may iba na namang problema. (*Nakita ito sa komposisyon ng mga estudyante*)

Ang wikang Hiligaynon ang unang wika (L_1) ng mga interlokyutor sa pananaliksik na ito at Ingles naman ang kanilang pangalawang wika (L_2). Ang paggamit ng Filipino ay nagagamit lamang nila sa asignaturang Filipino. Ayon sa kanila oa (*over acting*) ang dating sa kanila ng nagsasalita ng wikang Filipino o di kaya'y *trying hard* at papansin. Kaya *less priority* sa kanila ang wikang Filipino. Datapwat, mataas ang pagtingin nila, sa kanilang probinsiya, sa mga taong galing sa Maynila at taga-Maynila. Kung ang kanilang kababayan ay nanggaling sa Maynila at matagal na nanirahan sa Maynila, hindi oa ang tingin nila dito, okey lang sa kanila ito lalo na kung taal na taga-Maynila ang nagsasalita. Ngunit kung tagaroon lamang sa kanila at nagsasalita ng wikang Filipino, negatibo ang dating sa kanila at madalas kinaiinisan pa nila ito. Sinabi rin nila na sa kabuoan, nahihirapan sila sa intonasyon ng wikang Filipino. Kung kaya, pinakikinggan muna nila ang mga Tagalog sa pagsasalita nito at pinag-aaralan nila ito nang husto. Kaya nga, ayon sa mga lalaking estudyante, maging sa trabaho ay tahimik sila para maiwasan ang pagkakamali nila sa pagsasalita. Ayon nga sa matandang kasabihan, "*less talk, less mistake*." Taliwas naman ito sa pananaw ng mga babae. Mas nagsasalita raw sila ng wikang Filipino para matuto agad sila. Kaya nakikisalamuha sila sa mga katrabaho nila at maging sa pamantasan lalo na sa oras ng breyk. Pagdating naman sa ibang wika, kapag may narinig silang ibang wika o diyalekto ang ginagamit sa pag-uusap halimbawa sa dyip, pinakikinggan nila ito dahil *curious* sila ngunit hindi kailan man daw na nagtawa sila. Kung kaya, kapag pinagtatawanan sila ng mga Tagalog, nahihiya sila at pakiramdam nila ay na-didiscriminate sila. Ayon sa mga kalahok na babae, lalo nilang nilalakasan ang kanilang boses upang inisin ang nagtatawa sa kanila kung sakaling nagkamali sila sa pagsasalita pero sa mga lalaking kalahok sa pag-aaral, *deadma* na lang sila at lumalayo sa usapan; at kung minsan nama'y tumatahimik na lamang sila. Ayon sa mga pag-aaral, isa sa epekto ng

pagkakaiba ng paraan ng paggamit ng wika ay ang kasarian. Dahil magkakaiba ang kasarian ng tao, magkakaiba rin ang paggamit nila rito na maaaring magdulot ng pagbabago sa wika. Maraming pag-aaral ang nagpatunay na mas gumagamit ng "*standard language*" ang kababaihan kaysa sa kalalakihan. Gumagamit din ang kababaihan ng wastong salita at iba't ibang intonasyon sa pakikipag-usap. Bukod pa rito, pinipili nila ang mabubulaklak at maligoy na pangungusap upang ipakita ang interes sa usapan. Samantala, mas pinipili ng kalalakihan ang maiikli, simple, at direktang usapan (Dong, 2014).

Napatunayan din sa pag-aaral na walang kinalaman o hindi salik ang tagal ng pamamalagi o paninirahan ng interlokyutor sa Maynila upang matuto sila nang husto sa intonasyon ng Filipino o sa mga leksikon nito, bagkus nakasalalay ito sa saloobin ng ispiker; ang pagkatuto nila sa wikang Filipino. Sa puntong ito, napatotohanan na naging salik ang kasarian na nakakaimpluwensiya sa kanilang pagkatuto ng wikang Filipino. Wala ring gaanong pakialam ang mga lalaki kung nagkakamali sila sa pagbigkas dahil Filipino lang naman daw iyon pero kung ibang wika halimbawa, may kaibigan silang German o Intsik mas pinag-aaralan nila iyon kaysa sa wikang Filipino. Nahahamon din naman daw sila kapag may pinagtatawanan ang kanilang paraan ng pagbigkas ng wikang Filipino, positibo naman ang pananaw dito ng ilan. Madalas din silang magkamali sa diin, dahil medyo malumanay at malambing ang kanilang bigkas kaya nga nang bago pa lamang sila sa Maynila, inakala nilang bastos ang mga tao rito dahil ang titigas bumigkas at para raw laging galit. Ngunit, sa isang banda, kung minsan ay bastos din daw ang pagtingin sa kanila ng mga taga-Maynila dahil sa hindi nila paggamit ng **po** at **opo** (ayon ito sa mga kalahok sa pag-aaral). Kapag nasa kompanya naman sila at katrabaho nila ang kanilang kausap, Hiligaynon ang wikang ginagamit nila kahit *out numbered* sila. Wala silang pakialam kung hindi ito nauunawaan ng mga taong nakapaligid sa kanila kahit alam nilang *unethical* ito; lalo pa kung kinaiinisan

nila ang mga taong nasa paligid nila. Kahit na mas mataas ang katungkulan ng mga taong nakapaligid sa kanila at iba ang wika nito kaysa sa kanila ay patuloy pa rin sila sa pagsasalita ng wikang Hiligaynon. Natuklasan pa, na Ingles ang ginagamit nilang wika kapag hindi sila sigurado sa pagbigkas ng salita at upang maiwasan na rin ang pagkapahiya at pagkakamali. Hindi rin sila gumagamit ng malalalim na salitang Tagalog lalo na kung di naman nila naintindihan ito o narinig lang kaya na ginagamit kahit ng nakararami. Hindi rin sila sigurado kung saan ang diin. Madalas silang nagkakamali at mahirap ang bagay na ito para sa kanila. Kaya nagmamasid muna sila at pinakikinggang mabuti ang bagay na ito (pagbigkas sa salita). Bihira sa mga lalaki ang nagtatanong sa bagay na ito (itanong sa mga Tagalog ang tamang pagbigkas). Mas ginagawa ng mga babae ang bagay na ito – ang pagtatanong, dahil gusto nilang matuto at ayaw nilang mapahiya. Karaniwan ding malakas ang kanilang boses kapag nagsasalita. Ang mga natuklasan sa ginawang pag-aaral ay umaalinsunod sa talakay ni Yule (2010) sa kaniyang batayang aklat na “The Study of Language”. Ayon sa kaniya, may dalawang uri ng varyasyon ang wika. Una ay naimbestigahan sa pamamagitan ng *geographic linguistics*, na nagdidiin sa rehiyonal na varayti. Ikalawa ay ang mga sangkot na salik sa panlipunang varyasyon sa gamit ng wika.

Sa pag-aaral naman ni Gannaban (2007) sa pagsusuri ng mga piling lingguwistikong aytem sa pasalitang diskurso ng paglalarawan ng Tagalog varayti sa Taguig, lumitaw sa pag-aaral na sa antas ponolohiya, madalas na nagpapalitan ng ponema /e/ sa /i/ at ponemang /o/ at /u/ sa nabubuon varayti sa mga ispiker. Madalas makita ang ganitong kalakaran sa mga ispiker na Bisaya: Aklanon, Bicolano, Cebuano, Hiligaynon, Kinaray-a, at Waray-waray. Sa antas naman ng morpolohiya natuklasan ang sumusunod: (1) Ang paglalapi – lumitaw sa pagsusuri na ginamit ng ilang interlokyutor sa kanilang unang wika (L_1) (e.g. mag/maga, nag/naga, gin/gi). Aglutineyitib ang tawag dito. (2) Ang pagpaparami o pluralizing – napansin sa pag-aaral ang paggamit ng pananda/marker na ‘mga + s. u + s’ ng mga interlokyutor. Ilan

sa mga ito ay: mga prends, mga projects, mga assignments, mga parents, at mga foods. (3) Ang pag-uulit o *reduplication* – lumitaw sa pag-aaral na madalas gamitin ng mga interlokyutor ang pag-uulit bilang indikasyon o *desultory* (nagapicture– picture) at ang pag-uulit bilang pagdidiin (e.g. uking-uki) na nangangahulugang paniniyak sa kalagayan. (4) Ang pagtawag o *forms of address*. Ginamit ng mga interlokyutor ang mga pantawag na dong/dudung, inday/day, tata, manong/nang, tito/a, tiyo/a, uncle/auntie, mamang at palangga/pangga/ga. Ang mga natuklasang nabanggit sa pag-aaral ay lumitaw din sa konteksto ng usapan ng mga interlokyutor sa isinagawang pananaliksik ni Gannaban (2007).

Napatunayan din sa kasalukuyang pag-aaral na ang varayti ng Filipino na ginamit sa pahayag sa mga klase ng mga mag-aaral ng Inhenyeriya. Ang mga ito ay naobserbahan sa mga naitalang datos ng usapan at sa komposisyon ng mga interlokyutor: (1) Panghihiram sa Ingles na hinihiram ang buong salita, panghihiram sa paraang may anyo ng kulturang Filipino sapagkat ginagamit ang wikang katutubong sistema sa pagbubuo ng mga salita. (2) Paggamit ng katutubong salita pagkatapos sinusundan ng salitang Ingles. Pinag-uugnay ito ng mga salitang Ingles na sinusundan ng katumbas na salitang katutubo at paghahalo sa isa o higit pang pangungusap ng salitang katutubo, Ingles at Kastila sa konstruksiyon ng pangungusap ng wikang Filipino sa isang napakanatural na paraan.

Sa kabuoan, lumitaw sa pag-aaral na may varayting nabubuo ang mga taga-Bacolod na nag-aaral sa TUP-Taguig na tinawag na Tagalog-Bacolod. Matutukoy ang mga ito sa paraan ng pagbigkas ng mga interlokyutor tulad ng malayang pagpapalitan ng ponemang /i/ sa /e/ at /o/ sa /u/, paggamit ng panlaping mag+ salitang-ugat at *code mixing/ switching*. Maituturing na nagkaroon sila ng “*language innovation*” sa paggamit nito upang makaagapay sila sa paggamit ng wika sa lugar na kanilang kinabibilangan. Sa punto de bista ng preskriptibong gramatika, sa mga naunang tala ng obserbasyon sa mga interlokyutor hinggil sa paggamit ng wikang Filipino, tila problematik ang ganitong usapin. Sa kabilang

banda, sa usapin ng deskriptibong gramatika, taliwas ito sa naunang pahayag, tungo sa pagpapayabong ng wikang Filipino. Umusbong dito ang varayti ng wikang Filipino na ginagamit ng mga interlokyutor sa pag-aaral.

MEKUS-MEKUS SA ISYUNG PANGWIK

Ang konsepto ng “mekus-mekus” ay maaaring maging isang mahusay na lente upang mas malalim na maunawaan ang mga resulta ng ginawang pag-aaral sa varayti ng wikang Filipino ng mga estudyanteng Hiligaynon na nag-aaral sa Taguig. Sa pagtatahip ng mga datos, lumitaw ang sumusunod: (1) Mekus-Mekus bilang Paghahalo ng mga Wika at Diyalekto: (a) Intonasyon at Pagbigkas: Ang pagkakaiba sa intonasyon at pagbigkas ng mga estudyanteng Hiligaynon ay maaaring ilarawan bilang isang “mekus-mekus” ng kanilang unang wika at ng wikang Filipino. (b) Leksikon: Ang paggamit ng mga salitang Hiligaynon sa mga kumbersasyon ay nagpapakita ng isang uri ng “paghahalo” ng dalawang wika. (2) Mekus-Mekus bilang Pagbabago ng Wika: (a) Impluwensiya ng Konteksto: Ang pagkakaiba sa paggamit ng wika sa pormal at di pormal na sitwasyon ay nagpapakita kung paano nagbabago ang wika upang umangkop sa iba’t ibang konteksto. (b) Epekto ng Edukasyon: Ang pag-aaral ng wikang Filipino sa isang pormal na seting ay maaaring magdulot ng mga pagbabago sa paraan ng pagsasalita ng mga estudyante. (3) Mekus-Mekus bilang Pagkakakilanlan: (a) Pagpapahayag ng Pagkakaroon ng Dalawang Wika: Ang paggamit ng parehong Hiligaynon at Filipino ay maaaring maging isang paraan para sa mga estudyante na ipahayag ang kanilang pagkakakilanlan bilang mga indibidwal na may dalawang wika. (b) Pag-aangkop sa Bagong Kapaligiran: Ang pag-aangkop ng kanilang wika sa bagong kapaligiran ay maaaring makita bilang isang paraan ng paghahanap ng kanilang lugar sa isang mas malaking komunidad.

Kung uugatin ang pinagmulan ng salitang “mekus-mekus” isinaad na ang salitang ito ay mabilis na naging popular sa *social media* sa ating bansa na ginagamit ng mga *user* sa

memes at kapsiyon nang hindi kinakailangang maintindihan ang kahulugan nito. Si Mr. Nobodydudy, isang kilalang Indian *content creator*, ang sinasabing gumamit ng salitang ito sa kaniyang Facebook. Ibinahagi niya na ang ekspresyong “mekus mekus” ay isang malikot na paraan ng pagbigkas ng “mix mix.” Upang magawa ang tunog na “mekus mekus”, dapat basahin ang “mix mix” sa isang mabagal na Indian aksent (halaw sa <https://mb.com.ph/2023/10/11/read-meaning-behind-the-viral-word-mekus-mekus>). Sa madaling salita, maaaring ipalagay na ang “mekus-mekus” ay isang salitang Filipino na madalas gamitin bilang paglalarawan sa isang bagay na halo-halo o pinaghalo-halo. Sa konteksto ng mga isyung pangwika, maaaring gamitin ang “mekus-mekus” upang ilarawan din ang: (1) Code Switching at Code Mixing: Paghahalo ng mga wika: Ang “mekus-mekus” ay maaaring direktang tumukoy sa mga sitwasyon ng code switching at code mixing, kung saan ang mga salita at parirala mula sa iba’t ibang wika ay pinaghalo-halo sa isang pag-uusap. (2) Pagkakaiba-iba ng mga diyalekto: Maaari ding gamitin ang “mekus-mekus” upang ilarawan ang pagkakaiba-iba ng mga diyalekto sa loob ng isang wika, kung saan ang mga salita at pagbigkas ay maaaring mag-iba-iba mula sa isang rehiyon patungo sa isa pa. (3) Impluwensiya ng mga banyagang wika: (a) Paghiram ng mga salita: Ang patuloy na pagpasok ng mga salitang banyaga sa wikang Filipino ay maaaring ilarawan bilang isang uri ng “mekus-mekus” sa wika. (b) Pagbabago ng gramatika at sintaksis: Ang impluwensiya ng mga banyagang wika sa gramatika at sintaksis ng Filipino ay maaaring makita bilang isang pagbabago sa “purong” anyo ng wika.

Sa pangkalahatan, ang salitang “mekus-mekus” ay maaaring gamitin bilang isang metapora upang ilarawan ang pagiging kumplikado at pagkakaiba-iba ng mga isyung pangwika sa Pilipinas na naglulundo sa language interferene. Ito ay nagpapahiwatig ng isang pakiramdam ng pagbabago, paghahalo, at pag-aangkop na patuloy na nangyayari sa ating wika. Isang malaking suliranin pa rin magpahanggang sa kasalukuyan ang usapin sa mga isyung pangwika sa ating bansa, isang

mekus-mekus na penomenon na tila ba walang katiyakan ang mga polisiya.

KONGKLUSYON

Ang papel na ito ay isa lamang pahapyaw na pagdalumat sa varayti ng wikang Filipino na ginagamit ng mga estudyante mula sa siyudad ng Bacolod na nag-aaral ng Inhenyeriya sa Taguig. Batay sa mga nailahad na resulta ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na kongklusyon: Sa kabuoan, masasabing hindi naman naiba ang Hiligaynon sa Filipino sa iba pang varayti ng Filipino na ginagamit ng ibang mga grupo dito sa Pilipinas maliban lamang sa intonasyon, paraan ng pagbigkas, at sa varyasyon ng ibang leksikon na maaaring nagpapakita ng katangian. Nagkakaroon ng malaking epekto ang wikang ginagamit sa paraan ng pagbubuo ng salita. Umaalinsunod ito sa teorya ng dimensyong heograpikal na nagbubunsod sa pagkakaroon ng heograpikong varayti. Napatunayan din sa pag-aaral na mas madalas lumabas ang intonasyong Hiligaynon ng mga lalaki sa pagsasalita kumpara sa mga babae. Ayon sa pakikipanayam sa mga kalahok sa pag-aaral, sinabi nila na hindi sila malay/conscious sa pagsasalita kung nagkakapalitan man ang kanilang /e/ at /i/ o ang kanilang /o/ at /u/. Aminado rin sila na mas *articulate* sa kanila ang mga babae sa pagsasalita dahil mas conscious ang mga babae sa tamang pagbigkas ng wikang Filipino. Napansin din na hindi halos mababakas sa mga babaeng estudyante na Hiligaynon ang kanilang unang wika. May kinalaman ang mga ito sa kanilang saloobin. Napansin na hindi gaanong nagkakamali ang mga kalahok pagdating sa pagsulat halimbawa

ng komposisyon, pagsulat ng editoryal at iba pang sulating gawain. Ayon sa kanila, seryoso ang bagay na ito - ang pagsulat, kung kaya pinag-aaralan nila ito at maingat sila na hindi magkamali sa bagay na iyon. Bagamat may ilan pa ring nagkakamali sa pagsulat na karamiha'y sa mga lalaki lamang nakita. Halimbawa ang pagpapalit ng /e/ sa /i/. Napatunayan sa puntong ito na salik ang kasarian sa varayti ng wika.

Ang pagkaunawa sa varayti at varyasyon ng wika ay mahalagang malaman ng sinuman lalo na ang mga nasa akademya upang maiwasan ang diskriminasyon at pagkapahiya ng mga di-taal na tagapagsalita ng wika. Ang paggalang sa bawat isa ay dapat isaisip at isagawa upang maiwasan ang alitan. Daan din ito upang lalo pang lumawak ang wikang Filipino - ang wika nating lahat - kaya naman pananagutan nating lahat ito at hindi lang ng iilan. Kaya nga sinabi ni Laurel Jr. na, "Dakila at mapalad ang isang bansa na may katutubong wika. Sa pamamagitan nito naipapahayag ng mga mamamayan ang kanilang sariling damdamin, layunin at adhikain. Ang sariling wika ay isa ring sagisag ng bawat isang lahi..." Ang "mekus-mekus" na isyung pangwika na inilahad sa pag-aaral ay maaaring maglundo ng isang mas malalim na pag-unawa sa dinamiko ng pagbabago ng wika at ang mga implikasyon nito sa pagkakakilanlan at komunidad. Ang paggamit ng mga estudyante ng parehong wikang Hiligaynon at wikang Filipino ay nagpapakita ng isang 'mekus-mekus' na wika, na sumasalamin sa kanilang pag-aangkop sa dalawang magkaibang kultura at konteksto.

BIBLIYOGRAPIYA

- Alonzo, Rosario. "Varyasyon at Varayti ng Wika." *Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*, inedit nina Jovy M. Peregrino, Pamela C. Constantino, at Nilo S. Ocampo, Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, 2002, pp. 25–28.
- Antonio, Lilia F., at Ligaya Tiamson-Rubin, mga editor. *Sikolohiya ng Wikang Filipino: Mga Simulain, Pamamaraan at Nilalaman*. C & E Publishing, 2003.
- Constantino, Pamela C. "Pluralidad Tungo sa Identidad: Ang Varayti ng Wikang Filipino sa Pagbuo ng Wika at Kamalayang Pambansa." *Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*, Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, 2002, pp. 52–58.
- Crystal, David. *The Penguin Dictionary of Language*. 2nd ed., Penguin, 1999.
- Deskripsyon ng Filipino*. Komisyon sa Wikang Filipino, Resolusyon Blg. 92-1, 2007. <http://wika.pbworks.com/w/page/8021710/Resolusyon%20Blg%2092-1>.
- Dong, Jinyu. "Study on Gender Differences in Language under Sociolinguistics." *Canadian Social Science*, vol. 10, no. 3, 2014, pp. 92–96. DOI:10.3968/4602.
- Fowler, Roger. *Linguistics and the Novel*. Methuen, 1977.
- Gannaban, Maria Fe E. *Pagsusuri ng mga Piling Linggwistikong Aytem sa Pasalitang Diskurso: Isang Paglalarawan ng Tagalog Varayti sa Taguig*. 2007. Pamantasang Normal ng Pilipinas, PhD Disertasyon.
- Labov, William, et al. *A Study of the Non-Standard English of Negro and Puerto Rican Speakers in New York City*. Cooperative Research Project no. 3288, Columbia University, 1968.
- Meyerhoff, Miriam. "Sociolinguistic Variation and Change." *Encyclopedia of Life Support Systems (EOLSS)*, 2013. <http://www.eolss.net/Sample-Chapters/C04/E6-91-06-01.pdf>.
- Peregrino, Jovy M., et al. *Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, 2002.
- Ramos, Teresita V. *Makabagong Balarila ng Pilipino*. Rex Book Store, 1985.
- Semorlan, Teresita Perez. *Chavacano Barayti ng Filipino sa Zamboanga: Tungo sa Pagbuo ng Pambansang Lingua Franca*. 2001. Unibersidad ng Pilipinas. PhD Disertasyon.

Walang Awtor. *Pahambing na Pag-aaral ng Tagalog, Sibuhanon at Hiligaynon*. 1980. Pamantasang Normal ng Pilipinas. Masteradong Tesis.

Yule, George. *The Study of Language*. 3rd ed., Cambridge University Press, 2006.



Kasalukuyang Full Professor sa Philippine Normal University (PNU) at Tagapayo ng Kapisanang Diwa at Panitik (KADIPAN) si MARIA FE GANNABAN – HICANA. Nagwagi bilang isa sa mga ULIRANG GURO sa Filipino 2018 ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Manunulat ng aklat at balideytor sa Filipino, Araling Panlipunan, Edukasyong sa Pagpapakatao, Values Education, Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan. Rebyuwer sa Filipino ng Licensure Examination for Professional Teachers (LEPT).

Naghahasik ng kahalagahan ng pedagohiya higit sa pagiging guro. Nagsusumikap na maging isang mabuting nilalang upang kahit pa paano'y umigpaw sa pagiging tao.

Mga Teknik sa Pagsasalin (Translation Techniques) ng mga Culture-Specific Item sa Salin ng *Noli Me Tangere* sa Bahasa Indonesia

ELIEZAR IÑIGO

@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

ABSTRAK

Ang nobelang *Noli Me Tangere* ay naisalin hindi lamang sa wikang Ingles at ilang piling wika Pilipinas kundi maging sa iba pang banyagang wika. Naisalin na rin ang *Noli Me Tangere* sa mga wika sa rehiyon ng Timog-Silangang Asya. Ang salin ng Noli sa Bahasa Indonesia ay inilathala ng Pustaka Jaya sa Bandung noong 1975 na pinamagatang *Jangan Sentuh Aku*, na isinalin ni Tjetje Yusuf hango mula sa dalawang pagsasalin sa wikang Ingles -- ang *The Social Cancer* na isinalin ni Charles Derbyshire (1912) at *Noli Me Tangere* na isinalin ni Priscilla Valencia.

Tatalakayin ng artikulong ito ang mga teknik sa pagsasalin (translation techniques) na ginamit sa pagsasalin ng mga culture-specific item mula sa Noli Me Tangere papunta sa *Jangan Sentuh Aku*. Ang mga datos ay nakuha sa pamamagitan ng pagbabasa ng dalawang pinagmulang teksto (bersiyon ni Derbyshire at Valencia) at target na teksto (*Jangan Sentuh Aku*). Ang mga datos na nakalap ay inuri ayon sa pagsasakategorya ng mga culture-specific item ni Peter Newmark. Dagdag pa, ang mga isinaling termino sa Bahasa Indonesia ay sinuri sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga uri ng translation technique na iminungkahi nina Lucia Molina at Amparo Albir.

Ayon sa pagkalap at analisis ng datos mayroong humigit-kumulang na 457 na culture specific item na makikita sa nobela, kung saan ang pinakamarami ay ang mga materyales pangkultura. Samantala, bilang halimbawa, may 7 teknik sa pagsasalin na ginamit sa salin sa Bahasa Indonesia tulad ng Amplification, Adaptation, Borrowing, Established Equivalence, Description, Generalization, at Literal Translation.

Mga Susing-salita: *Jose Rizal; Noli Me Tangere; culture-specific items; translation techniques; Bahasa Indonesia*

ABSTRACT

Jose Rizal's Noli Me Tangere (Noli), has been translated not only into English and other Philippine languages, but in other foreign languages as well. The Indonesian translation of the Noli was published by Pustaka Jaya in Bandung in 1975 entitled Jangan Sentuh Aku, translated by Tjetje Yusuf which was based on two English translations – The Social Cancer (1912), translated by Charles Derbyshire and Noli Me Tangere (1965), translated by Priscilla Valencia.

This study discusses the translation techniques utilized in translating culture-specific terms from Noli Me Tangere and Jangan Sentuh Aku. Data was derived by reading the source text (Noli Me Tangere) and then target text (Jangan Sentuh Aku). Collected data were then classified according to categorization of culture-specific items proposed by Peter Newmark. Furthermore, the translated terms in Indonesian were analyzed by referring to Lucia Molina and Amparo Albir's proposed categories of translation techniques.

Analysis has revealed that there are 457 culture-specific items found in the novel, wherein material culture was found the most. Meanwhile, there were 7 translation techniques used in Jangan Senuth Aku, which are Amplification, Adaptation, Borrowing, Established Equivalence, Description, Generalization and Literal Translation.

Keywords: Jose Rizal; Noli Me Tangere; culture-specific items; translation techniques; Bahasa Indonesia



INTRODUKSIYON

Ang pagsasalin ay isang uri ng komunikasyon na nagsisikap na makuha at maihatid ang impormasyon, kaalaman, idea, at pananaw mula sa isang wika tungo sa isang pang wika. Nagsisilbi itong isang tulay upang ikonekta ang mga tao mula sa iba't ibang komunidad at kultura sa mundo. Habang nagiging mas konektado ang iba't ibang lipunan sa kasalukuyang panahon, naging mas mahalaga ang pagsasalin sa iba't ibang aspekto ng komunikasyon, na nagbunsod naman sa pangangailangan ng mas tumpak at naayong pagsasalin.

Ang kahalagahan ng pagsasalin ay makikita rin sa pagsasalin ng mga akdang pampanitikan. Ang panitikan ng isang bansa ang nagsisilbing midyum kung paano ang kultura at lipunan ng isang partikular na grupo ay ipinapakita at nauunawaan. Ang pagsasalin ng panitikan ay nagpapakilala sa isang bansa tungo sa isa pang bansa sa pamamagitan ng ibang wika.

Ang proseso ng pagsasalin ay isang komplikado at puno ng hamon na gawain dahil sa katangian ng dalawang wikang kaugnay sa pagsasalin. Bilang depinisyong direkta ang pahayag nina Basil Hatim at Jeremy Munday (2004:6): “[ito ay] ang paglilipat ng nakasulat na teksto mula sa pinagmulang wika (source

language) tungo sa target na wika (target language)”. Ayon naman kay Peter Newmark (1988:5), ang pagsasalin ay ang “paglilipat ng kahulugan ng isang teksto papunta sa ibang wika sa paraang nilalayon ng awtor ang teksto.” Maganda ang pananaw na ito dahil binibigyang -puwang ang iba't ibang salik na kaugnay sa pagsasalin, tulad ng wika, awtor, intensiyon, at teksto. Samantala, ayon kina Eugene Nida at Charles Taber, ang pagsasalin ay ang paglikha sa target na wika ng pinakamalapit na natural na katumbas na mensahe ng pinagmulang wika. Ang depinisyong ito ay mas komprehensibo kompara sa nabanggit sa itaas at binibigyang-diin ang ugnayan ng wika, kahulugan, at equivalence.

Ang pangunahing layunin ng tagasalin ay makamit ang *equivalence* ng mga salita ng pinagmulang wika tungo sa target na wika. Kinakailangan na maihatid ang parehong kahulugan, intensiyon, at epekto ng tekstong isinasalin tungo sa target na wika. Ang terminong “equivalence in difference” ay iminungkahi noong 1950s nang binanggit ni Roman Jakobson sa kanyang artikulo na *On Linguistic Aspects of Translation* na ang pagsasalin ay ang pagsasangkot sa dalawang magkatumbas na mensahe na inihayag sa magkaibang code-unit (Jakobson 1959: 233). May katulad na pananaw na inihain si J.C. Catford (1965), na inihayag na ang equivalence ay umiiral sa level ng mga espesipikong teksto at binigyang-diin na ito ay tumutukoy sa kontekstuwal na kahulugan. Ang patuloy na pagliliwanag sa konsepto ng equivalence ay ginawa nina Eugene Nida and Charles Taber, na binigyang-kahulugan ang pagkakaiba ng formal at dynamic equivalence. Ang kanilang idea ay nakatuon sa pinakamalapit na katumbas ng pinagmulang wika, una sa kahulugan nito at pagkatapos ay sa estilo (Nida 1964: 166. Isa pang kilalang iskolar sa araling salin, si Peter Newmark, ay sinang-ayunan ang mga idea nina Nida sa pamamagitan ng pagtalakay sa semantiko at komunikatibong pagsasalin, na umaayon sa pagkakaiba sa pagitan ng literal at malayang pagsasalin. Samantala, si Mona Baker (1992: 5) ay nagmungkahi ng limang antas ng equivalence: 1) equivalence sa level ng salita, 2) equivalence higit sa level ng salita, 3) equivalence sa grammar, 4) equivalence sa teksto, at 5) pragmatikong equivalence.

Ang kawalan ng equivalence ng isang salita/parirala/gawi/konteksto tungo sa target na wila ay isang malaking hamon sa proseso ng pagsasalin. Dulot ito na samot-saring mga salik, pangunahing dahilan ay ang pagkakaiba ng pinagmulang wika at target na wika. Dito pumapasok ang usapin ng mga terminong kultural o culture-specific items. Ani Baker (1992: 21), ang “karaniwang problema ng kawalan ng equivalence” ay nagmumula sa mga termino at konsepto na espesipiko sa kultura. Kung walang equivalence na maiangkop sa isang salita, ang usapin ng untranslatability (kawalang kakayahang maisalin) ay nagiging

isang problema sa pagsasalin ng mga terminong kultural. Ayon kay Catford (1965: 264), ang mga suliranin sa pagsasalin ay nagmumula sa linguistic at cultural untranslatability. Nagaganap ang linguistic untranslatability kapag walang direktang katumbas para sa isang leksikal o sintaktikong elemento mula sa pinagmulang wika tungo sa target na wika. Sa kabilang banda, ang cultural untranslatability ay tumutukoy sa sitwasyon kung saan ang ilang kultural na termino o konsepto sa pinagmulang wika ay walang katumbas sa kultura ng target na wika.

Ayon kina Hatim at Munday (2004: 34), isang pangunahing problema para sa mananaliksik ay ang pagtukoy kung ang source text o pinagmulang teksto ay nailipat sa target na wika. Bilang tugon sa mga usapin na nabanggit sa itaas, nagmungkahi ang ilang mga iskolar sa pagsasalin ng iba’t ibang paraan para ilarawan at malutas ang problema ng kawalan ng equivalence at untranslatability. Sa araling salin, ang mga pamamaraan o metodo na ito ay tinatawag ng mga iskolar sa iba’t ibang termino tulad ng translation strategies (ayon kay Mona Baker) o translation procedures (ayon kay Nida at Newmark). Mahalaga ang mga konseptong ito dahil nagsisilbi itong metodo ng pagkilala at pagsusuri ng teksto sa inaaral na pagsasalin.

Bilang pagtuon sa ugnayan at kahalagahan ng kultura at pagsasalin, ang mga terminong kultural o kilala rin sa tawag na culture-specific item o CSI ay isang aspekto sa araling salin na madalas siyasatin at talakayin. Ang pananaliksik sa aspektong ito ay mahalaga upang maitampok ang naging proseso sa pagsasalin ng isang akda o teksto tungo sa target na wika. Para sa artikulong ito, itatampok ng mananaliksik ang usapin ng CSI sa isang kaso ng isinaling akda mula sa Pilipinas sa wikang Bahasa Indonesia.

PAGSASALING PAMPANITIKAN SA PAGITAN NG PILIPINAS AT INDONESIA

Hanggang sa kasalukuyan, ang araling salin ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya ay hindi maunlad at hindi madalas saliksikin. Bunsod ito ng iba’t ibang salik, tulad ng Ingles bilang wikang ginagamit

ng mga bansa sa ASEAN at kakulangan ng mga materyales o mga pagsasaling pampanitikan ng mga bansa sa Timog Silangang Asya na maaaring pag-aralan at maging patakarang pangwika ng mga indibidwal na bansa. Bilang isang preambulo para sa Ika-8 Rehiyonal na Palihan ng International Association of Translation and Intercultural Studies (IATIS) noong 2019, inilarawan ng mga convenor na sina Vicente Rafael at Phrae Chittiphalangsri ang estado ng araling salin sa rehiyon:

...many scholars have encouraged the expansion of translation studies... outside the West... there has been a noticeable absence of studies related to Southeast Asia in major Translation Studies publications. Such an absence raises the question of what, if anything, the region might have to offer.... Close attention to the dizzying diversity of Southeast Asia—its linguistic differences, its colonial and postcolonial histories, its volatile politics and socio-religious upheavals... —could contribute significantly to translation studies. ... the cultural, philosophical and historical aspects of translation of this region remain largely under-researched, mainly because of the lack of dialogues on intercultural relativity among the people of its member states.

Samakatwid, ipinupunto ng pahayag ang kakulangan ng pagsasalin at pag-aaral ng salin sa Timog Silangang Asya.

Wala pang 100 taon mula nang ihayag ng mga Indones sa kanilang Sumpah Pemuda noong Oktubre 1928 na ang wikang magbubuklod sa Indonesia ay Bahasa Indonesia at maituturing na nagtagumpay bilang wikang Pambansa na ginagamit sa edukasyon, pamahalaan at midya. Sa kabuoan ng kanilang kasaysayan bilang isang Republika, pinaunlad ng mga Indones ang kanilang pambansang wika sa pamamagitan ng pagkakaroon ng Kongreso sa Bahasa Indonesia kada limang taon mula 1938, pagdaan sa ilang pagbabago sa ortograpiya (mula Ejaan Lama hanggang sa Ejaan yang Disempurnakan sa kasalukuyan) at pagkakaroon ng komprehensibong gramatika

at opisyal na diksiyonaryo na Kamus Besar Bahasa Indonesia (KBBI). Napakaraming akda, pampanitikan man o hindi, ang isinasalin mula sa iba't ibang wika (pangunahin ang Ingles at wikang Europeo) sa Bahasa Indonesia. Marami ring pananaliksik sa iba't ibang aspekto ng pagsasalin sa Bahasa Indonesia ang nagawa na ng mga iskolar sa Indonesia na mahahanap sa iba't ibang akademikong journal. Sa kabila nito, sa abot ng kaalaman at kakayahan sa paghahanap ng mananaliksik sa mga aklatan sa unibersidad at iba pang mapagkukunan sa Pilipinas at Indonesia, kakaunti o halos walang ibinibigay na pansin upang isalin ang mga teksto mula sa mga bansa sa Timog Silangang Asya, lalo na kung ito ay tungkol sa panitikan ng Pilipinas at Indonesia, at vice-versa. Ang pangyayaring ito ay nagbunsod sa kakaunting interes at pananaliksik sa larang ng panitikan at pagsasalin mula sa parehong bansa. Ang Pilipinas at Indonesia ay magkaratig na bansa, ngunit ang interes sa iskolarsyip ng dalawa ay hindi laganap o malawak.

Sa kabila ng sitwasyong nabanggit sa itaas, sa kontemporaneong kasaysayan, partikular na sa panahon ng Cold War, may ilang akda mula sa Pilipinas at Indonesia na naisalin sa wika ng bawat bansa at ito ay mga nobela. Mula sa Pilipinas, may apat (4) na nobelang isinalin sa Bahasa Indonesia, ito ay ang mga nobela ni Jose Rizal na 1) *Noli Me Tangere* [Jangan Sentuh Aku] (1975) at 2) *El Filibusterismo* [Merajalelanya Keserakahan] (1994), na kapuwa isinalin ni Tjetje Yusuf at inilathala ng Pustaka Jaya. Ang dalawa pa ay mula naman kay F. Sionil Jose na 3) *The Pretenders* na pinamagatang Tokoh-Tokoh Munafik (1978) at 4) *Po-on*, na may pamagat na *Sebuah Desa Bernama Po-on* (1987). Ang dalawang nobelang ito ay inilathala ng Yayasan Obor na itinatag ni Mochtar Lubis, kilalang manunulat sa Indonesia. Dagdag pa, may isang kalipunan ng maiikling kuwento sa Ingles na pinamagatang *Lelaki di Simpang Jalan* na pinamatnugutan ni F. Sionil Jose (N.A.) na inilathala rin ng Yayasan Obor noong 1988. Samantala sa mga katulad na taon sa Pilipinas ay may tatlong nobelang Indones na isinalin sa Filipino, dalawa rito ay mula kay Mochtar Lubis, ang *Senja di Jakarta* (Takisimlim sa Djakarta)

noong 1988, isinalin ni Aurora Batnag at *Harimaw! Harimaw* (Tigre! Tigre!) noong 1989 na isinalin ni Mauro Avena. Ang unang nobela sa Buru Quartet ni Pramoedya Ananta Toer na *Bumi Manusia* (Daigdig ng Tao) ay isinalin ni Thelma Kintanar ay nailathala rin noong 1989. Ang tatlong nobelang ito ay inilathala ng Solidaridad Publishing House na pagmamay-ari ni F. Sionil Jose (N.A.). Mapapansin na ang koneksiyong Mochtar Lubis-F. Sionil Jose ay isang dahilan sa pagkakasalin ng kanilang mga akda sa dalawang bansa at ito ay bunsod ng kanilang pagtutulungan na nagmula sa kanilang pagiging kasapi ng Congress for Cultural Freedom at naging mga editor ng mga lathalain na pinondohan ng naturang organisasyon.

ANG PAGSASALIN NG *NOLI ME TANGERE* AT *JANGAN SENTUH AKU*

Itinuturing bilang isa sa pinakamahalagang akdang pampanitikan sa Pilipinas at popularidad ni Jose Rizal hindi lang sa Pilipinas kundi maging sa Timog-Silangang Asya, ang pagkakataon na bigyang-pansin ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* sa larang ng araling salin. Naisalin na ang *Noli* at *El Fili* (palasak na pagpapaikli sa titulo ng dalawang akdda) sa mga wika sa Pilipinas at maging sa mga banyagang wika. Makikita sa apendise ng artikulo ni Anna Melinda Testa-de Ocampo noong 2011 na *The Afterlives of the Noli Me Tangere* ang listahan ng mga pagsasalin ng *Noli* sa Ingles at mga wika sa Pilipinas at iba pang wika tulad ng Pranses (1899, 1980, 2020), Tsino (1957), Hapon (1976), at Aleman (1987). Mula sa dagdag na pagsisiyasat, ang *Noli* ay isinalin din sa wikang Dutch (1912 at 2019), Italyano (2003), Thai (2005), Koreano (2015), at Portuges (2023).

Ang *Jangan Sentuh Aku* ay inilathala ng Pustaka Jaya (sa pakikipagtulungan ng Asia Foundation) sa Bandung noong 1975. Ang isinaling nobela sa Bahasa Indonesia ay mayroong 642 pahina at katulad na estruktura ng *Noli* na may 63 kabanata at epilog. Binanggit sa likurang pabalat na ang pagsasalin ay isang “relay translation”. Nagmula sa pagsasalin sa Ingles ni Priscilla Valencia na *Noli Me Tangere*

na nailathala noong 1967 at pagsasalin ni Charles Derbyshire na *The Social Cancer* noong 1912. Isang natatanging tampok ito ng *Jangan Sentuh Aku*, kung saan ang target na teksto ay hinalaw mula sa dalawang pinagmulang (source) teksto. Ang dahilan kung bakit gumamit si Tjetje Yusuf ng dalawang pinagmulang teksto ay hindi ipinaliwanag, dagdag pa ang kakulangan ng impormasyon tungkol sa tagasalin. Nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa Pustaka Jaya at iba pang institusyon upang malaman ang kaligiran ng tagasalin na si Tjetje Yusuf ngunit hanggang sa pagsusulat ng artikulo ay walang naibigay na kompletong impormasyon tungkol kay Yusuf bukod sa iba pa niyang isinaling akda at kanyang pagkamatay bago ang 1994 (na siyang taon ng pagkakalathala ng *El Filibusterismo* na siya rin ang tagasalin).

MGA CULTURE-SPECIFIC ITEM SA PAGSASALIN

Isang pangunahing palagay na may mga salita at idea sa isang wika na lubos na nakakabit sa kultura nito at mahirap itong bigyan ng direktang pagsasalin kung susubukang ipaliwanag sa isang indibidwal na hindi pamilyar sa kultura nito sa ibang wika. Ayon kay Brigita Brasiené, madaling mapansin ang mga salitang ito sa isang pagsasalin at matutukoy lamang sa isang partikular na konteksto, ibig sabihin ay makikilala lamang ng may kaalaman sa kultura nito. Isang hamon sa pagsasalin ng mga salitang ito ay ang pagpapanatili ng kahulugan at esensiya nito habang ginagawa itong nauunawaan sa target na wika kaya ito ang isang dahilan kung bakit ito ay madalas na pinag-aaralan sa araling-salin.

Ang terminong “culture-specific item” ay tinatawag ng iba’t ibang iskolar sa larang ng araling salin sa iba’t ibang paraan --- tinawag ito ni Newmark bilang *cultural words*, si Christianne Nord naman ay tinuring ito *cultureme*, samantalang kay Baker ito ay isang *culture-specific concept*, at marami pang iba. Upang hindi magkaroon ng kaguluhan, ginagamit ang pinakatanggap na termino na culture specific items.

Maraming mga mungkahing pag-uuri sa mga culture specific item, halimbawa, si Baker (1992) ay inuri ang mga culture specific item sa dalawang malaking klasipikasyon - abstrakto at kongkreto. Si Javier Franco Axiela (1996) naman ay ikinategorya ito sa mga proper noun at common expression. Mula sa dalawang malaking categoryang ito ay may mas maliliit pang kategorisasyon. Samantala, iminungkahi ni Peter Newmark ang pagkilala sa mga terminong ito sa pamamagitan ng limang (5) categorya na kanyang binanggit sa *A Textbook of Translation* (1988:94-103), ito ay ang sumusunod:

1.) Ecological (halaman, hayop, kabundukan) – salita para sa mga hayop at halaman na taal sa kultura ng pinagmulang teksto, partikular kung ito ay isang endemiko at may natatanging kabuluhan sa isang kultura.

2.) Material culture o materyal na kultura (pagkain, pananamit, bahay, transportasyon, atbp), hal. tawag sa damit, pagkain at iba pang bagay na natatangi sa kultura ng pinagmulang teksto;

3.) Social culture - panlipunang kultura tulad ng trabaho at paglilibang, palakasan, atbp.

4.) Organizations, customs, ideas o mga terminong pang-organisasyon, kaugalian, at idea (politikal, panlipunan, legal), at

5.) Gestures and habits o mga senyas/gawi at kinaugalian (di-lingguwistiko o non-linguistic na katangian).

Sa pananaw ng manunulat, mas akma ang kategorisasyon ni Newmark sa mga culture specific item dahil ito ay sumasaklaw hindi lamang sa espesipikong pangalan o termino, kundi pati sa pagkilala sa pangkalahatang mga konsepto sa lipunan at di-lingguwistikong aspekto ng wika.

MGA TEKNIK SA PAGSASALIN

Matapos na matukoy at maiuri ng mga culture-specific item sa isang pagsasalin, isang kakambal na hakbang nito ay ang pagkilala sa naging paraan ng pagsasalin nito vis-à-vis sa pinagmulang teksto. Matatandaang nabanggit sa introduksiyon ang ilang mga katawagan

sa mga paraan ng pagsasalin sa mga problematikong yunit sa teksto, at sa pananaw ng mananaliksik, ang mungkahi nina Luca Molina at Amparo Albir ay mas komprehensibo kompara sa iba, dagdag pa sa kanilang naging pagsisikap na pagbuklurin ang iba't ibang idea ng mga iskolar.

Noong 2002, inilathala nina Molina at Albir ang artikulong *Translation Technique Revisited: A Dynamic and Functional Approach*, kung saan sila ay gumawa ng komprehensibong pagsusuri ng mga uri ng pamamaraan sa pagsasalin na iminungkahi ng mga iskolar sa pagsasalin tulad nina Vinay and Darbelnet, Nida, Newmark, at iba pa at nilayon na talakayin at bigyang-kahulugan ang konsepto ng teknik sa pagsasalin (translation technique) ng mga salitang nakaugnay sa kultura. Sa katapusan ng artikulo, ang mga may-akda ay nagmungkahi ng labing-walong (18) uri ng teknik sa pagsasalin na maaaring gamitin ng mga tagasalin sa pagsasalin ng teksto at maaaring ituring na isang kagamitan sa pagsusuri para sa mga iskolar ng araling salin. Ang mga uri ng teknik sa pagsasalin ay ang sumusunod:

1. Adaptation - Pagpapalit ng isang elementong kultural mula sa source text tungo sa target na wika/kultura.
2. Amplification - Pagdaragdag o pagpapakilala sa mga detalye na hindi binanggit sa source text, maaaring ito ay dagdag na impormasyon o paraphrasing.
3. Borrowing - Paggamit ng isang salita o ekspresyon nang direkta mula sa ibang wika. Maaaring ito ay hiniram nang walang pagbabago o ginawang naturalisado upang umayon sa batas ng pagbabaybay sa target na wika.
4. Calque - Literal na pagsasalin sa leksikal-estruktural na paraan ng isang dayuhang salita o parirala.
5. Compensation - Pagpapakilala sa isang elemento ng source text sa ibang bahagi ng target text dahil hindi ito maipakita sa parehong lugar sa source text.
6. Description - Pagpapalit ng isang termino o ekspresyon ng isang paglalarawan ng anyo at/o function nito.
7. Discursive creation - Paggawa ng

- pansamantalang katumbas na labis na hindi inaasahan at wala sa konteksto.
8. Established Equivalent - Paggamit ng termino o ekspresyong kinikilala (sa pamamagitan ng mga diksiyonaryo o wikang ginagamit) bilang katumbas sa target na wika.
 9. Generalization - Paggamit ng mas pangkalahatan o neutral na termino ng isang bagay.
 10. Linguistic amplification - Pagdaragdag ng mga lingguwistikong elemento.
 11. Linguistic Compression - Pagsasama ng mga lingguwistikong elemento sa target text.
 12. Literal Translation - Pagsasalin ng isang salita o ekspresyon sa bawat isang salita.
 13. Modulation - Pagbabago ng pananaw o pokus kaugnay ng source text.
 14. Particularization - Paggamit ng mas partikular o kongkretong termino.
 15. Reduction - Pag-aalis sa target text ng impormasyon ng isang bagay mula sa source text.
 16. Substitution - Pagbabago ng isang lingguwistikong elemento mula sa source text tungo sa paralingguwistikong elemento sa target text o vice versa.
 17. Transposition - Pagbabago sa gramatikal na kategorya sa teksto.
 18. Variation - Pagbabago ng mga lingguwistiko o paralingguwistikong elemento sa teksto na nakakaapekto sa aspekto ng baryasyon ng wika.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Para sa artikulong ito, tatalakayin ng mananaliksik ang salin ng *Noli Me Tangere* ni Jose Rizal sa Bahasa Indonesia na *Jangan Sentuh Aku*. Isa sa layunin ng pag-aaral na ito ay itampok kung paanong ang mga bagay na espesipiko sa kulturang Pilipino na nasa *Noli Me Tangere* ay isinalin sa Bahasa Indonesia. Kinalap ang datos ng pananaliksik para sa tesis matatalakayin ng mananaliksik sa Indonesia sa pamamagitan ng pagbabasa ng dalawang nabanggit na pinagmulang teksto at *Jangan Sentuh Aku*.

Unang layunin ng pag-aaral ay upang tukuyin ang mga culture-specific item na matatagpuan sa *Noli Me Tangere* at *The Social Cancer* at matagpuan ito sa target na teksto (*Jangan Sentuh Aku*). Ang nakolektang datos ay inuri gamit ang klasipikasyon ni Peter Newmark. Pagkatapos, ginamit ng mananaliksik ang mga teknik sa pagsasalin (translation techniques) na ibinalangkas nina Molina at Albir upang kilalanin ang paraan na ginawa sa pagsasalin ng mga culture-specific item sa *Noli Me Tangere*. Nilalayan ng artikulong ito na makapag-ambag sa iskolarsiyap at ugnayan sa larang ng panitikan at pagsasalin sa Indonesia at Pilipinas at pagtatampok sa nobela ng bayani ng Pilipinas na naisalin sa isa sa mga wika sa Timog-Silangang Asya.

Dahil sa limitasyon sa haba ng artikulo, magtatampok lamang ang mananaliksik ng ilang halimbawa mula sa nobela upang makapagbigay ng halimbawa sa mga ginamit na teknik sa pagsasalin sa *Jangan Sentuh Aku*.

RESULTA AT DISKUSYON

Klasipikasyon at Halimbawa ng mga Culture-Specific Item

Matapos ang pagkalap ng datos at analisis, may humigit-kumulang 457 culture-specific item ang matatagpuan sa *Noli Me Tangere*. Makikita sa talahanayan sa ibaba ang mga kategorya ng mga culture-specific item ayon sa pag-uuri ni Newmark at ang bilang sa bawat kategorya.

Kategorya	Bilang
Ecology	66
Material Culture	140
Social Culture	115
Organization, customs, activities, procedures, concepts	108
Gestures and customs	28
Kabuoan	457

Talahanayan 1: Klasipikasyon ng mga culture-specific item sa *Noli Me Tangere/Jangan Sentuh Aku*

Makikita sa talahanayan sa itaas na karamihan sa mga cultural-specific item na matatagpuan sa *Noli Me Tangere/Jangan Sentuh Aku* ay tungkol sa material culture na may bilang na 140. Kasunod nito ang social culture (115), organization and customs (108), ecology (67), at gesture and habits (28).

Ilang halimbawang culture-specific item sa kategorisasyon na Ekolohiya ay mga pangalan ng bulaklak (champaca, azucena, ilang-ilang, adelfa, atbp.); prutas at gulay (ampalaya, patola, pako, lanzones, atis, chico, lomboy); hayop (kalaw, kalaway, atbp.); at mga puno (balete, kamaong, molave, dungon, ipil, langil, tindalo, malatapang, pino, narra).

Ang ilan sa mga material culture na mahahanap sa teksto ay mga pagkain at inumin (tinola, sorbete, sinigang, salabat, tsokolate, escabeche, pesa, asado, lechon, atbp.); pananamit (panuelo, tapis, camisa, achara); at mga bagay na may kaugnayan sa relihiyon (rosario, scapular, andas, atbp.).

Halimbawa naman ng social cuilture na nasa teksto ay mga uri ng laro (chonka, siklot, sintak, atbp.) at mga salita na may kinalaman sa pagsusugal (liam-po, sultada, at rueda).

Mga posisyon sa pamahalaan at lipunan naman ang mapapansin sa ikaapat na klasipikasyon na organisasyon, gawi, aktibidad, at iba pa, tulad ng hermano mayor, gobernadorcillo, alcalde, tenyente mayor, at marami pang iba.

Panghuli, may mga mahahanap din namang mga gawi at ekspresyong makikita sa kulturang Pilipino tulad ng pagbanggit ng “Aray!”, “Aba!”, Jesus o Hesumaryosep o kaya pag-antanda o sign of the cross.

Mahihinuha mula sa datos na ang bulto ng mga salitang kultural mula sa *Noli Me Tangere* ay mga nahahawakang bagay at ugnayan ng mga tao sa kolonyal na Pilipinas na pinamumunuan ng mga Espanñol. Mapapansin ang mga pagtatampok sa mga halaman at hayop, mga pagkain at sangkap na natatangi sa Pilipinas at pagpapakita ng uri ng mga tao at kanilang mga gawain tulad ng mga pagdiriwang, pista, pagsisimba, atbp.

MGA GINAMIT NA TEKNIK SA PAGSASALIN ADAPTATION

Derbyshire (1912)	Valencia (1965)	Jangan Sentuh Aku
Indian	Indio	Bumiputra
tiled entrance	tiled vestibule	pendopo berjubin
rosaries	rosaries	tasbih

Ang tagasalin ay gumawa ng adaptasyon sa mga halimbawa sa itaas. Ang salitang Indio ay ginamit noong panahon ng pananakop ng Español upang tukuyin ang isang tao na mula sa kapuluan at ito ay may mahusay na katumbas na salita na *bumiputra* sa Bahasa Indonesia. Sunod, nabanggit kapuwa sa pagsasalin nina Derbyshire at Valencia ang isang ‘tiled entrance’ ng isang kolonyal na bahay sa Pilipinas at isinalin ito bilang ‘pendopo berjubin’ o *pendopo* na may tisa o baldosa. Ang isang pendopo ay isang gusaling Javanese na nasa harap ng bahay na ginagamit sa iba’t ibang okasyon o aktibidad, at ito ang ginamit bilang katumbas upang ilarawan ang isang lugar o pasukan kung saan tinatanggap ang mga bisita. Ikatlong halimbawa ay ang adaptasyon ng rosaryo bilang isang *tasbih*. Ang *tasbih* ay may katulad na gamit at nahahawig tulad sa rosaryo kung saan nagsisilbi itong isang pananda sa pagdarasal.

AMPLIFICATION

Valencia (1965)	Derbyshire (1912)	Jangan Sentuh Aku
Intramuros	Walled City	benteng Spannyol, Intramuros

Sa Kabanata 1, amplification ang ginawa ni Tjetje Yusuf upang maipakilala ang Intramuros o Walled City ng Maynila sa mga mambabasa. Sa halip na literal na isalin ang pariralang Walled City o direktang hiramín na lamang ang salitang Intramuros, ipinaliwanag ito na ang lugar ay isang kuta o tanggulan ng mga Español

na tinatawag na Intramuros. May mga kuta o tanggulan din sa Indonesia na binuo noong panahon ng pananakop ng mga Olandes at tinatawag ito na *benteng* sa Bahasa Indonesia.

BORROWING

Valencia (1965)	Derbyshire (1912)	Jangan Sentuh Aku
spacious hall called caida	spacious hallway called there... caida	ruang luas disebut caida
Tinola is a stew of chicken and squash	Tinola is a stew of chicken and squash	Tinola itu ayam rebus dengan gambas

Ang salitang *caida* ay hiniram upang maipaliwanag ang pasukan sa itaas na bahagi ng isang kolonyal na bahay sa Pilipinas. Samantala, ang tinola ay hiniram din na parehong ginamit kapuwa sa dalawang pinagmulang teksto, ngunit sa Bahasa Indonesia, ang salitang *gambas* (patola) ang ginamit na katumbas para sa ‘squash’ bilang sahog ng nasabing lutuin.

DESCRIPTION

Valencia (1965)	Derbyshire (1912)	Jangan Sentuh Aku
Dried and inflated fishes	Dried and inflated fish called botetes	ikan-ikan yang dikeringkan dengan air keras
Purgatory	Purgatory	Tempat Pensucian Arwah

Sa pagsasalin sa pinatuyong botete na ginawang palamuti sa bahay, pinili ni Tjetje Yusuf na alisin ang lokal na pangalan ng isda at ilarawan na lamang ang bagay na nabanggit. Samantala, ang salitang Purgatoryo ay pamilyar sa mga katoliko, ang lugar na ito ay may kahulugan at halaga sa doktrinang kristiyano. Marahil at upang hindi makagulo sa inaasahang mambabasa sa Indonesia,

ito ay inilarawan na lamang bilang ‘Tempat Pensucian Arwah’ o Lugar sa Paglilinis ng (kasalanan) ng Kaluluwa.

ESTABLISHED EQUIVALENCE

Valencia (1965)	Derbyshire (1912)	Jangan Sentuh Aku
sala	sala	ruang resepsi
newel	balustrade	balustrade
saguan	paddle	dayung

Ang *sala* o *salas* sa wikang Español ay itinuturing sa Ingles bilang *living room*, na karaniwang lugar kung saan ang mga tao ay nakapirmi o tumatanggap ng mga bisita. Ang salitang ‘ruang tamu’ (kuwarto ng bisita) o ‘ruang resepsi’ (kuwarto sa pagtanggap ng bisita) ang naging malapit na pagsasalin.

Ang *balustrade* o *balustre* ay isang salita na tumutukoy sa mga hanay ng pataas na mga haligi na sumusuporta sa hawakan ng hagdan. Ang pagsasalin ni Derbyshire ay gumamit ng mas lumang Ingles. Tila ang tagasalin ay humiram mula sa bersiyon ni Valencia ngunit sa paghahanap sa diksiyonaryo ay makikita na ginagamit din ito sa Bahasa Indonesia.

Bilang ikatlong halimbawa, ginamit sa bersiyon ni Valencia ang salitang Tagalog na *sagwan* sa halip na isalin ito ingles. Alinman ang piliin ng tagasalin bilang source na teksto sa kasong ito, ang salita *dayung* ang katumbas nito.

GENERALIZATION

Valencia (1965)	Derbyshire (1912)	Jangan Sentuh Aku
fiestas	fiestas	pesta-pesta
bailuhan	bailuhan	pertemuan-pertemuan
champacas	tuberoses	bunga-bunga
azucenas	sampaguitas	bunga-bunga
gogo	gogo	obat keramas

Ang mga salitang *fiesta* at *bailuhan* (baylehan) ay dalawang magkaugnay na salita sa pagdiriwang sa Pilipinas. Ayon sa Merriam-Webster Dictionary, ang *fiesta* ay “a saint’s day celebrated in Spain, Latin America, and the Philippines with processions and dances”. Samantala, ang *baylehan* ay isang aktibdad sa mga bayan kapag may pista o espesyal na pangyayari. Isinalin lamang ito ng tagasalin bilang *pesta-pesta* at *pertemuan-pertemuan*, na sa opinyon ng mananaliksik ay hindi lubos na naunawaan ang kahulugan ng mga salita.

Ang *champaca* at *azucena* sa bersiyon ni Valencia ay mga tiyak na pangalan ng mga bulaklak at ito ay isinalin din nang may tiyak na tawag sa bersiyon ni Derbyshire ngunit ito ay isinalin lamang sa Bahasa Indonesia bilang pangkaraniwang ‘mga bulaklak (bunga-bunga)’.

Panghuling halimbawa ay ang *gogo* o *gugo* na kapuwa nanatili sa dalawang salin sa Ingles ngunit pagdating sa salin sa Bahasa Indonesia ay naging ‘obat keramas’ na lamang ito, na ang kahulugan ay gamot sa paglilinis ng buhok.

LITERAL TRANSLATION

Valencia (1965)	Derbyshire (1912)	Jangan Sentuh Aku
Death of the Just	Death of the Just	Matinya Hak
Our Lady of Peace and Prosperous Voyages	Our Lady of Peace and Good Voyage	Ibunda kita untuk Perdamaian dan Perjalanan Kebahagiaan
the silver(ware)	Forks and spoons	benda-benda perak

Ang dalawang naunang culture specific item ay may katangiang relihiyoso at kapuwa mga biswal na artefact. Ang mga ito ay matatagpuan sa unang kabanata ng *Noli Me Tangere*.

Ang *Death of the Just* ay isang dibuho na nagpapakita ng isang eksena ng isang lalaki na nasa higaan at malapit nang mamatay at ang mga anghel at demonyo ay nanonood o tila nakaabang. Tila ipinahihiwatig nito na kapag

namatay ang isang tao na walang kasalanan ay mapupunta sa langit. Ito ay isinalin nang literal bilang *Matinya Hak* o *Kamatayan ng Tama*.

Ang *Our Lady of Peace and Prosperus Voyages* ay ang imahen ng Bireheng Maria sa Antipolo at ito ay isinalin bilang *Ibunda kita untuk Perdamaian dan Perjalanan Kebahagiaan*. Tila inangkat ito ng tagasalin mula sa bersiyon ni Derbyshire, kung mas nakakiling ito sa salitang ‘Prosperous’ kaysa ‘Good’. Ito ang nagbunsod sa salin sa Indonesia na hindi lubos na magkatugma.

Panghuli, ang naging salin ng salitang *forks and spoon* o *the silver* sa Bahasa Indonesia ay *benda-benda perak*, na literal na sinasabi ay mga *pilak na bagay*, ngunit hindi ito tumutukoy sa kubyertos na ginagamit sa pagkain.

REDUCTION

Valencia (1965)	Derbyshire (1912)	Jangan Sentuh Aku
alibambang		
siklot	shells	
sintak	pebbles	
bentil	slap	
chonka		

Kung hindi ginagawang karaniwan ng tagasalin ang ilang mga salitang kultural mula sa *Noli Me Tangere* ay may mga pagkakataon na ito ay inalis sa naging pagsasalin sa Bahasa Indonesia. Tulad na lamang ng *alibambang* sa Kabanata 6 at mga laro nina Maria Clara at Ibara sa Kabanata 7.

KONGKLUSYON

Ang problema sa pagsasalin ng mga kultural na salita ay ang pagiging hindi isang tuwirang proseso. May mga magagamit na konsepto at idea mula sa araling salin upang makilala ito at ilarawan kung paano minanipula ng tagasalin ang mga yunit na ito tungo sa isang naiintindihang konsepto/salita sa target na wika. Para sa deskripsiyon

ng mga pamamaraang ito ay nakatulong ang idea ng mga teknik sa pagsasalin upang matukoy ang pamamaraan ng tagasalin.

Samantala, mula sa pagsusuri ng *Noli Me Tangere/Jangan Sentuh Aku*, natukoy na mayroong 457 na culture-specific item, na karamihan ay ang materyal na kultura. Ilan sa mga teknik sa pagsasalin na natukoy na ginamit sa pagsasalin ng mga culture specific item ay ang sumusunod: Amplification, Adaptation, Borrowing, Established Equivalence, Description, Generalization at Literal Translation at Reduction. Sinikap ng tagasalin na mapanatili ang pagiging orihinal habang pinadadali rin ang pag-unawa ng mga mambabasa sa nilalaman ng aklat.

Naniniwala ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay mahalaga at kumakatawan sa isang natatanging pagsisikap sa larang ng araling-salin na nakatuon sa isang likhang-sining mula sa Timog-Silangang Asya na isinalin sa isa pang wika ng Timog-Silangang Asya.

- Andriyanie, R., et al. "Analysis of Translation Techniques in Translating Cultural Words into Indonesian in the Novel *Eat, Pray, Love* by Elizabeth Gilbert." *Jurnal Ilmiah Sastra*, vol. 4, no. 1, 2016.
- Axiela, Javier Franco. "Culture Specific Items in Translation." *Translation, Power, Subversion*, edited by Roman Alvarez and M. Carmen Africa-Vidal, Multilingual Matters, 1996.
- Baker, Mona. *In Other Words: A Coursebook on Translation*. Routledge, 1992.
- Brasiénė, Brigita. "Literary Translation of Culture-Specific Items in Lithuanian Translation of Orwell's *Down and Out in Paris and London*." Masteral Thesis, Vytautas Magnus University, 2013.
- Catford, J. C. *A Linguistic Theory of Translation*. Oxford UP, 1965.
- Hatim, Basil, and Jeremy Munday. *Translation: An Advanced Resource Book*. Routledge, 2004.
- Jakobson, Roman. "On Linguistic Aspects of Translation." *On Translation*, edited by Reuben Brower, Harvard UP, 1959.
- Kuswahono, Deny. "The Use of Translation Techniques in Translating Cultural Words in the Da Vinci Code Novel from English into Bahasa Indonesia." *ANAPHORA: Journal of Language, Literary and Cultural Studies*, vol. 3, no. 1, 31 July 2020, pp. 38–46. DOI: <https://doi.org/10.30996/anaphora.v3i1.3642>
- Molina, Lucía, and Amparo Hurtado Albir. "Translation Techniques Revisited: A Dynamic and Functionalist Approach." *Meta*, vol. 47, no. 4, 30 Aug. 2002, pp. 498–512. DOI: <https://doi.org/10.7202/008033ar>.
- Newmark, Peter. *A Textbook of Translation*. Prentice-Hall International, 1988.
- Nida, Eugene Albert, and Charles Russell Taber. *The Practical Theory and Practice of Translation*. E. J. Brill, 1969.
- Noftariani, S. "An Analysis of Translation Techniques Used in Translating Cultural Categories in Brown's *Origin* into Indonesian." *JELLT*, vol. 3, no. 2, 2019.
- Permatahati, M., et al. "Translation Techniques of Culture Specific Items Found in *Of Mice and Men* Novel and Their Impact on Readability." *Jurnal Ilmiah Sastra*, vol. 43, no. 1, 2022.
- Permatahati, M., and M. Rosyidi. "Translation Techniques and Readability of the Culture Specific Items in the 2007 Indonesian Translation of Alice's *Adventures in Wonderland*." *Journal of English Language Teaching*, vol. 6, no. 1, 2017.

- Rahmah, Ilma. "A Translation Analysis of Culture-Specific Items in Madurese Digital Folktales." *ResearchGate*. 2020. 10.13140/RG.2.2.27750.13128.
- Rizal, Jose. *Jangan Sentuh Aku*. Translated by Tjetje Yusuf, PT. Dunia Pustaka Jaya, Jakarta, 1975.
- Rizal, Jose. *Noli Me Tangere*. Translated by Priscilla Valencia, National Book Store, 1967.
- Rizal, Jose. *Noli Me Tangere*. Translated by Soledad Locsin, Bookmark, 1997.
- Rizal, Jose. *Noli Me Tangere*. Translated by Harold Augenbraum, Penguin Books, 2006.
- Rizal, Jose. *The Social Cancer*. Translated by Charles Derbyshire, World Book Company, 1912.
- Testa de Ocampo, Anna Melinda. "The Afterlives of the Noli Me Tángere." *Philippine Studies*, vol. 59, no. 4, 1 Dec. 2011, pp. 495–527.



Si ELIEZAR IÑIGO ay dating instruktur ng kasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas-Los Baños (UPLB). Nagturo rin siya ng NSTP courses sa Ateneo de Manila University (ADMU). Si Elie ay may digri sa Araling Pilipino mula sa UP Diliman kung saan naging paksa ng kanyang tesis si Rene O. Villanueva. Nag-aral siya ng Bahasa Indonesia sa Universitas Sanata Dharma noong 2019-2020 sa ilalim ng Darmasiswa Scholarship Republik Indonesia. Noong 2021-2024, siya ay nag-aral sa Yogyakarta, Indonesia ng Master sa Applied Linguistics (major sa pagsasalin) sa Universitas Negeri Yogyakarta muli sa isang scholarship mula sa Republika ng Indonesia. Ang kanyang tesis ay ang pag-aaral sa salin ng Noli Me Tangere sa Bahasa Indonesia.

Panimulang Pagsasalin sa Mga Pangunahing Transaksiyonal na Pormularyong Pambarangay Gamit ang Proseso at Teorya ni Newmark

*Preliminary Translation in Key Transactional Forms in Barangays Using
Newmark's Eighteen Processes and Theory*

VYRON M. ENRIQUEZ

@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas

ABSTRAK

Isinagawa ang pananaliksik na ito upang suriin ang pagsasalin ng mga pangunahing pormularyong pampamayanan ng Barangay Poblacion, Pulilan, Bulacan tungo sa wikang Filipino gamit ang mga prinsipyo ni Peter Newmark at iba pang kontemporaryong teorya sa semantika at diskurso. Layunin ng pag-aaral na tiyakin ang pagiging malinaw, tumpak, at kontekstuwal ng mga salin upang maging mas kapaki-pakinabang sa karaniwang mamamayan. Ginamit sa proseso ang kombinasyon ng komunikatibo at semantikong salin, at isinagawa ang pagsusuri gamit ang pamantayang mula sa ISO 17100:2015, Sentro sa Salin ng UST, at praktikal na ebalwasyon mula sa Punong Barangay. Lumitaw sa resulta na ang isahang pagtutumbas ang pinakaginamit na proseso, habang minimal ang paggamit ng adaptasyon, na nagpapatunay sa mataas na pangangailangan ng katumpakan sa mga dokumentong legal. Gayundin, tinukoy ng pag-aaral ang mga hamon tulad ng kakulangan sa mga legal at teknikal na sanggunian sa wikang Filipino, na nagpapahirap sa pagpili ng angkop na termino; ang sosyolingguwistikong pagkakaiba sa antas ng pamayanan na nakaaaapekto sa pang-unawa ng mga salin; at ang panganib ng pagkakapiit sa iisang teoretikal na balangkas na maaaring magkulang sa kontekstuwal na pag-unawa. Sa halip, napatunayang mahalaga ang paggamit ng interteoretikal na lapit upang masaklaw ang multidimensiyonal na katangian ng pagsasalin. Malaking tulong din ang paggamit ng *UP Diksiyonaryong Filipino* (2021) sa pagbibigay ng pamantayan para sa mga teknikal na termino. Sa huli, ipinapayo ng pananaliksik ang masinsinang post-produksyon, konsultasyong pangkomunidad, at kolaborasyon ng mga institusyon sa pagbuo ng mas sistematikong glosaryo para sa serbisyong pampubliko. Ipinapakita ng pananaliksik na ang pagsasalin ay hindi lamang gawaing lingguwistiko kundi isang panlipunang tungkuling nagtataguyod ng inklusibo at makataong pamamahala.

Mga Susing Salita: *Pagsasaling Teknikal, Pagsasaling Legal, Pagsasalin para sa serbisyo Publiko, Wikang Filipino para sa serbisyo Publiko.*

ABSTRACT

This research was conducted to examine the translation of key community forms from Barangay Poblacion, Pulilan, Bulacan into Filipino, utilizing Peter Newmark's translation principles alongside other contemporary theories in semantics and discourse. The study aims to ensure that the translations are clear, accurate, and contextually appropriate in order to be more useful to the general public. A combination of communicative and semantic translation was applied in the process, with evaluations based on ISO 17100:2015 standards, the University of Santo Tomas Center for Translation, and practical assessment by the Barangay Captain. Findings revealed that the most frequently employed method was one-to-one equivalence, while adaptation was minimally used—indicating a strong demand for precision in legal documents. The study also identified key challenges, such as the lack of sufficient legal and technical references in Filipino, which hinders the accurate selection of appropriate terms; the sociolinguistic variations across communities that affect the comprehension of translations; and the risk of relying solely on a single theoretical framework, which may fall short in contextual understanding. Instead, the research underscores the importance of an intertheoretical approach to address the multidimensional nature of translation. The UP Diksiyonaryong Filipino (2021) also proved instrumental in providing standardized equivalents for technical terms. In conclusion, the study recommends rigorous post-production processes, community-based consultations, and institutional collaboration to develop a more systematic glossary for public service. It affirms that translation is not merely a linguistic activity but a social responsibility that promotes inclusive and humane governance.

Keywords: Technical Translation, Legal Translation, Translation for Public Service, Filipino Language for Public Service



INTRODUKSIYON

Tatlumpu't walong taon na ang lumipas mula nang pagtibayin ang 1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, isa sa mga malinaw na tadhana nito ay ang pagtatakda ng Filipino bilang wikang pambansa, kasabay ng Ingles bilang kapwa opisyal na wika. Sa ilalim ng Artikulo XIV, Seksiyon 6 hanggang 9, mariing itinataguyod ang pagpapaunlad, paggamit, at pagsasalin ng Filipino sa iba't ibang larangan ng buhay panlipunan, edukasyon, pamahalaan, batas, agham, teknolohiya, at midya bilang bahagi ng tungkuling pangkultura ng estado. Subalit tila napag-iiwanan ng Ingles ang Filipino sa maraming aspeto lalo na sa usapin ng serbisyo-publiko at sa mga legal na dokumento ng pamahalaan. Bagaman matagal na ring umiiral ang Atas Tagapagpaganap Blg. 335 ni dating Pang. Corazon C. Aquino na inilathala noong ika-25 ng Agosto 1988, na naglalayon sanang itaguyon ng mas malawak ang paggamit ng Filipino sa lahat ng opisyal na transaksyon, komunikasyon, at korespondensya ng pamahalaan. Sa pamamagitan sana ng kautusang ito, hinikayat ang lahat ng kagawaran, tanggapan, ahensya, at iba pang sangay ng pamahalaan at maging sa lokal na antas na magsagawa ng mga hakbang tungo sa paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na diskurso. Layunin ng kautusan ang mapalalim ang pag-unawa ng mga mamamayan sa mga programa at proyekto ng gobyerno, gayundin ang mapatatag ang pambansang pagkakaisa sa pamamagitan ng iisang wika.

Isa sa mga nagbibigay linaw sa kahalagahan ng wikang ginagamit sa opisyal na diskurso ay ang naging karanasan ni Senador Lito Lapid sa mga deliberasyon ng Senado ukol sa Reproductive Health (RH) Bill noong 2015 (Paterno). Nahirapan si Senador Lapid na maipahayag ang kaniyang mga saloobin at argumento dahil sa limitadong kakayahan sa wikang Ingles, na siyang pangunahing midyum sa mga talakayan sa Senado. Dahil dito, hindi niya lubos na naipaliwanag ang kaniyang mga punto, laluna sa mga teknikal na bahagi ng panukalang batas. Hanggang sa kasalukuyan, ang mga batas at panukalang batas sa ating bansa ay inilalathala gamit ang Ingles bagamat may mga probisyon sa konstitusyon at mga kautusang administratibo gaya ng Atas Tagapagpaganap Blg. 335 talagang nahuhuli ang Filipino sa larangan ng serbisyo-publiko at mga legal na dokumento sa pamahalaan. Kaalinsabay ng ganitong usapin, noong Hulyo 2022 naghain ng panukalang batas si Sen. Robinhood “Robin” C. Padilla ng Panukalang Batas Blg. 228 na kilala bilang “Equal Use of Official Languages Act” (Senate of the Philippines). Ang dalawang senador na ito ay kapwa hira sa paggamit ng Ingles sa debate at mga usaping legal sa pamahalaan.

May mga pag-aaral at datos na talagang nagsasabing mahina ang ating bansa sa pagsasalang teknikal higit sa usapin ng serbisyo-publiko at mga legal na dokumento. Sa artikulong “Policy Outlooks for Translation and Related Language Policies in the Philippines” Tinalakay sa ulat ng UP Center for Integrative and Development Studies (UP-CIDS) ang kalagayan ng mga patakaran hinggil sa pagsasalin at mga kaugnay na patakarang pangwika sa Pilipinas. At natukoy sa pag-aaral ang malaking kakulangan sa pagsasalin ng mahahalagang dokumento at impormasyon sa iba’t ibang wika ng bansa, na nagiging hadlang sa malawakang partisipasyon ng mga mamamayan. Isa rin sa mga pangunahing suliranin ang kawalan ng sapat na suporta sa mga tagasalin, gaya ng mga programang nagbibigay ng pagsasanay, sertipikasyon, at akreditasyon, sinusuportahan ito ng artikulo na hindi sapat ang suporta mula sa pamahalaan

tulad ng mga programang magbibigay ng akreditasyon o sertipikasyon para sa mga tagasalin (Fajilan et al.). Dahil sa mga ganitong kawalan ng suporta ng pamahalaan nag-uugat ang mga usapin sa kakulangan din ng mga sapat na pagsasalin sa mga legal na dokumento sa serbisyo-publiko.

Nananatiling kulang ang mga legal na dokumentong nakasalin sa Filipino, kahit na siyamnapu’t tatlong porsyento (93%) ng mga Pilipino ay sinasabing gumagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay ng Filipino at bihasa sa paggamit ng nasabing wika (Malaya Business Insight). Sa kabila ng ganitong datos, nananatiling Ingles pa rin ang nangingibabaw na wika sa mga teknikal, legal, at opisyal na dokumento mula sa mga kontrata at batas hanggang sa mga paalala at memorandum sa mga ahensiya ng pamahalaan. Nagdudulot ito ng hadlang sa ganap na pag-unawa at partisipasyon ng karaniwang mamamayan sa mga usaping legal at pampamahalaan. Ang kakulangan sa sistematikong pagsasalin at pagbuo ng mga termino sa Filipino para sa teknikal at legal na larangan ay nagpapahiwatig ng isang puwang sa wika at katarungan na dapat tugunan ng mga institusyon. Labing anim na taon na rin ang nakalipas ng gumawa ng hakbang ang lalawigan ng Bulacan sa pangunguna ng Integrated Bar of the Philippines (IBP) Bulacan chapter, sa pakikipagtulungan sa Philippine Judicial Academy at Korte Suprema ng Pilipinas upang isagawa sa bawat korte sa Bulacan ang paggamit ng mga hukom, abogado, at kawani ng korte ng Filipino sa buong sesyon ng paglilitis (Balabo). Naging magandang hakbang ito subalit labing anim na taon na ang nakalilipas pero tila walang naging suunod na hakbang ang mga tao sa likod nito at tila naging ningas kugod lamang ang inisyatiba na ito. Ganon din kung mapapansin walang sapat na mga pag-aaral ang makikita tungkol sa mga pagsasalin ng mga legal na dokumento tungo sa serbisyo-publiko sa barangay bilang ito ang batayang yunit ng pamahalaan sa Pilipinas (Porio & Roque-Sarmiento).

Sa ganitong konteksto ang Barangay Poblacion sa Munisipalidad ng Pulilan,

Lalawigan ng Bulacan. Ang Barangay Poblacion ang sentro ng kalakalan, edukasyon at pamahalaan sa Pulilan, ayon sa Pulilan.gov.ph ay nakararanas din kakulangan ng paggamit ng Filipino sa serbisyo-publiko kahit na kalakhan ng mamamayan nila ay mga magsasaka at ordinaryong tao kaya naman napili ng pamamaliksik na isalin ang limang pangunahing pormularyong pambarangay ng Poblacion at upang pormal na makuha ang mga pormularyo sumulat ang mananaliksik sa pamahalaang barangay ng Poblacion upang makipagpulong sa punong barangay at matapos nito ay inalam ng mananaliksik ang mga transaksyonal na pormularyong pambarangay na ginagamit sa Poblacion. Sa mahigit dalawampung transaksyonal na pormularyong pambarangay, napili ang limang pormularyo na madalas hingin sa nasabing barangay. Ayon sa barangay, ang limang pangunahing pormularyo ay ang mga sumusunod: (a) *Certificate of Residency*, dokumento na nagpapatunay na ang isang indibidwal ay residente ng isang barangay. (b) *Barangay Clearance*, binibigay ng barangay sa isang indibidwal na nagpapatunay na may mabuting pag-uugali sa isang residente nito, (c) *Certificate of Indegency*, isang dokumento na nagpapatunay na ang isang indibidwal ay kabilang sa mga nangangailangan o walang sapat na kakayahang pinansyal upang tustusan ang ilang gastusin. (d) *Barangay Clearance (Water/Electrical Line Installklation)*, dokumento na ibinibigay ng barangay upang patunayan na ang aplikante ay may pahintulot na magpakabit ng linya ng tubig o kuryente sa kanilang bahay o establisyemento. (e) *Barangay Business Clearance*, dokumento na ibinibigay ng barangay upang pahintulutang magpatakbo ng negosyo ang isang aplikante. Bilang isang mananaliksik na nakatuon sa larangan ng pagsasalin ng mga dokumento, isinagawa ang masusing pagsusuri at pag-aaral sa mga pormularyong pambarangay upang matiyak na ang paggamit ng wikang Filipino sa mga ito ay malinaw, angkop, at naaayon sa konteksto ng mga tagagamit.

Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa iba't ibang sektor ng lipunan upang

mapalaganap, mapahusay, at mapalalim ang paggamit ng wikang Filipino sa mga opisyal na dokumento, lalo na sa lokal na pamahalaan. Sa lokal na antas, partikular na makikinabang ang mga opisina ng barangay at mga mamamayan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malinaw, tiyak, at madaling maintindihang mga pormularyo. Ito ay makatutulong sa pagpapabilis ng mga transaksyong pampubliko gaya ng pagkuha ng sertipiko, aplikasyon sa mga serbisyo, at komunikasyon sa pagitan ng pamahalaan at mamamayan. Sa mga empleyado ng barangay, ito ay magiging batayan sa mas epektibong pakikipag-ugnayan sa mga residente, lalo na sa mga hindi bihasa sa teknikal na Ingles.

Sa pambansang antas, ang pananaliksik na ito ay makatutulong sa mga ahensiya ng gobyerno tulad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG), at iba pang sangay ng pamahalaan sa pagbuo ng mga patakaran at programang magpapalawak sa paggamit ng Filipino sa mga legal at administratibong sulatin. Maaari rin itong magsilbing batayan sa paggawa ng opisyal na glosaryo ng mga teknikal na terminong ginagamit sa barangay, na maaaring ipatupad sa buong bansa.

Makikinabang din ang mga susunod na mananaliksik, tagasalin, at mga eksperto sa wika dahil ang pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing reperensiya sa mga teorya, estratehiya, at praktikal na hamon ng pagsasalin sa larangan ng pampublikong serbisyo, partikular sa teknikal at legal na diskurso. Magkakaroon sila ng kongkretong halimbawa ng aplikasyon ng teoryang pangwika sa kontekstong Pilipino.

Bukod dito, ang mga guro at mag-aaral ng Filipino sa kolehiyo at hayskul ay magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa at kongkretong halimbawa ng paggamit ng wika sa mga aktwal na dokumentong ginagamit sa lipunan. Maaari itong magsilbing materyal sa pagtuturo ng teknikal na pagsasalin, pampublikong diskurso, at paggamit ng Filipino sa administrasyon. Makatutulong ito sa paghuhubog ng mas kritikal, makabansa, at makawikang kamalayan sa mga kabataan.

Layunin ng pag-aaral na ito na isagawa ang masusing pagsasalin ng mga pormularyong pampubliko mula sa orihinal nitong wika tungo sa wikang Filipino, gamit ang batayan na teorya at proseso ng pagsasalin na iminungkahi ni Peter Newmark. Ang pag-aaral ay tumutugon sa kinikilalang kakulangan ng sapat na salin ng mga dokumentong pampubliko na ginagamit sa mga serbisyong pampamahalaan at panlipunan. Sa pamamagitan ng sistematikong salin, inaasahang mapalalawak ang akses ng mamamayan sa mga mahahalagang dokumento ng serbisyo-publiko, na higit na magpapalakas sa paggamit ng wikang Filipino bilang wika ng administrasyon, komunikasyon, at pakikipag-ugnayan sa pamahalaan.

RIBYU NG KAUGNAY NA LITERATURA

Ngayon ang panahon ng pagsasalin, ngayon din ang panahon upang ang lahat ay makilahok sa mga gawain sa pagsasalin, teknikal man o pampanitikan panghihiikayat ni Buban, ayon naman kay Peter Newmark na nabanggit sa pag-aaral ni Ondrej Klabal, ang pagsasalin ay isang proseso ng paglilipat ng kahulugan mula sa isang wika patungo sa iba, na may layuning maihatid ang mensahe ng orihinal na teksto sa target na mambabasa. Ipinakilala rin ni Newmark ang *Communicative Translation Theory* na binigyang pag-aanalisa ni Yanlan Cai may layuning itong gawing malinaw at madaling maunawaan ng target na mambabasa ang mensahe, kahit na nangangahulugan ito ng pag-aangkop o pagbabago sa orihinal na teksto upang umangkop sa kultura at konteksto ng target na wika. Isang mahalagang ambag ni Peter Newmark sa larangan ng pagsasalin. Ang teoryang ito ay nakatuon sa pagbibigay ng malinaw at madaling maunawaang salin para sa target na mambabasa, habang pinapanatili ang epekto ng orihinal na teksto. Ang layunin nito ay tiyaking ang salin ay nauunawaan at epektibong naipahahayag ang mensahe sa mga mambabasa ng TL, katulad ng kung paano ito naunawaan sa SL. Isa sa mga prinsipyo ang *Communicative Translation Theory*, ay ang *receptor-oriented strategies*, kung saan

isinasaalang-alang ng tagasalin ang kultura, wika, at paraan ng pag-unawa ng target na mambabasa. Ang pagsasalin ay hindi lamang tuwirang paglilipat ng mga salita mula sa isang wika patungo sa isa pa kundi isang malikhaing proseso na kailangang bigyang-pansin ang konteksto at sensibilidad ng mambabasa.

Ipinapakita ng masusing pagsusuri nina Jimenez at Ballesteros-Lintao na ang larangan ng pagsasaling legal sa Pilipinas, partikular sa aspekto ng interpretasyon sa korte, ay patuloy na humaharap sa maraming suliranin at kakulangan. Isa sa mga pangunahing usapin na kanilang binigyang-diin ay ang kawalan ng malinaw, sistematiko, at istandardisadong pamantayan sa pagsasalin ng diskursong legal, lalo na sa mga kasong kriminal kung saan nakataya ang buhay at kalayaan ng mga akusado. Dahil dito, may panganib na maiparating nang hindi wasto o kulang ang mensahe ng mga legal na dokumento at testimonya, na maaaring magdulot ng maling pag-unawa ng hukuman at iba pang kinauukulang ahensiya. Sa konteksto ng multilingguwal na lipunang Pilipino, lumalabas na ang problema ay hindi lamang usapin ng kakulangan sa mga tagasalang bihasa sa legal na terminolohiya, kundi maging sa kabuuang istruktura ng patakarang pangwika sa sistemang panghukuman.

Kaakibat ng ganitong pananaw, mahalaga ring banggitin ang isinagawang pag-aaral nina Antoinette et al. na pinamagatang *Policy Outlooks for Translation and Related Language Policies in the Philippines*. Ang nasabing pananaliksik ay nagsisilbing mahalagang paalala sa kritikal na papel ng pagsasalin sa pagsusulong ng inklusibong serbisyo publiko sa bansa. Sa isang bansang may higit sa 170 katutubong wika, ipinapakita ng pag-aaral na hindi sapat ang monolingguwal na pamamahala ng impormasyon at serbisyo. Kinakailangan na ang mga dokumento ng pamahalaan tulad ng mga batas, patakaran, impormasyon sa kalusugan, edukasyon, at hustisya ay maisalin hindi lamang sa wikang pambansa kundi maging sa mga katutubong wika upang mapanatili ang pantay na akses ng bawat mamamayan, anuman ang kanilang

etnolingguwistikong pinagmulan. Sa ganitong paraan, nagiging tulay ang pagsasalin para sa mas malawak na partisipasyon ng mga komunidad, lalo na yaong mga madalas na naiwan sa mga diskurso ng estado dahil sa hadlang sa wika at teknikal na kaisipan.

Dagdag pa rito, binigyang-diin sa parehong pag-aaral ang kakulangan sa kapasidad ng mga tagasalin, partikular sa pagsasalin ng mga teknikal at legal na dokumento. Ang kakulangang ito ay hindi dapat balewalain sapagkat ang anumang maling pagsasalin ay maaaring magbunga ng seryosong epekto sa karapatan, kapakanan, at buhay ng mamamayan. Kaya naman mariing inirerekomenda ang institusyonalisasyon ng mga mekanismo na magtatakda ng pamantayan at kalidad sa larangan ng pagsasalin. Kabilang dito ang pagbuo ng mga gabay, pagsasanay, at suporta sa patuloy na propesyonalisasyon ng mga tagasalin. Sa ganitong konteksto, malinaw na ang pagsasalin ay hindi lamang isang teknikal na gawain kundi isang makataong hakbang patungo sa pagtataguyod ng katarungan, demokratikong partisipasyon, at tunay na inklusibong pag-unlad ng lipunan.

Sa parehong diwa, naninindigan ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na ang paggamit ng wikang Filipino ay hindi dapat ituring na pang-ritwal lamang tuwing Buwan ng Wika, kundi bilang pang-araw-araw na wika ng serbisyo publiko. Ayon sa ulat ng *People's Tonight*, binigyang-diin ng KWF na ang paggamit ng wikang naiintindihan ng mas nakararami ay hindi lamang simpleng komunikatibong aksyon kundi isang hakbangin ng pagkilala sa karapatan ng bawat Pilipino na marinig, maunawaan, at makibahagi. Sa ganitong paraan, naipapakita sa mamamayan na sila ay hindi lamang pasibong tumatanggap kundi aktibong kalahok sa mga usaping pampubliko. Ang wikang Filipino, sa kanyang kakayahang magbuklod at magbigay-tinig sa mga nasa laylayan, ay nagiging mabisang kasangkapan ng pagbubuo ng isang lipunang mas makatarungan, mas makatao, at higit na demokratiko.

METODOLOHIYA

I sinalin ng mananaliksik ang mga pangunahing pormularyong pambarangay ng Barangay Poblacion batay sa mga teoretikal at praktikal na batayan mula sa prinsipyo ni Peter Newmark, partikular ang pagbibigay-halaga sa komunikatibong layunin ng pagsasalin at semantikong katapatan sa orihinal na diwa ng dokumento. Ang prosesong ito ay nahati sa dalawang pangunahing yugto: una, ang pagsasalin ng pamagat at nilalaman ng mga pormularyo, kung saan isinasaalang-alang ang pagiging tiyak, malinaw, at madaling maunawaan ng mga mamamayan; at ikalawa, ang pagsusuri at rebisyon ng salin batay sa mungkahi ng mga tagasuri mula sa akademya at lokal na pamahalaan.

Ginamit din sa pananaliksik na ito ang pamantayang proseso ng pagsasalin alinsunod sa ISO 17100:2015, na binubuo ng tatlong pangunahing yugto: pre-produksyon, produksyon, at post-produksyon. Sa pre-produksyon, tinukoy ang layunin ng pagsasalin, target na mambabasa, at espesipikasyon ng tekstong isasalin. Sa produksyon naman isinagawa ang aktwal na pagsasalin at rebisyon, kung saan sinuri ang katumpakan, kahulugan, istilo, at pagkakapare-pareho ng salin kaugnay ng orihinal. Bagama't hindi naisagawa ang yugto ng post-produksyon dulot ng limitasyon sa panahon, tiniyak ng mananaliksik na naipahayag nang malinaw, tumpak, at kontekstwal ang mensahe ng mga dokumento sa wikang Filipino.

Matapos maisalin ang mga pormularyo, isinailalim ang mga ito sa beripikasyon ng Punong Barangay ng Poblacion, alinsunod sa pamantayan ng mabisang pagsasalin mula sa Sentro sa Salin at Araling Salin ng Unibersidad ng Santo Tomas, sa tulong ni Prof. Wennielyn F. Fajilan, Ph.D. Sinuri ang salin batay sa limang aspekto: kalinawan, katumpakan, kontekstuwal na kaangkupan, pagiging praktikal, at bisa sa aktuwal na tagagamit, partikular na sa mga karaniwang mamamayan.

Kinuha rin ng mananaliksik ang opinyon at mungkahi ng Punong Barangay hinggil sa pagiging epektibo ng salin sa aktuwal na

proseso ng transaksyon sa barangay. Dahil sa kanyang direktang ugnayan sa mga dokumentong pampamahalaan, itinuturing na mahalaga ang kanyang pananaw sa pagsasaalang-alang ng mga hamon sa komunikasyon at dokumentasyon sa lokal na antas. Batay sa kanyang rekomendasyon, isinailalim sa karagdagang rebisyon ang ilang bahagi ng salin upang higit itong tumugma sa wika at pang-unawang gamit ng mga opisyal at mamamayang gumagamit nito.

Dumaan sa dalawang mahalagang bahagi ang pagsasalin: una, kung saan isinalin ang mga piling salita, parirala, at maikling pangungusap mula sa dokumento gamit ang teorya at labinwalong proseso ng pagsasalin mula kay Peter Newmark; at ikalawa, ang pagsusuri ng salin gamit ang pamantayang mula sa Unibersidad ng Santo Tomas at sa praktikal na karanasan ng Punong Barangay. Sa huling bahagi, muling isinailalim sa pagsasalin at rebisyon ang mga piling bahagi ng teksto gamit ang iba pang teoryang pangwika upang higit pang mapahusay ang pag-aangkop ng wika sa konteksto ng serbisyong pampamahalaan.

ORIHINAL	INISYAL NA SALIN	PROSESONG GINAMIT
BARANGAY CLEARANCE	KUMPERMASYON NG BARANGAY	Gamiting Katumbas
CERTIFICATE OF RESIDENCY	SERTIPIKO NG PANINIRAHAN	Literal na Pagsasalin
BARANGAY CLEARANCE (WATER LINE INSTALLATION) (ELECTRICAL LINE INSTALLATION)	PAHINTULOT NG BARANGAY (PAGKAKABIT NG LINYA NG TUBIG) (PAGKAKABIT NG LINYA NG KURYENTE)	Modulasyon
CERTIFICATE OF INDIGENCY	SERTIPIKO NG KAWALANG-KAYA	Pagsusuri ng mga bahagi
BARANGAY BUSINESS CLEARANCE	PAHINTULOT NG PAGNENEGOSYO SA BARANGAY	Cuoplets (Literal at Diskriptibo)

ANALISIS NG MGA SALIN

Ilang bahagi ng sistematikong pagsusuri, hinati ang proseso ng pagsasalin sa dalawang pangunahing bahagi: una, ang pagsasalin ng pamagat ng bawat dokumento; at ikalawa, ang pagsasalin ng nilalaman o katawan ng dokumento. Mahalaga ang ganitong paghahati sapagkat magkaiba ang tungkulin at anyo ng bawat bahagi sa estruktura ng dokumento.

PAGSUSURI SA MGA PAMAGAT

Sa pagsasalin ng mga pamagat ng pormularyong pambarangay, ginamit ng mananaliksik ang balangkas ni Peter Newmark (1988) ukol sa labingwalong proseso ng pagsasalin upang matiyak na ang bawat salin ay hindi lamang lingguwistikong tugma kundi angkop din sa konteksto ng paggamit nito sa lokal na pamahalaan. Ang mga pamagat tulad ng “*Barangay Clearance*,” “*Certificate of Residency*,” “*Certificate of Indigency*,” “*Barangay Business Clearance*,” at “*Barangay Clearance for Water/Electrical Installation*” ay masusing isinalin at inangkop sa mga pamagat na gaya ng “*Kumpermasyon ng Barangay*,” “*Sertipiko ng Paninirahan*,” “*Sertipiko ng Kawalang-kaya*,” “*Pahintulot ng Pagnenegosyo sa Barangay*,” at “*Pahintulot ng Barangay: Pagkakabit ng Linya ng Tubig/Kuryente*.”

Isinagawa ang masinop na paglalapat ng iba’t ibang teknik ni Newmark gaya ng literal na pagsasalin sa “*Sertipiko ng Paninirahan*,” gamiting katumbas sa “*Kumpermasyon ng Barangay*,” at descriptive equivalent sa mahahabang pamagat gaya ng “*Pahintulot ng Barangay: Pagkakabit*

ng Linya ng Tubig/Kuryente.” Ang modulation ay lumitaw sa pagsasalin ng “clearance” bilang “pahintulot” at hindi bilang direktang “katibayan” o “sertipiko,” upang higit na ipakita ang tunay na tungkulin ng dokumento. Samantala, ang componential analysis ay ginamit upang siyasatin ang salitang “indigency,” na isinalin bilang “kawalang-kaya” isang pamilyar at makataong pananalita na naiintindihan ng karaniwang mamamayan.

Mapapansin na sa bawat pamagat, hindi lamang wasto ang hinabol kundi ang kalinawan at pagkakaangkop sa tagagamit, isang mahalagang prinsipyo sa teorya ni Newmark na nagbibigay-diin sa komunikatibong layunin ng pagsasalin. Sa ilang pamagat, gaya ng “Barangay Business Clearance,” gumamit ng couplets pinagsamang literal at descriptive na pagsasalin upang mailarawan ang aktwal na gamit ng dokumento. Samantala, ang pagsasalin tulad ng “Sertipiko ng Kawalang-kaya” ay humugot ng synonymy upang mapanatili ang diwa ng “indigency” habang ginagamit ang mas ligtas at di-mapanirang wika sa kontekstong Pilipino

Isinagawa rin ang transposition at modulation upang maiakma ang istruktura ng Ingles sa natural na anyo ng Filipino. Ang “Barangay Clearance” ay naging “Kumpermasyon ng Barangay,” kung saan ang pagkakasunod ng salita ay inayos upang maging natural sa gramatika ng Filipino. Sa ilang salin, ginamit ang expansion upang palawigin ang orihinal na pamagat para sa mas malinaw na pagbibigay-kahulugan, gaya ng salin para sa *Barangay Clearance (Water/Electrical)* na sadyang pinahaba upang maging espesipiko at praktikal.

Naging malaking hamon ang unang bahagi pa lamang ng pagsasalin ng pamagat ng mga dokumento dahil walang mahanap ang mananaliksik ng mga pag-aaral o pagsasalin tungkol sa mga ganitong uri ng dokumento. Dahil dito, kinailangang umasa ang mananaliksik sa sariling pagsusuri, konsultasyon sa mga umiiral na anyo ng salin sa mga lokal na tanggapan, at sa mga prinsipyo ng teoryang pagsalin tulad ng kay Newmark upang makabuo ng salin na parehong wasto sa diwa at katanggap-tanggap sa konteksto ng wikang Filipino.

ORIHINAL	INISYAL NA SALIN	GINAMIN NA PARAAN
Clerance	Clerance	Adaptasyon
This is to certify that	Ito ay pinatutunayan na si	Isahang Salin
This Certification is being issued for whatever legal purposes it may serve.	Ang sertipikasyong ito ay ibinibigay para sa anumang legal na layunin na ito ay makapag sisilbi.	
This certification is being issued upon the request of the	Ang sertipikasyong ito ay ibinibigay sa kahilingan ng	
Is now operating as a business within the	Ngayon ay nagpapatakbo ng negosyo sa	
And presently residing at	At kasalukuyang naninirahan sa	
Has no pending case or	Ay walang nakabinbing kaso o	
Any violations or illegal act committed by a business will be cause for cancellation of this	Anumang paglabag o ilegal na gawain na ginagawa ng isang negosyo ay magiging sanhi para sa kanselasyon nitong	
Based on records of this office, he/she been residing at	Batay sa mga tala ng opisina na ito, siya ay naninirahan sa	
is being issued under the requirments of New Local Code under Republic Act 7160. Article 152 Paragrapg C for the purpose of Securing or	na ito ay ibinibigay sa ilalim ng mga kinakailangang kundisyon ng Bagong Lokal na Batas sa ilalim ng Republic Act 7160. Artikulo 152 Kabanata C para sa layunin ng Pagkuha o	

Given this	Ibinigay noong	Isahang Salin
Record in this barangay	Tala sa barangay na ito	
here at Barangay Poblacion, Pulilan, Bulacan.	dito sa Barangay Poblacion, Pulilan, Bulacan	
of Barangay Poblacion, Pulilan, Bulacan.	ng Barangay Poblacion, Pulilan, Bulacan.	
Of this Barangay	Ng barangay na ito	
Is a	Ay	
for whatever legal purposes it may serve.	para sa anumang legal na layunin na ito ay makapagsisilbi.	
Date Issued	Pesta ng paglalabas	
Issued This	Ibinigay ito noong	
the office of the Barangay Chairman interposes no	ang tanggapan ng Punong Barangay ay walang	
to the application of	sa aplikasyon ni	
To the	Ito ay	
Of the	Sa mga	
and	at	
This	Ito	
governing the operation and maintenance of the same.	ng namamahala sa operasyon at pagpapanatili ng nasabing bagay	
Name of Business	Pangalan ng Negosyo	
Business Address	Adres ng Negosyo	
Name of applicant	Pangalan ng aplikante	
Derogatory	Derogatoryong	Naturalisasyon
Renewing	Pagpapanatili ng	Transposisyon
Civil Status	Kalalagayang Sibil	
for Water / Electrical Line Installation however	para sa Pagkakabit ng Linya ng Tubig / Kuryente subalit	
Mayor's permit/license	Permit/Lisensya ng Alkalde.	Deskriptibong Pagtutumbas
Date	Petsa	
Bonafide resident	Totoong residente	
belongs to the indigent people in our Barangay.	ay kabilang sa mga taong nangangailangan sa aming Barangay	Kinikilalang Salin
Name of Applicant	Pangalan ng Aplikante	
Age	Edad	
Date of Birth	Petsa ng Kapanganakan	
Address	Adres	
Objection	pagtutol	
Existing Law	Umiiral na batas	

Ordinance	Ordinansa	Kinikilalang Salin
Rules	Patakarán	
Regulation	Regulasyon	
Jurisdiction	Hurisdiksiyon	
Above-mentioned	Nabanggit	Pagsusuri sa mga Bahagi
requirement	saklaw	

PAGSUSURI SA MGA SALITA, PARIRALA, AT MAIKLING PANGUNGUSAP

Sa pagsusuri ng mga salin mula sa mga dokumentong pambarangay, natukoy ang aktuwal na aplikasyon ng pitong proseso mula sa labinwalong iminungkahi ni Peter Newmark. Kabilang dito ang adaptasyon, isahang salin, naturalisasyon, transposisyon, deskriptibong panumbasan, kinikilalang salin, at pagsusuri sa nilalaman. Bagama't teknikal ang anyo ng mga dokumentong ito, ang kanilang pagsasalin ay nangangailangan ng higit pa sa simpleng pagtutumbas. Kinakailangang isaalang-alang ang layunin ng dokumento, ang gamit nito sa kontekstong institusyonal, at ang antas ng wika ng inaasahang tagagamit upang matiyak ang malinaw at mabisang komunikasyon.

Isa sa mga kapansin-pansing proseso sa pagsasalin ng mga dokumentong pambarangay ay ang isahang salin, na tuwirang pagtutumbas ng salita o parirala mula sa source language patungo sa target language. Sa proseso ng isahang salin, pinananatili ang estruktura at pagkakasunod-sunod ng mga salita hangga't maaari, upang maipahayag ang mensahe sa paraan na pinakamalapit sa orihinal. Ginamit ito sa pagsasalin ng mga pormularyong legal at pormal, kung saan mahalaga ang semantikong katapatan. Halimbawa, ang pahayag na *"This is to certify that"* ay isinalin bilang *"Ito ay pinatutunayan na si..."*. Ang ganitong anyo ay nagpapakita ng tuwirang paglipat ng diwa na may diin sa pagiging obhektibo at pormal ng pahayag, na isang mahalagang katangian ng mga sertipikasyong pambarangay. Ginamit din sa salin ang proseso ng naturalisasyon, kung saan hiniram ang salita mula sa orihinal na wika at inangkop ito sa baybay at morpolohiya ng Filipino. Isang halimbawa nito ang pagsasalin ng *"derogatory"* bilang *"derogatoryong."* Sa prosesong ito, nananatili ang anyo at tunog ng orihinal habang isinasalok ang anyo nito ayon sa tuntunin ng Filipino. Ang ganitong salin ay karaniwang ginagamit sa mga tekstong teknikal o legal, kung saan mahalaga ang pagpapanatili ng pagkakakilanlan ng salita habang ito ay isinasaayos upang maging bahagi ng wikang target. Ang naturalisasyon ay ginamit sa mga salitang gaya ng *"derogatory,"* na naisalin bilang *"derogatoryong."* Sa prosesong ito, ang orihinal na salita ay isinailalim sa pagbabagong-baybay ayon sa tuntunin ng Filipino upang mapanatili ang anyo at pagkakakilanlan nito habang inaangkop sa morpolohiya ng target na wika. Isang mahalagang proseso rin ang transposisyon, kung saan inaangkop ang estruktura ng pangungusap upang tumugma sa sintaktik ng target na wika. Halimbawa, ang *"civil status"* ay naisalin bilang *"kalalagayang sibil."* Bagama't simple, ito ay nagpapakita ng mabisang paglipat ng kahulugan at anyo na sumusunod sa tamang porma ng Filipino. Sa ganitong uri ng pagsasalin, naipapakita ang kahusayan sa pag-angkop ng gramatika nang hindi nasisira ang orihinal na diwa. Sa pagsasalin naman ng mga terminong walang direktang katumbas, naging kapaki-pakinabang ang deskriptibong panumbasan. Ang *"bonafide resident,"* halimbawa, ay naisalin bilang *"totoong residente."* Ginamit din ang kinikilalang salin sa mga bahagi ng pormularyo na matagal nang bahagi ng estandarisdong wika ng mga ahensyang pampamahalaan, gaya ng *"Name of Applicant"* na naisalin bilang *"Pangalan ng Aplikante"* at *"Address"* bilang *"Adres."* Dagdag pa rito, mahalagang ginamit ang proseso ng pagsusuri sa nilalaman upang suriin ang antas ng komunikatibong bisa ng kabuuang salin. Halimbawa, ang ekspresyong *"governing the operation and maintenance of the same"* ay naisalin bilang *"na may kinalaman sa pamamahala, operasyon, at pagpapanatili ng nasabing bagay."* Sa halip na literal na pagsasalin, piniling hatiin ang mga elemento ng orihinal upang mailapat sa mas malinaw at organisadong pahayag sa Filipino. Ipinakikita ng prosesong ito na ang kahusayan

sa pagsasalin ay hindi lamang nasa wastong pagpili ng salita kundi pati na rin sa kakayahang maipahayag ang kabuuang diwa ng orihinal sa paraang malinaw, tiyak, at akma sa konteksto ng lokal na dokumento.

Sa huli, may apat na salitang isinalin batay sa ortograpiyang Filipino—ang “derogatoryo,” “Andres,” “regulasyon,” at “hurisdiksiyon.” Ang lahat ng ito ay matatagpuan sa *UP Diksiyonaryong Filipino* na inilathala ng Ateneo de Manila University Press. Sa kabila ng banyagang pinagmulan ng mga salitang ito, tulad ng “Andres” na mula sa Ingles na “Andrews,” ang kanilang pagsasalin gamit ang baybay-Filipino ay tinatanggap na sa kasalukuyang ortograpiya. Malaking tulong sa proseso ng pagsasalin ang pagkakaroon ng ganitong sanggunian sapagkat napadadali at nagiging mas mapanatag ang pagpili ng salitang gagamitin kung ito ay aprubado at matatagpuan sa opisyal na diksiyonaryo.

RESULTA

Matapos maisagawa ang inisyal na salin ng mga piling bahagi ng pananaliksik, kinonsulta ang kapitan ng barangay upang hingin ang kanyang opinyon at rekomendasyon hinggil sa mga ito. Mahalaga ang kanyang ambag sapagkat bilang pangunahing tagapamuno ng pamayanan, siya ang direktang nakasaksi at nakaalam sa mga karanasan, pangangailangan, at pananaw ng kanyang nasasakupan. Sa ganitong paraan, mas nagiging makabuluhan, wasto, at kontekstuwal ang pagkakasalin, sapagkat isinasaalang-alang hindi lamang ang wikang gagamitin, kundi pati na rin ang kultural at panlipunang sensibilidad ng komunidad na tinutukoy ng pananaliksik.

INISYAL NA SALIN	PINAL NA SALIN
KUMPERMASYON NG BARANGAY	BARANGAY CLEARANCE
SERTIPIKO NG PANINIRAHAN	CERTIFICATE OF RESIDENCY
PAHINTULOT NG BARANGAY (PAGKAKABIT NG LINYA NG TUBIG) (PAGKAKABIT NG LINYA NG KURYENTE)	BARANGAY CLEARANCE (WATER LINE INSTALLATION) (ELECTRICAL LINE INSTALLATION)
SERTIPIKO NG KAWALANG-KAYA	CERTIFICATE OF INDIGENCY
PAHINTULOT NG PAGNEGOSYO SA BARANGAY	BARANGAY BUSINESS CLEARANCE

PINAL NA PAMAGAT NG DOKUMENTO

Mula kapitan ng barangay, mas naiintindihan umano ng mga mamamayan ang mga dokumento kapag ito ay nasa wikang Ingles sapagkat ito na ang kanilang nakasanayan. Dahil dito, bagamat isinalin sa Filipino ang nilalaman, napiling panatilihin sa Ingles ang pamagat ng mga dokumento tulad ng *Barangay Clearance*, *Certificate of Residency*, at *Certificate of Indigency*. Ang hakbanging ito ay umaayon sa teorya ni Peter Newmark ukol sa *communicative translation*, na nagsasabing ang pagsasalin ay dapat unawain agad ng target na mambabasa. Sa halip na pilitin ang literal na salin, mas mahalaga ang pagiging praktikal, malinaw, at madaling magamit sa aktwal na konteksto ng komunidad.

INISYAL NA SALIN	PINAL NA SALIN	BATAYANG TEORYA
Ito ay pinatutunayan na si	Pinatutunayan sa pamamagitan nito na si	Systemic Functional Linguistics (Matthiessan, 2014)

Petsa ng Paglalabas	Pesta ng Pag-isyu	Contextual Theory (Austin, 2015)
Ang sertipikasyong ito ay ibinibigay para sa anumang legal na layunin na ito ay makapag sisilbi.	Ang sertipikasyong ito ay ibinigay para magamit sa anumang legal na layunin.	Use Theory (Kumar, 2019)

PINAL NA SALIN NG SALITA, PARIRALA, AT MAIKLING PANGUNGUSAP

Ang saling “*Pinatutunayan sa pamamagitan nito na si...*” ay nakaangkla sa Systemic Functional Linguistics ni Halliday (Matthiessen), na nagsasaad na ang wika ay may tiyak na tungkulin sa lipunan. Sa kasong ito, ginamit ang representasyonal at tekstuwal na tungkulin ng wika upang malinaw na ipahayag na ang dokumento mismo ang nagpapatunay sa isang katotohanan. Ang pagdaragdag ng “*sa pamamagitan nito*” ay nagpapakita ng pagiging pormal at umaayon sa estilo ng opisyal na dokumento sa Filipino.

Samantala, ang pagsasalin ng “*This certification is being issued for whatever legal purposes it may serve*” bilang “*Ang sertipikong ito ay inilalabas para magamit sa anumang legal na layunin*” ay batay sa Use Theory of Meaning (Kumar), na naniniwalang ang kahulugan ng wika ay nasa aktwal na gamit nito. Ginamit ang mas maikli at direktang pahayag upang maging praktikal at madaling maunawaan ng karaniwang mambabasa sa konteksto ng barangay.

Ang saling “*Petsa ng Pag-isyu*” mula sa “*Date Issued*” ay hango naman sa Contextual Theory of Meaning (Austin), na nagsasaad na ang wika ay may kahulugan batay sa kultura at sitwasyong pinagagamitan nito. Pinili ang “pag-isyu” sa halip na “paglalabas” o “pagkakaloob” sapagkat ito ang mas pamilyar, pormal, at ginagamit sa mga opisyal na transaksyon sa lokal na pamahalaan batay na rin sa *UP Diksiyonaryong Filipino* tinatanggap na ang salin na “isyu”. Sa ganitong paraan, ang salin ay naging mas angkop sa aktwal na gamit sa lipunan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga pinal na salin na ang pagsasalin ng mga dokumentong pampamayanan para sa serbisyo-publiko ay hindi lamang simpleng pagtutumbas ng mga salita, kundi isang masusing proseso ng pag-aangkop sa wika, layunin, at konteksto ng lipunan. Bagamat ang 18 proseso at teoryang isinalarawan ni Peter Newmark ay nagsilbing pundasyong teknikal ng pagsasalin, higit na pinatibay at pinayaman ang salin sa pamamagitan ng paglalapat ng mga kontemporaryong pananaw sa wika gaya ng Systemic Functional Linguistics (Matthiessen), Use Theory of Meaning (Kumar), at Contextual Theory of Meaning (Austin).

Nakatulong ang mga teoryang ito upang higit na maangkop ang salin sa aktwal na gamit sa komunidad mula sa pagpapahayag ng tungkuling panlipunan ng wika, sa kahulugang nahuhubog sa paggamit, hanggang sa kontekstuwal na pag-unawa ng mga tagatanggap. Dahil dito, naging malinaw, praktikal, at kapaki-pakinabang ang mga salin para sa karaniwang mamamayan. Sa ganitong paraan, naipapakita na ang mabisa at responsableng pagsasalin ay hindi lamang tapat sa orihinal na tekstong kundi tunay na naglilingkod sa pangangailangang panlinggwistika at panlipunan ng pamayanan.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Mula sa isinagawang pagsusuri sa mga isinaling dokumentong pampamayanan, lumitaw na ang isahang pagtutumbas ang pinakamadalas na ginamit na paraan sa pagsasalin. Sa mga dokumentong nangangailangan ng pormalidad at legalidad, tulad ng *Certificate of Indigency* at *Barangay Clearance*, napanatili ng isahang salin ang pagiging tiyak at malinaw ng pahayag habang nananatiling mauunawaan ng karaniwang mamamayan. Samantala, minsan lamang ginamit ang adaptasyon, patunay na ang mga dokumentong ito ay higit na nangangailangan ng katumpakan kaysa malikhaing pagsasalin. Malaki rin ang naiambag ng *UP Diksiyonaryong Filipino* sa pagbibigay

ng pamantayang salin para sa mga teknikal na termino.

Gayunman, nananatiling isang hamon ang kakulangan ng mga sapat at espesyalisadong sanggunian sa larangan ng teknikal at legal na pagsasalin sa wikang Filipino. Maraming salin ang kinakailangang umasa sa limitadong terminolohiya, dahilan upang ang ilang salita ay hindi agad matagpuan sa mga umiiral na diksyonaryo o manwal, na nagdudulot ng pag-aalinlangan sa pagpili ng pinakaangkop na termino. Isa sa mga pangunahing hamon ng tagasalin ay ang kakulangan sa oras para sa masusing pagsusuri ng posibleng salin, lalo na kung may implikasyong legal ang dokumento. Dagdag pa rito, nagkakaiba-iba ang antas ng pormalidad at gamit ng wika sa bawat pamayanan, kaya't kailangang isaalang-alang ang sosyolingguwistikong konteksto ng mambabasa. Hamon din ang pagpapanatili ng konsistensi ng istilo at tono, lalo na kung maraming sangkot sa pagsasalin o kung kulang sa mapagkakatiwalaang sanggunian.

Sa kabila ng mga ito, napatunayan sa pananaliksik na hindi dapat nakakulong sa iisang teorya ang pagsasalin, sapagkat ito ay isang malawak, dinamiko, at multidimensiyonal na gawain. Habang ang mga proseso ni Peter Newmark ay nagsilbing teknikal na gabay, higit pang pinatibay ang salin sa tulong ng Systemic Functional Linguistics (Matthiessen), Use Theory of Meaning (Kumar), at Contextual Theory of Meaning (Austin). Ang mga ito ay nagbigay-linaw sa tungkulin ng wika sa lipunan, sa gamit ng wika sa konteksto, at sa kahulugang nabubuo sa interaksyon ng tao at institusyon.

Sa kabuuan, ang matagumpay na pagsasalin ay hindi lamang pagiging tapat sa pinagmulan kundi ang pagiging kapaki-pakinabang, malinaw, at makabuluhan para sa tagatanggap. Isa itong gawaing may layuning magsilbi sa mas malawak na publiko isang tulay tungo sa mas inklusibo, makatarungan, at makataong serbisyong pampubliko.

Upang maging epektibo ang pagsasalin ng mga dokumentong pampamayanan,

mahalagang tiyaking ang bawat pormularyong pamparangay ay dumadaan sa masusing post-produksyon tulad ng editing at proofreading, at nabibigyan ng sapat na panahon upang maipakilala sa mismong mamamayang gagamit nito. Mainam na isinasagawa ito sa pamamagitan ng barangay assembly o simpleng oryentasyon upang mapalalim ang pag-unawa. Sa ganitong proseso, mahalagang isaalang-alang ang puna at mungkahi ng mga mamamayan upang mapahusay pa ang anyo at nilalaman ng salin. Kailangan ding magsagawa ng hakbang ang mga lokal na opisina upang regular na suriin at i-update ang mga dokumento ayon sa wika ng komunidad. Sa antas pambansa, dapat magsanib-puwersa ang mga ahensiya tulad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at DILG upang makabuo ng glosaryo ng mga teknikal at legal na terminong mas angkop sa kontekstong Pilipino. Sa panig naman ng mga tagasalin at mananaliksik, mahalaga ang pagbibigay ng sapat na oras sa bawat yugto ng pagsasalin, pati na ang paglikha ng mga mapagkakatiwalaang sanggunian upang mapanatili ang kalidad at konsistensi ng wika. Samantala, ang mga guro at mag-aaral ng wika ay hinihikayat ding gamitin ang aktwal na dokumento bilang materyal sa pag-aaral upang mahasa hindi lamang ang teknikal na kasanayan sa pagsasalin kundi pati ang kaalaman sa wikang ginagamit sa serbisyo publiko. Sa kabuuan, ang pagsasalin ay hindi lamang gawaing lingguwistiko kundi panlipunang tungkuling dapat isinasaalang-alang ang layunin, gamit, at pinaglilingkurang mamamayan.

Sa kabuuan, ipinakita ng pag-aaral na ang pagsasalin ng dokumentong pampamayanan ay hindi lamang teknikal na gawain kundi isang panlipunang tungkulin. Sa pamamagitan ng maingat na proseso, angkop na teorya, at pakikipag-ugnayan sa komunidad, nagiging tulay ang wika sa mas malinaw at makataong serbisyo publiko. Ang salin ay dapat na kapaki-pakinabang, kontekstuwal, at nauunawaan ng mismong mamamayang pinaglilingkurang.

- Antoinette, F., et al. *Policy Outlooks for Translation and Related Language Policies in the Philippines*. Decolonial Studies Program, University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies, 2020, <https://cids.up.edu.ph/wp-content/uploads/2022/02/UP-CIDS-Policy-Brief-2020-02.pdf>.
- Austin, J. L. *How to Do Things with Words*. Internet Archive, 2015, <https://archive.org/details/HowToDoThingsWithWordsAUSTIN>.
- Balabo, Dino. “Filipino in Court Proceedings Gains Headway.” *Philstar.com*, 21 Nov. 2009, <https://www.philstar.com/nation/2009/11/22/525158/filipino-court-proceedings-gains-headway>.
- Halliday, M. A. K., and Christian M. I. M. Matthiessen. *Halliday’s Introduction to Functional Grammar*. 4th ed., Routledge, 2014, https://linguisticstudentindonesia.wordpress.com/wp-content/uploads/2020/09/m.a.k.-halliday-christian-m.i.m.-matthiessen-hallidays-introduction-to-functional-grammar-2014-routledge-libgen.lc_.pdf.
- ISO. *ISO 17100:2015 Translation Services—Requirements for Translation Services*. International Organization for Standardization, 2015, Google Docs, <https://drive.google.com/file/d/10XEYfJ2GC0UguaPoOmQydmpan-iriGuj/view>.
- Jimenez, Rowena, and Rochelle Ballesteros-Lintao. “A Norm-Based Analysis of Court Interpretation in Selected Philippine Criminal Cases.” *Asian Journal of English Language Studies*, vol. 8, 2020, <https://ajels.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2022/07/6-A-norm-based-analysis-of-court-interpretation-in-selected-Philippine-criminal-cases.pdf>.
- Kumar, Ashok. “The Use Theory of Meaning: A Reading of Wittgenstein’s *Philosophical Investigations*.” *Zenodo*, CERN European Organization for Nuclear Research, 2020, doi:10.5281/zenodo.4399324.
- Malaya Business Insight. “SWS: 75% of Pinoys Competent in Filipino, 47% Fluent in English.” *Malaya Business Insight*, 17 Aug. 2023, <https://malaya.com.ph/news/sws-75-of-pinoys-competent-in-filipino-47-fluent-in-english/>.
- Order No 335. *Lawphil*, 1988, https://lawphil.net/executive/execord/eo1988/eo_335_1988.html.
- Official Gazette of the Republic of the Philippines. “The 1987 Constitution of the Republic of the Philippines: Article XIV.” *Official Gazette*, 2025, <https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/the-1987-constitution-of-the-republic-of-the-philippines/the-1987-constitution-of-the-republic-of-the-philippines-article-xiv/>.

People's Tonight. "Wikang Filipino para sa Serbisyo Publiko." *Journalnews*, 29 Aug. 2022, <https://journalnews.com.ph/wikang-filipino-para-sa-serbisyo-publiko/>.

Porio, Emma, and Erma Roque-Sarmiento. "Barangay." *The Wiley Blackwell Encyclopedia of Urban and Regional Studies*, Wiley Blackwell, 2019, pp. 1–5, <https://doi.org/10.1002/9781118568446.eurs0016>.

APENDIKS:

Ika-13 ng Mayo, 2024

Kgg. Kap. Kyan P. Espiritu
Punong Barangay
Barangay Poblacion, PULILAN, Bulacan

Mahal na Kapitan Espiritu,

Magandang araw po. Ako po si Vyrón M. Enriquez, isang mananaliksik na kasalukuyang nagsasagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang *"Ang Papel ng Wikang Filipino sa Mga Pangunahing Transaksyonal na Pormalyong Pambarangay Gamitin ang Labing Walong Proceso ni Newmark"*. Layunin ng pananaliksik na ito na isalin mula sa Ingles patungo sa Filipino ang mga pangunahing pormalyong ginagamit sa inyong barangay upang higit na maunawaan ng mga mamamayan ang nilalaman at kahalagahan ng mga ito.


Kaugnay nito, nais ko pong humiling ng isang pagpupulong sa inyong tanggapan upang humingi ng gabay at impormasyon tungkol sa mga dokumentong ginagamit sa inyong barangay. Ang inyong tulong ay mahalaga upang maisakatuparan ang layunin ng pananaliksik na ito at makatulong sa pagpapalaganap ng mas epektibong paggamit ng wikang Filipino sa mga opisyal na transaksyon sa barangay.



Lubos po akong nagpapasalamat sa inyong oras at pagsuporta sa aking pananaliksik.

Nagpapasalamat,

G. Vyron M. Enriquez
Mananaliksik

Received by:
Chaitin





Si VYRON M. ENRIQUEZ ay kasalukuyang Subject Area Team-Leader ng Filipino sa St. Dominic Academy of Pulilan, Inc. Siya ay kasalukuyang sumusulat ng tesis para sa kaniyang masterado sa Polytechnic University of the Philippines (PUP) sa programang Master ng Artes sa Filipino, Medyor sa Wika. Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ang wika, sosyolingguwistika, at ugnayan ng wika at kultura. Bilang guro at mananaliksik, ipinakikita niya ang malalim na pagpapahalaga sa wikang Filipino bilang daluyan ng pag-unlad ng kaisipan, pagkakakilanlan, pananaliksik, at pagkakaisa ng sambayanang Pilipino

PAHAYAG SA ETIKA AT PAGLABAG SA PATAKARAN NG PUBLIKASYON SA JOURNALS NG SENTRO NG WIKANG FILIPINO - UP DILIMAN

Ang *Daluyan* at *Agos Journal* ay mga refereed journal ng Sentro ng Wikang Filipino -UP Diliman (SWF-UPD) na nakatuon sa at nagpapanatili ng mataas na kalidad at akademikong integridad sa paglalathala ng mga artikulo at malikhaing akda. Sa layuning ito, ang *Daluyan* at *Agos*, sampu ng lupon ng mga editor, mga referee, at awtor, ay nararapat tumupad sa isinasaad ng pahayag sa etika at paglabag sa patakaran ng publikasyon.

Mataas na Antas ng Paggalang — Ang lupon ng mga editor, mga referee, awtor, at kawani sa produksiyon ng mga journal ay kinakailangang magpamalas ng mataas na antas ng paggalang sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin sa lahat ng pagkakataon.

Tungkulin ng mga Editor — Ang lupon ng mga editor ang nagtatakda ng direksiyon ng bawat isyu at nagbibigay ng paunang desisyon kung mataas ang kalidad ng mga isinuniteng artikulo/akda upang maisalang sa pagsusuri. Sa pamamagitan ng masusing paunang pagsusuri, maaaring hindi tanggapin o irekomenda ang mga manuskrito para sa pagtatasa ng mga referee, sang-ayon sa angkop na teoretikal at konseptuwal na balangkas, metodolohiya, at panuntunan sa pagsipi o pagtukoy ng sanggunian ng *Daluyan* at *Agos Journal*. Tungkulin din ng mga editor na pumili ng hindi bababa sa dalawang referee upang suriin ang isang manuskrito. Titiyakin nila na may integridad ang proseso ng blind-refereeing sa pamamagitan ng pagpili sa mga referee na may kahusayan sa akademikong larang/praktis o malikhaing pagsulat at walang anumang kasalungat na interes. Maaaring gumawa ng mga pangunahing desisyon upang tanggapin o hindi tanggapin ang mga manuskrito o akda para sa publikasyon. Ang mga desisyon ay batay sa pagsusuri ng mga referee alinsunod sa pahayag sa etika at paglabag sa patakaran ng publikasyon ng *Daluyan* at *Agos*.

Tungkulin ng mga Referee — Malaki ang kontribusyon ng mga referee sa pamantayan ng mga journal. Ang pagpili sa mga referee ay batay sa kanilang kahusayan at kasanayan sa pananaliksik o malikhaing pagsulat. Inaasahan silang magbigay ng kanilang masinop na pagsusuri sa artikulo at/o akda sa layuning mapahusay ang mga ito. Marapat na sumunod ang mga referee sa itinatakdang pamantayan sa pagrerebyu, at kung hindi ito masusunod, marapat na ipabatid sa mga editor ang hindi pagtanggap o pag-urong sa gawain. Kinakailangan nilang panatilihin ang kumpidensiyalidad sa buong proseso ng rebyu. Hindi sila maaaring magpahayag, makipag-usap, o gamitin ang anumang datos, argumento, o kongklusyon ng mga sinusuring manuskrito. Dapat ipagbigay-alam ng mga referee sa lupon ng mga editor ang kahit anong kahina-hinalang paglabag tulad ng etika sa pananaliksik (e.g., plahiyo o plagiarism), pagkukulang sa pagsipi sa mga impormasyon, o kasabay na pagpapasa ng manuskrito sa iba pang journal.

Tungkulin ng mga Awtor — Marapat na ang awtor ay nagsumite ng artikulo/akda nang may pagkilala o pahintulot sa kapuwa awtor, at may katiyakan sa orihinalidad at pag-aari sa manuskrito. Responsabilidad ng awtor na ipahayag kung may kasalungat na interes at/o may pinagmumulang pondo ang pananaliksik na maaaring makaimpluwensiya sa resulta ng pag-aaral. Gayundin, tungkulin niyang basahin at sundin ang nakasaad sa panuntunan ng pagpapasa ng manuskrito na nasa panawagan, lalo na sa paggamit ng tamang format at pagsipi bago magsumite ng kanilang manuskrito. Ipinagbabawal ang sabay na pagsusumite ng iisang artikulo/akda para sa konsiderasyon ng paglalathala sa ibang publikasyon. Kailangang sumunod ang awtor sa iskedyul na itinakda ng lupon ng mga editor sa pagsusumite ng kanilang mga rebisyon. Kung sakaling hindi nila matugunan ang iskedyul, dapat nila itong ipabatid at humingi ng panibagong kasunduan sa timeline mula sa lupon ng mga editor para sa isang makatwirang timetable. Ang pagkabigo ng awtor na tumugon sa anumang uri ng komunikasyon mula sa mga editor ay maaaring magresulta sa hindi pagtanggap sa manuskrito.

Proseso ng Rebyu — Naglalathala ang *Daluyan* at *Agos Journal* ng mga orihinal na artikulo/akda na dumaan sa isang masusing proseso ng **double-blind peer-review**. Ang mga manuskrito ay paunang sinusuri ng lupon ng mga editor para matiyak na nakasasapat ito bilang artikulo/akda bago ibigay sa mga referee na partikular namang titingin sa nilalaman (i.e., konseptuwalisasyon, teorisasyon) nito.

Kumpidensiyalidad — Sumusunod ang *Daluyan* at *Agos Journal* sa mga pangkalahatang tuntuning umiiral sa usapin ng kumpidensiyalidad. Ang impormasyon tungkol sa awtor at mga referee ay tinitiyak na mananatiling pribado. Kaugnay nito, ang mga isinumiteng artikulo/akda na naglalaman ng mga personal na impormasyon tungkol sa buhay ng awtor ay limitado lamang sa lupon ng mga editor at mga referee kung mayroon man.

Kasunduan sa Pormularyo ng Awtor — Kailangang mabasa, maunawaan, at sang-ayunan ng mga awtor ang itinatakda sa Pormularyo ng Awtor bago tumuloy sa rebyu ang mga manuskrito.

Pagtugon sa Paglabag sa Publikasyon — Mayroong karapatan ang *Daluyan* at *Agos Journal* na tukuyin ang maling gawain o asal ng awtor na may kinalaman sa publikasyon. Ang alinmang paglabag o maling gawain ng awtor, gaya ng intensiyong pagpapalabas sa publiko ng mga pahayag na walang katotohanan at pawang paninira sa publikasyon, ay kailangang matukoy. Ang lupon ng mga editor, kasama ang mga referee na sumuri ng artikulo at/o akda, ang magdedesisyon sa bigat ng parusang dulot ng paglabag na gaya ng pagbawi sa publikasyon sa journal at pagpapahayag nito sa publiko.

Sanggunian:

“Publication Ethics and Malpractice Statement.” Plaridel Journal of Communication, Media, and Society, www.plarideljournal.org/information-for-authors/publication-ethics-malpractice-statement/. Petsa ng pag-akses 13 Marso 2024.

Committee on Publication Ethics. (1999). Guidelines on good publication practices. Retrieved from <http://publicationethics.org/resources/code-conduct>

**Tungkol sa Daluyan Journal
ng Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman**

***About the Daluyan Journal of
Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman***

Ang Daluyan Journal:

The Daluyan Journal:

Ang Daluyan ay isang pambansang refereed journal na monolingguwal sa Filipino. Pangunahing layunin nito na paunlarin ang pag-aaral at pananaliksik tungkol sa wika, panitikan, at kulturang Pilipino, at pagyamanin ang diskurso sa iba't ibang disiplina sa wikang Filipino. Bilang bahagi ng tunguhin ng SWF-UPD na isulong ang Filipino bilang wika ng saliksik, naglalaan o lumilikha ang *Daluyan* ng espasyo para sa tuloy-tuloy na intelektuwalisasyon ng wikang pambansa.

Daluyan Journal is a national refereed journal that is monolingual in Filipino. Its main purpose is to develop the study and research about the Filipino language, literature, and culture, and to enrich the discourse in various disciplines in the Filipino language. As part of SWF-UPD's goal to promote Filipino as a language of research, Daluyan allocates or creates a space for the continuous intellectualization of the national language.

ISSN: 01117-1275 (printed)

ISSN: 2244-6001 (online)

Paglalathala:

Inilalathala ng Unibersidad ng Pilipinas, sa pamamagitan ng Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman, isang beses sa isang taon ang ***Daluyan Journal*** Maaaring maakses ang elektronikong bersiyon ng ***Daluyan*** sa <https://www.journals.upd.edu.ph> at sa <https://sentrofilipino.upd.edu.ph> ngunit naglilimbag din ng mga komplementaryong kopya.

Publishing:

The University of the Philippines, through the Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman, publishes the *Daluyan Journal* once a year. The electronic version of *Daluyan* can be accessed at <https://www.journals.upd.edu.ph> and at <https://sentrofilipino.upd.edu.ph> but complimentary copies are also printed.

Proseso ng Refereeing:

Ang *Daluyan* ay naglalathala ng mga orihinal na artikulo na dumadaan sa proseso ng double-blind peer-review. Ang mga manuskrito na isinumite ay inisyal na sinusuri ng lupon ng mga editor na binubuo ng punong editor, mga editor ng isyu, at tagapamahalang editor. Sa bahaging ito ay maaaring maglabas ng resulta kung ang isinumiteng mga manuskrito ay tanggap, nangangailangan ng rebisyon, o hindi tanggap. Ang mga manuskrito na pumasa sa lupon ng mga editor ay uusad para sa blind peer-review ng mga referee na binubuo ng dalawa o higit pa, kung kinakailangan. Ang mga referee na susuri ng mga manuskrito ay pinili batay sa kanilang kakayahan at kasanayan sa disiplina o anyong pampanitikan.

Refereeing Process:

The ***Daluyan*** Journal publishes original articles that have gone through a rigorous double-blind peer-review process. Papers submitted to the journal for publication consideration undergo an initial editorial review by editor-in-chief, issue, and managing editor. At this stage papers can be accepted, for revision or rejected. Papers that are favorably reviewed move forward to the blind peer review process. Referees or reviewers are selected based on their publication history and expertise in the field where the article or manuscript seeks to make a contribution.

Tanggapan/Office:

Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman

3/F, Linangan ng Maliliit na Industriya (ISSI), Virata Hall, E. Jacinto St., Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon 1101, Pilipinas

Telepono blg.: +632-8924-4747 at +632-8981-8500 lok. 4583 Email: daluyan.swf.upd@up.edu.ph.

Karapatang-ari © 2024 ng Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng journal ito ay hindi maaaring kopyahin o sipiin, sa anumang porma o anyo, elektroniko man o limbag, nang walang opisyal at pormal na pahintulot mula sa Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman.

Copyright © 2024 by the Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman

All rights reserved. Any part of this journal may not be copied or quoted, in any form whether electronic or printed, without official and formal permission from the Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman.

Lupon ng mga Editor
Board of Editors

Dr. Will P. Ortiz

Punong Editor

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Wennielyn F. Fajilan

Unibersidad ng Santo Tomas
Pilipinas

Amado Anthony G. Mendoza

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Mga Editor ng Isyu

Larry Boy B. Sabangan

Tagapamahalang Editor

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Internasyonal na Lupon ng mga Editor
International Board of Editors

Romulo P. Baquiran, Jr., PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Joi Barrios-LeBlanc, PhD
University of California Berkeley
USA

Rowena Cristina L. Guevara, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Ramon G. Guillermo, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Emmanuel M. Luna, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Fidel R. Nemenzo, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

So Obata, PhD
University of Shizuoka
Shizuoka, Japan

Dina Joana Ocampo-Cristobal, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Masanao Oue, PhD
Osaka University
Osaka, Japan

Victor Paz, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rogelia Pe-Pua, PhD
University of New South Wales
Australia

Epifanio San Juan, Jr., PhD
Philippine Cultural Studies Center
Connecticut, USA

Sachi Takahata, PhD
University of Shizuoka
Shizuoka, Japan

Nicanor G. Tiongson, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rolando B. Tolentino, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Tereso S. Tullao, Jr., PhD
Pamantasan De La Salle
Pilipinas

Galileo S. Zafra, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Pagsasaling Audio-Visual sa Pagtatagpong Sosyo-Kultural ng Pilipinas at Cambodia

NELL B. BUENAVENTURA

Dalumat ng Varayti ng Filipino ng mga Mag-aaral: Mekus-mekus sa Isyung Pangwika

MARIA FE GANNABAN - HICANA

Mga Teknik sa Pagsasalin (Translation Techniques) ng mga Culture-Specific Item
sa Salin ng *Noli Me Tangere* sa Bahasa Indonesia

ELIEZAR IÑIGO

Panimulang Pagsasalin sa Mga Pangunahing Transaksiyonal na Pormularyong Pambarangay
Gamit ang Proseso at Teorya ni Newmark

VYRON M. ENRIQUEZ



Daluyan
Journal ng Wikang Filipino



SENTRONG WIKANG FILIPINO
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON

